

## Talaan ng Nilalaman

	MULA SA QUR'AN / HADITH	BALARILA	PAHINA BLG.
	Mahalagang Mga Alituntunin		2
	Pagpapakilala sa Akademya		4
	Paunang Salita		6
1.	Panimula sa Kurso	هُوَ، هُمْ، ...	8
2.	Surah Al-Fatihah (Berso 1 – 3)	هُوَ مُسْلِمٌ، هُمْ مُسْلِمُونَ، ...	12
3.	Surah Al-Fatihah (Berso 4 & 5)	رَبُّهُ، .. رَبُّهُمْ	18
4.	Surah Al-Fatihah (Berso 6 & 7)	دِينُهُ، ...، كِتَابُهُ، .. هِيَ، رَبُّهَا...	22
5.	Layunin sa Paghahayag ng Qur'an	لِ، مِنْ، عَنْ، مَعَ	27
6.	Ang Qur'an ay Madali	بِ، فِي، عَلَى، إِلَى	32
7.	Paano ito matututunan?	هَذَا، هُوَ، ذَلِكَ، أُولَئِكَ	37
8.	Surah Al-'Asr	فَعَلٌ، فَعَلُوا، فَعَلْتِ، فَعَلْتُمْ، فَعَلْنَا	42
9.	Surah An-Nasr	يَفْعَلُ، يَفْعَلُونَ، تَفْعَلُ، تَفْعَلُونَ، أَفْعَلُ، نَفْعَلُ	49
10.	Surah Al-Ikhlâs	إِفْعَلُ، إِفْعَلُوا، لَا تَفْعَلُ، لَا تَفْعَلُوا	56
11.	Surah Al-Falaq	فَاعِلٌ، مَفْعُولٌ، فِعْلٌ	61
12.	Surah An-Naas	فَتَحٌ، جَعَلَ	67
13.	Surah Al-Kaafiroon	نَصَرَ، خَلَقَ، رَزَقَ، ذَكَرَ	72
14.	Azan at Wudoo	عَبَدَ، دَخَلَ، كَفَرَ	79
15.	Panimulang Pagdarasal, Ruku, Sujood	صَرَبَ، ظَلَمَ، صَبَرَ، غَفَرَ	88
16.	Tashah-hud	سَمِعَ، عَلِمَ، عَمِلَ، رَحِمَ	96
17.	Pagdarasal para sa Propeta (snak)	وَعَدَ، وَجَدَ، وَلَدَ	103
18.	Pangwakas na Pagdarasal	قَالَ، قَامَ	111
19.	Pagdarasal Pagkatapos ng Salam	كَانَ، تَابَ	116

## **Mahalagang Mga Alituntunin**

### **Ilang mga alituntunin para sa mabisang paggamit sa kursong ito:**

- Dapat ay nababasa mo ang Arabikong teksto ng Qur'an upang magamit ang kursong ito.
- Ang kursong ito ay lubusang interaktibo kaya marapat na iyong sanayin ang naririnig/napapagaralan mo.
- Hindi problema kung ikaw man ay magkamali. Walang sinuman ang natututo nang hindi muna nagkakamali.
- Ang higit na nagsasanay ay higit na natututo kahit na siya ay nagkakamali.
- **Tandaan ang ginintuang tuntunin:**

**Naririnig ko, nakakalimutan ko. Nakikita ko, natatandaan ko. Isinasagawa ko, natututunan ko. Itinuturo ko, nauunawaan kong lubos.**

- Tandaan ang tatlong antas ng pagkatuto:
  - Sa pakikinig nang hindi nagbibigay ng atensyon. tanging ingay ang iyong maririnig.
  - Sa pakikinig nang padalos-dalos o may pagaalinlangan, ang Shaytan ay maaaring lumikha ng mga alinlangan tungkol sa kakayahan mong matuto!
  - Sa interaktibong pakikinig, pakikinig gamit ang PUSO, mabilis mong matutugunan ang mga paksa.
- Ang bawat aralin ay sinusundan ng Balarila. Ang mga nilalaman ng Balarila ay hindi direktang konektado sa pangunahing aralin sapagkat magiging kumplikado ang kurso at maaaring mangailangan ng hiwalay na pagtuturo sa Balarila bago pa natin maumpisahan ang pagaaral sa mga Surah. Ang seksyon ng Balarila ay lumilinang sa iyong Arabikong Balarila kahanay ng bokabularyong natututunan mo sa pangunahing aralin. Pagkatapos ng ilang aralin, makikita mo ang pakinabang ng pagkatuto ng Balarila habang inaaral ang mga Surah o Azkar.

**HUWAG MONG KALILIMUTAN ANG SUMUSUNOD NA 7 TAKDANG-ARALIN. Ito ay ang mga:**

### **Dalawa para sa Tilawat:**

1. Hindi bababa sa LIMANG minutong pagbigkas ng Qur'an mula sa Mushaf.
2. Hindi bababa sa LIMANG minutong pagbigkas ng Qur'an mula sa memorya habang naglalakad, nagluluto, at iba pa.

### **Dalawa para sa pagaaral:**

3. Hindi bababa sa SAMPUNG minutong pag-aaral sa aklat na ito, para sa mga nagsisimula.
4. 30 segundong pagaaral sa Librito ng Talasalitaan, mas makabubuti kung bago o pagkatapos ng bawat Salah o sa anumang iba pang angkop na agwat. Magbigay ng pangako sa Allah na palagi mong dadalhin ang Librito ng Talasalitaan hanggang sa matapos mo ang kursong ito.

### **Dalawa para sa pakikinig at pakikipagusap sa iba:**

Pakikinig sa isang *mp3 file* o *tape* na naglalaman ng

5. Pakikinig sa isang *mp3 file* o *tape* na naglalaman ng mga pagsasalaysay ng Qur'an na may literal na kahulugan. Maaari mo itong pakinggan sa iyong sasakyan habang nagmamaneho at sa iyong bahay habang gumagawa ka ng mga gawaing-pambahay. Maaari ring ikaw mismo ang mag-rekord sa nilalaman ng kursong ito at pakinggan ito nang pauli-ulit.

6. Pakikipagusap nang hindi bababa sa isang minuto bawat araw sa iyong mga kapamilya, kaibigan o kasamahan tungkol sa aralin na iyong natutunan.

**Ang nalalabing isa para sa paggamit nito:**

7. Pagbigkas sa huling 10 Surah nang halinhinan sa Sunan at Nawafil ng arawang Salah. Ito ay upang matigil ang kagawiang pagbigkas sa parehong mga Surah nang paulit-ulit sa iyong arawang Salah.

Dalawang karagdagang takdang-aralin ang inirerekomenda rin. Ang nakapaloob dito ay mga panambitan lamang:

- (i) Para sa iyong sarili رَبِّ زِدْنِي عِلْمًا; at
- (ii) Para sa iyong mga kaibigan, “Nawa ang Allah ay tulungan tayo at sila sa pagaaral sa Qur’an.”

Ang pinakamainam na paraan upang matuto ay ang magturo, at ang pinakamainam na paraan upang maturuan ang isang tao ay ang gawin siyang isang guro.

## **TUNGKOL SA UNDERSTAND AL-QUR'AN ACADEMY**

Ang sumusunod ay isang maikling pagpapakilala sa akademya.

### **PANANAW NG AKADEMYA**

- Akayin ang mga Muslim pabalik sa Qur'an at makatulong sa pagpapalaki ng henerasyong bumibigkas, nakakaintindi, isinasagawa, at ipinapabatid ang Qur'an sa iba. Ang layunin ay hindi upang makabuo ng mga pantas ng Qur'an. Alhamdulillah, maraming institusyon na ang gumagawa ng ganitong trabaho. Ang layunin ng akademya ay maipaintindi sa mga ordinaryong Muslim ang mahalagang mensahe ng Qur'an at Ahadith.
- Kami ay nagsusumikap sa paggamit ng mga bagong pamamaraan sa pagtuturo upang ang proseso ng pag-aaral ay maging madali at simple.
- Upang ipakita ang Qur'an bilang ang pinaka-interesante, ang pinaka-nauugnay na libro para sa mga pang-araw-araw na gawain pati na rin ang pinaka-mahalagang aklat para magtagumpay sa buhay na ito pati na rin sa kabilang-buhay.

### **LAYUNIN NG AKADEMYA**

- Ituro ang wikang Arabik upang maunawaan ang Qur'an sa pinakamadaling posibleng paraan. Tatlong iba't ibang mga paraan ang binubuo para sa tatlong iba't ibang mga pangkat: (1) bata, (2) kabataan, at (3) ang matandang populasyon.
- Gumawa ng mga kasangkapan at kaparaanan para sa paglikha ng isang kapaligiran ng pagkatuto.

### **KATWIRAN PARA SA PAGGAWA NITO**

- Halos (90%) siyanmapung porsyento ng mga hindi Arabong Muslim ay hindi nauunawaan ang kahit na isang pahina ng Qur'an. Kahit na alam nila ang ilang mga indibidwal na salita, hindi nila nauunawaan ang kabuuan ng mga pangungusap. Ito ang pinaka-binabasang aklat sa buong mundo ngunit ito rin ang isa sa pinaka-hindi nauunawaan!
- Lubhang kailangan at kagyat na maituro ang Qur'an nang may pag-unawa sa kasalukuyang henerasyon dahil sa dalawang salik: (1) ang mabangis na paglusob ng materyalismo at kalaswaan sa medya; (2) ang mga pag-atake sa Islam, ang Qur'an, at ang Propeta (snak).
- Sa sandaling maituro namin ang Qur'an kasama ang Hadith at Seerah, ang ating henerasyon InshaAllah ay magagawang (1) maiwasan ang pagkakamali, ma-i-reporma ang kanilang mga buhay at insha'Allah magsilbing positibong halimbawa sa sangkatauhan ang kanilang mabubuting gawain; (2) maging mabisa sa pagtugon sa mga maling kuro-kuro tungkol sa Islam at sundin ang tagubilin ng Qur'an na "imbitahan nang may karunungan at magandang pangangaral ang lahat tungo sa daan ng iyong Panginoon."

### **PLANO NG AKADEMYA**

Ang aming pangmatagalang layunin ay maabot ang 1.3 bilyong hindi Arabong Muslim at sa pamamagitan nila ay maihatid ang mensahe ng Qur'an sa buong sangkatauhan. Ang kasalukuyang plano ay nangangailangan ng pagsasalin sa mga kurso ng 'Unawain ang Qur'an' sa sampung pinakamahalagang wika sa mundo ng mga Muslim.

### **PAMAMARAAN SA PAGTUTURO**

Mayroong dalawang mahalagang aspeto sa paghahayag ng anumang uri ng kaalaman sa iba; ito ay ang pagganyak at kapamaraan. Ang mga berso ng Qur'an, Ahadith, mga kuwento, mga halimbawa at iba pang mga payo ay ginagamit upang ganyakin ang mga mag-aaral. Ang mensahe ng Qur'an kasama ang Balarilang Arabik ay itinuturo naman sa isang mabisa at makabagong paraan sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng *power point slide* at madaling gamiting mga aklat-aralin, aklat-sanayan, *poster*, mga laro at kartelon ng bokabularyo. Ang mga pinakabagong ideya hinggil sa pakikipag-ugnayan sa tao tulad ng NLP ay ginamit din dito.

## ANG DALAWANG HAKBANG NA PARAAN SA PAG-UNAWA SA PANGUNAHING MENSAHE NG QUR'AN

Kami ay nagpanukala ng dalawang hakbang na paraan sa pag-unawa sa pangunahing mensahe ng Qur'an:

- **KURSO-1:** Ikaw ay matututo ng humigit-kumulang 125 mga bagong salita na ginamit sa Qur'an nang higit sa 40,000 beses.
- **KURSO-2:** Ikaw ay matututo ng karagdagang 140 mga bagong salita na ginamit sa Qur'an nang higit sa 15,000 beses.

Ang bawat kurso ay maaaring ituro sa loob ng (10) sampung oras. Samakatwid, ang 70% ng mga salita sa Qur'an ay maaaring matutunan sa loob ng (20) dalawampung oras na pagtuturo! Pagkatapos nito, ang pag-unawa sa Qur'an ay magiging lubhang madali. Sa isang karaniwang linya ng Qur'an, maaaring kailanganin mo lamang alamin ang dalawa o tatlong mga bagong salita.

## KASAYSAYAN NG KARANASAN

Ang gawaing ito ay nagsimula noong 1990. Ilan sa mga mahahalagang pangyayaring naganap ay nabanggit sa ibaba.

1996 Pagkakatathala sa librong: *Easy Dictionary of the Qur'an* (isinalin mula sa Urdu)

1998 Ang *website* na [www.understandquran.com](http://www.understandquran.com) ay inilunsad.

2000 Pagkakatathala sa libritong: *80% of Qur'anic words*

Pagkakatathala sa libritong: *A Few Selected Verbs Used in the Qur'an*

2004 Pagkakatathala sa librong: *Unawain ang Qur'an – Sa Madaling Paraan (Antas – I)*

2005 Sinimulan ang pagtuturo sa Kurso-1 at Kurso-2

## MAPAGKUMBABANG KAHILINGAN

Ang sugo ng Allah (SWT) ay nagsabing: "Maghatid, mula sa akin, ng kahit na isang taludtod lamang." Hinihiling namin sa inyo na maging bahagi ng marangal na misyong ito sa bawat posibleng paraan. Tayo ay bumuo ng isang malakas na pangkat na magsasagawa sa marangal na gawaing ito.

Hinihiling namin sa Allah na tanggapin ang aming mapagpakumbabang pagsisikap at protektahan tayo mula sa lahat ng uri ng mga kasalanan kabilang ang pakunwaring kabanalan, pagmamataas, at pagpapasikat.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## PAUNANG SALITA

Ang lahat ng papuri ay sa Allah, at ang kapayapaan at biyaya ay mapasa-Kanyang sugo, si Muhammad.

Ang Propeta (snak) ay nagsabing: “Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong natututo ng Qur’an at naituturo ito (sa iba).” Sa kabila ng pangaral na ito ng Propeta (snak), sa ngayon ay nasa halos 90% ng mga hindi Arabong Muslim ang hindi nakakaunawa sa kahit isang solong pahina ng Qur’an. InshaAllah, ang kursong ito ay tutulungan silang matutunan ang mga karaniwang binibigkas sa Salah pati na rin ang mga saligan ng Balarilang Arabik na magiging malaking tulong sa pag-uunawa sa Qur’an.

Isa sa mga pinaka-tatanging tampok ng kursong ito ay ang pagkakabatay nito sa mga karaniwang binibigkas imbes na sa mga pagpipiliang bihirang ginagamit sa pang-araw-araw na buhay. Likas lamang na simulan ang pagtuturo ng Arabik gamit ang mga ito. Mayroong ilang mga bentahe sa paraang ito:

- Ang isang Muslim ay umuulit nang halos 150 hanggang 200 na salitang Arabik o humigit-kumulang na 50 pangungusap araw-araw sa Salah. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga pangungusap na ito, siya ay magiging pamilyar sa balangkas ng wikang Arabik nang walang anumang mga espesyal na pagsisikap.
- Siya ay magkakaroon ng ginintuang pagkakataon na magsanay araw-araw sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Allah.
- Siya ay magsisimulang mapagtanto ang mga benepisyo mula sa unang aralin mismo.
- Siya ay agad na makakaramdam ng pagbuti ng kanyang Salah sa mga tuntunin ng atensyon, konsentrasyon, at pagkagiliw sa Allah.

Isa pang mahalagang katangian ng kursong ito ay ang paraan ng pagtuturo ng Balarilang Arabik. Dahil ang pakay ng kursong ito ay upang matulungan silang maunawaan ang Qur’an sa pamamagitan ng pagsasalin, mas maraming pansin ang ibinigay ng kursong ito sa "Tasreef" (pagbuo ng salita mula sa isang ugat). Isang bago at simple ngunit mabisang pamamaraan ng TPI (*Total Physical Intercation* o Lubusang Pisikal na Pakikipag-ugnayan) ang ipinakilala upang maituro ang iba’t-ibang anyo ng pandiwa, pangngalan, at panghalip. Mangyaring tandaan na ito ay isang panimulang kurso at tiyak na maaari mo nang mabasa ang mga nanungunang aklat sa Balarilang Arabik sa mga kasunod na panahon.

Sa pagtatapos ng kursong ito, ikaw ay matututo ng 125 na salitang nabanggit sa Qur’an nang higit sa 40,000 beses (mula sa humigit-kumulang 78,000 na mga salita). Sa madaling salita, malalaman mo ang halos 50% ng mga salita sa Qur’an. Hindi ito nangangahulugan na mauunawaan mo ang 50% na kahulugan ng Qur’an dahil maaari ka pa ring makasalubong ng mga bagong salita sa halos bawat taludtod. Gayunpaman, ang pag-unawa sa Qur’an ay magiging lubhang madali matapos ang kursong ito.

Naituro na ni Dr. Abdulazeez ang kursong ito sa mga sumusunod na bansa:

- INDIA: Sa mga pangunahing lungsod ng India kabilang ang Hyderabad, Madras, Mumbai, Bangalore, Delhi, Pune, Aurangabad, Azamgarh, Baraily, Bidar, atbp.
- SAUDI ARABIA: Sa Makkah Mukarramah (dalawang beses), Jeddah, Riyadh, Dammam, Al-Khobar, Khafji, at Abha.
- GULF STATES: Maraming beses sa Bahrain, Dubai, at Kuwait.
- ENGLAND: Sa London, Riding, Manchester, Birmingham at Edinburgh.
- SOUTH AFRICA: Sa Durban, ang lungsod ni Shaikh Ahmed Deedat, at sa Pretoria.

Ito rin ay itinuturo sa maraming bansa ng mga taong natuto mula sa kanilang mga sariling sikap o mula kay Dr. Abdulazeez Abdulraheem. Kabilang sa mga bansang ito ay ang US, Canada, UK, Pakistan, Sweden, Ivory Coast, Malaysia, Indonesia, Germany, France, atbp.

**Mga Pagsasalin ng Kurso:** Ang kursong ito ay naisalin na sa Urdu, Bengali, Turkish, French, Spanish, Indonesian, Chinese, Bosnian, Portuguese, Hindi, Malayalam, Tamil, at Telugu.

**Sa telebisyon:** Ang kursong ito ay naipalabas na sa *Peace TV Global Network Channel* at sa *International ETV Urdu channel*. Ang mga lokal na *TV channel* ng Hyderabad tulad ng *Channel 4* at iba pa ay naipalabas na rin ito sa kapanahunan ng Ramadan.

**Sa Internet ([www.understandquran.com](http://www.understandquran.com)):** Libu-libong tumanggap ng *email* mula sa US, Canada, UK, Turkey, Malaysia, Indonesia, Bangladesh, South Africa, at sa daan-daan pang mga bansa ang nakinabang sa Kurso-1. Ang *website* ay binibisita ng sampu-sampung libong tao bawat buwan. Ang *site* ay kabilang sa mga nakalista sa taas, kadalasan ay nasa una, ng Google kapag naghanap ka gamit ang mga salitang “*Learn Qur’an*,” “*Understand Qur’an*,” o “*Qur’anic Arabic*.” Ang mga tao sa iba’t ibang bansa tulad ng US, Canada, UK, atbp ay nagsimula nang ialok ito sa kanilang mga pagtitipon. Itinuturing itong isa sa mga pinaka-sikat na *website* para sa pagtuturo ang kahulugan ng Qur’an sa buong mundo.

InshaAllah, matatanto mong ang kursong ito ay madali, kawili-wili, at mabisa sa mga tuntunin ng pag-aaral. Hinihiling namin sa iyo na ipakilala ang kursong ito sa bawat mosque, paaralan, madrassah, organisasyon, purok, at pamilya na kilala mo upang maumpisahan sa Ummah ang pagkahilig sa pag-unawa sa Salah pati na rin sa Qur-an.

Mangyaring tandaan na ang mga panaklong "(")" sa pagsasalin ay ipinapahiwatig ang mga idinagdag na salita para sa mas mahusay na pag-unawa. Ang mga kuwadradong panaklong "[]" sa pagsasalin ay ginagamit para sa mga salitang Arabik na hindi isinalin sa Ingles. Ang mga ito ay ginagamit din para sa pagpapakita ng mga sanggunian mula sa Qur'an o Hadith.

Nawa’y patawarin ng Allah ang aming mga pagkakamali. Mangyaring ipaalam sa amin kung may makita kayo upang sa gayon ang aming mga susunod na edisyon ay malaya mula sa pagkakamali.

Abdulazeez Abdulraheem ([abdulazeez@understandquran.com](mailto:abdulazeez@understandquran.com))

Nobyembre 24, 2010.

Pagkatapos makumpleto ang araling ito, ikaw ay matututo ng **6 na bagong** salita, na nabanggit nang **1295** beses sa Qur'an.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## ARALIN-1: PANIMULA

### LAYUNIN NG CORSO:

- Upang gawing mas madali ang pag-unawa sa Qur'an
- Upang mabisang makapagsimba ng Salah at maani ang epekto nito sa ating buhay
- Upang mahimok ka na muli't muling bigkasin ang Qur'an nang may pag-unawa
- Upang makatulong sa pakikipag-ugnayan sa Qur'an, alalaong baga'y kung paano ito ipapasok sa ating mga buhay
- Upang makalikha ng isang diwa na gumawa para sa kabutihan

### PAG-UNAWA SA QUR'AN VS PAG-AARAL NG WIKANG ARABIK:

May tatlong espesyal na katangian ang kursong ito:

1: Magsisimula tayo sa Salah dahil gumugugol tayo ng halos isang oras sa pagsasagawa ng 5 pagdarasal.

2: Magtutuon tayo ng atensyon sa pakikinig at pagbabasa sapagkat binibigkas at pinakikinggan natin ang Qur'an araw-araw.

3: Mas magtutuon tayo ng atensyon sa talasalitaan dahil ito ang likas na paraan kung paano natututo ang isang bata.

### BALARILA:

Sa araling ito ay matututo tayo ng 6 na salita: **هُوَ، هُمْ، أَنْتَ، أَنْتُمْ، أَنَا، نَحْنُ**. Ang anim na salitang ito ay nabanggit nang **1295 beses** sa Qur'an! Pag-aralan ang mga salitang ito gamit ang TPI (*Total Physical Intercation* o Lubusang Pisikal na Pakikipag-ugnayan), iyon ay ang paggamit sa lahat ng iyong pandama. Ito ay iyong pakinggan, tingnan, pag-isipan, sabihin, at ipakita. Siguraduhin mo na hindi mo ito ipagsasawalang-bahala at gawin ang pagsasanay na ito nang may buong atensyon at pagmamahal.

1. Kapag sinabi mong **هُوَ** (Siya), ituro ang hintuturo ng kanang kamay sa iyong kanan na parang ang taong iyon ay nakaupo sa bandang kanan mo. Kapag sinabi mong **هُمْ** (Sila), ituro ang apat na daliri ng iyong kanang kamay sa iyong kanan. Sa isang klase, ang guro at estudyante ay dapat na parehong gawin ang pagsasanay na ito.
2. Kapag sinabi mong **أَنْتَ** (Ikaw), ituro ang hintuturo ng kanang kamay sa iyong harapan na parang itinuturo mo ang isang taong nakaupo sa harapan mo. Kapag sinabi mong **أَنْتُمْ** (Kayo), ituro ang apat na daliri sa iyong harapan. Sa isang klase, ang guro ay dapat na ituro ang kaniyang mga daliri sa kaniyang mga estudyante at ang mga estudyante naman ay dapat na ituro ang kanilang mga daliri sa kanilang guro.
3. Kapag sinabi mong **أَنَا** (Ako), ituro ang hintuturo ng kanang kamay sa iyong sarili. Kapag sinabi mong **نَحْنُ** (Kami), ituro ang apat na daliri ng iyong kanang kamay sa iyong sarili



	<b>Siya</b> هُوَ <sup>481</sup>	isa. (isahan)	Ikatlong panauhan
	<b>Sila</b> هُمْ <sup>444</sup>	mar. (maramihan)	
	<b>Ikaw</b> أَنْتَ <sup>81</sup>	isa. (isahan)	Ikalawang panauhan
	<b>Kayo</b> أَنْتُمْ <sup>135</sup>	mar. (maramihan)	
	<b>Ako</b> أَنَا <sup>68</sup>	isa. (isahan)	Unang panauhan
	<b>Kami / Tayo</b> نَحْنُ <sup>86</sup>	dal. (dalawahan) mar. (maramihan)	

## Aralin 1: Pambungad

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

T1: Gaano karaming mga salita at salitang-ugat mayroon ang Qur'an?

Sag:

T2: Anu-ano ang mga layunin ng kursong ito?

Sag:

T3: Anu-ano ang mga pakinabang na ating makukuha sa kursong ito sa pamamagitan ng pagsisimula sa Salah ?

Sag:

T4: Sa kursong ito, mas binigyang pansin ang talasalitaan higit sa Balarila! Bakit?

Sag:

T5: Sa pagbigkas at pakikinig o sa pagsusulat at pagsasalita ba ng wikang Arabik nakatuon ang kursong ito? Bakit?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 1

**T1: Punan ang mga patlang ng نَحْنُ، أَنَا، أَنْتُمْ، أَنْتَ، هُوَ، هُمْ، أَنْتَ، هُوَ nang hindi bababa sa 3 beses.**

			Pagsasalin	Bilang عدد	Panauhan
			<b>Siya</b>	isa. واحد	<b>Ikatlo</b> غائب
			<b>Sila</b>	mar. جمع	
			<b>Ikaw</b>	isa. واحد	<b>Ikalawa</b> حاضر
			<b>Kayo</b>	mar. جمع	
			<b>Ako</b>	isa. واحد	<b>Una</b> متكلم
			<b>Kami</b>	mar. جمع dal. مثنى	

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

(فَ = kaya/sa gayon, وَ = at)

فَهُوَ = فَ + هُوَ	Kaya siya
فَأَنْتَ	
وَهُمْ	
فَأَنَا	
وَنَحْنُ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

Kaya sila	
At kayo	
Kaya kami	
At siya	
Kaya ikaw	

Pagkatapos makumpleto ang 2 aralin, ikaw ay matututo ng **14 na bagong** salita, na nabanggit nang **4511** beses sa Qur'an.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## 2. SURAH AL-FATIHAH (Berso 1-3)

Sa unang hanay ng talahanayan sa ibaba ay ibinigay ang tekstong Arabik. Ang ikalawang hanay ay naglalaman ng salita-sa-salitang pagsasalin. Ito ay sinundan ng pagpapaliwanag sa mga salita sa ikatlong hanay, at ang ikaapat na hanay ay ang payak na pagsasalin mula sa tekstong Arabik. Bigkasin mo muna nang kompleto ang tekstong Arabik, tapos ay basahin mo ang bawat salita kasama ang kanilang isinaling kahulugan, at sa huli ay basahin mo nang buo ang pagsasalin ng buong teksto.

Sa tuwing binibigkas natin ang Qur'an, dapat ay binibigkas din natin ang sumususunod:

2702		88					
أَعُوذُ		بِاللَّهِ		مِنَ الشَّيْطَانِ		الرَّجِيمِ .	
<b>Ako ay nagpapakupkop</b>		<b>sa Allah</b>		<b>Mula kay Satan,</b>		<b>ang itinakwil.</b>	
Kaligtasan ang unahin; 'Buckle up'; katawagan sa paggamit ng <i>seat belt</i> sa mga sasakyan upang maging ligtas Humingi ng proteksyon.		بِ	الله	mula sa/kay: مِنْ Mahigit 3000 beses sa Qur'an		Sa tingin mo ba ay malapit ang Shaitan sa pagpapala ng Allah? Siya ay itinanggi; itinakwil; inilayo mula sa pagpapala ng Allah.	
		sa	Allah				
<b>Pagsasalin:</b> Ako ay nagpapakupkop sa Allah mula kay Satan, ang itinakwil.							

- Una mong damhin ang kawalang-kapanatagang dulot ng mga paglusob ng Shaitan. Parati siyang bumubulong at sumusulol sa atin upang suwayin ang Allah.
- Maging masaya at magkaroon ng pag-asa pati na rin ng takot kapag nababanggit ang Allah.
- Ang Allah ay nasa kaitaasan ng kalangitan ngunit napakalapit Niya sa atin. Maging ang ating iniisip ay alam niya.
- Damhin mo ang presensya ng Shaitan at ang dalawang anghel na palagi nating kasama.
- Hindi natin matatamaan ang Shaitan, hindi rin natin siya mapapatay o makukumbinsi na maging mabuti. Palagi niyang susubukan na tayo ay ilayo mula sa Allah. Ang tanging solusyon ay ang bigkasin ang nasa itaas.
- Bakit nabanggit ang *Rajeem*? Nang sa gayon ay palagi nating maisaisip ang kaniyang kalagayan. Ang *Rajeem* na ito ay nais tayong mapasunod at maging katulad niya.

Ngayon ay umpisahan natin ang Surah Al-Fatihah.

39		57		182			
بِسْمِ		اللَّهِ		الرَّحْمَنِ		الرَّحِيمِ	
<b>Sa ngalan</b>		<b>(ng) Allah,</b>		<b>ang Pinakamahabagin,</b>		<b>ang Pinakamaawain.</b>	
بِ	إِسْمِ	Ang pangalan ng ating tagapaglikha ay <u>ALLAH</u> . Ang ibang mga pangalan tulad ng Raheem, Rabb ay mga katangian.		Ang mga ganitong uri ng salita ay nagpapakita ng kasidhian. Labis na nauuhaw عَطْشَان Labis na nagagalit غَضَبَان Labis na nagugutom جَوْعَان Labis na maawain رَحْمَان		Ang mga ganitong uri ng salita ay nagpapakita ng pagtutuloy-tuloy· Maganda جَمِيل May mabuting asal كَرِيم Palaging maawain الرَّحِيم	
Sa	Ngalan						
<b>Pagsasalin:</b> Sa ngalan ng Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.							

- Ang pangalan ng Allah ay puno ng mga pagpapala. Sa pamamagitan ng pag-alala sa kaniya, tayo ay inaalala rin Niya. Kapag inaalala Niya tayo, hindi na tayo dapat pang mabahala sa mga kahahantungan hangga't ginagawa natin ang ating trabaho.
- Isipin mo ang mga kagandahang-loob, biyaya, pagmamahal, at kabutihan ng Allah sa iyo.
- Damhin mo ang tuloy-tuloy na pagpapala sa iyo ng Allah maging sa iyong pagtulog.
- Manalig ka nang lubos at magkaroon ng pag-asa habang binibigkas mo ang Bismillah sa umpisa ng kahit na ano; Iyong damhin na Siyang Labis na Maawain at Palaging Maawain ay parati mong kasama.

43 الْحَمْدُ	لِلَّهِ	رَبِّ	73 الْعَالَمِينَ ﴿٢﴾										
<b>Ang lahat ng kaluwalhatian at pagpupuri</b>	<b>ay kay Allah</b>	<b>ang Panginoon</b>	<b>ng lahat ng mga daigdig</b>										
Dalawang kahulugan ng ح:مَدُّ Lahat ng kaluwalhatian at pagpupuri	<table border="1"> <tr> <td style="text-align: center;">لِ</td> <td style="text-align: center;">اللَّهِ</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Para</td> <td style="text-align: center;">Allah</td> </tr> <tr> <td colspan="2" style="text-align: center;">ay kay Allah</td> </tr> </table>	لِ	اللَّهِ	Para	Allah	ay kay Allah		Nag-aalaga sa atin at tumutulong sa atin upang umunlad. Bawat selula ng bilyun-bilyong selula.	<table border="1"> <tr> <td style="text-align: center;">daigdig</td> <td style="text-align: center;">عَالَمٌ</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">mga daigdig</td> <td style="text-align: center;">عَالَمِينَ</td> </tr> </table>	daigdig	عَالَمٌ	mga daigdig	عَالَمِينَ
لِ	اللَّهِ												
Para	Allah												
ay kay Allah													
daigdig	عَالَمٌ												
mga daigdig	عَالَمِينَ												
<b>Pagsasalin:</b> Ang lahat ng kaluwalhatian at pagpupuri ay kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig													

- Purihin mo Siya sa iyong puso, na Siya ang Pinakadakila, ang Pinakamaawain, atbp.
- Pasalamatan mo Siya para sa mga biyaya. Mag-isip ka ng kahit ano. Ibinigay Niya sa iyo ang kaligtasan, ang pagkain na kinakain mo, at ang pagkakataon na makapagdasal sa Kanya, atbp.
- **Ipagpalagay at damhin** mo ang Kaniyang Kadakilaan. Siya ang Rabb ng mundo ng mga tao, ng mga anghel, ng mga Jinn, ng mga kalawakan, at ng iba pang alam ng Allah. **Maghalaga:** Ilang beses akong naimpluwensiyahan ng mundong ito at nakalimutan kong sabihing “Ang lahat ng papuri ay nararapat sa Allah”? Ilang beses ko siyang naalala at napasalamatan?

الرَّحْمَنِ	الرَّحِيمِ ﴿٣﴾
<b>Ang Pinakamahabagin</b>	<b>Ang Pinakamaawain</b>
<b>Pagsasalin:</b> Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain	

- Ang mga salitang ito ay naipaliwanag na sa *Bismillah*.
- Ang Allah ay labis na Maawain. Kasabay niyon, ang Kaniyang Awa ay tuloy-tuloy rin.
- **Damhin** ang Kaniyang Awa sa iyo sa pamamagitan ng kaniyang mga biyaya sa kabila ng pagsuway sa Kaniya ng ilan sa atin.
- Maging maawain ka sa iyong pamilya, mga kaibigan, mga kapitbahay, at mga katrabaho. Gawin mo ito ngayon at sa bawat araw na marinig o mabigkas mo ang bersong ito. Ang Propeta (snak) ay nagsabing: “Siya na hindi magpakita ng awa sa iba ay hindi rin pakikitaan ng awa (ng Allah).” [Bukhari].

**BALARILA:** Sa Arabik, ang isang salita ay maaaring maging isa sa tatlong uri:

1. **اسم** (Pangngalan): Pangalan (Hal: **مَكَّة**, **كِتَاب**) o katangian (Hal: **مُؤْمِن**, **مُسْلِم**)
2. **فِعْل** (Pandiwa): Nagpapakilala sa kilos (Hal: **نَصَرُوا**, **فَتَحَ**)
3. **حَرْف** (Letra): Nagdurugtong sa pangngalan at/o pandiwa (Hal: **لِ**, **مِنْ**, **فِي**, **بِ**, **إِنَّ**)

Kumuha tayo ng ilang mga pangngalan at pag-aralan natin kung paano gagawing pang-maramihan ang kanilang anyo. Bawat wika ay may sariling paraan sa paghahayag ng anyong maramihan. Sa Ingles, nagdadagdag tayo ng “s” sa isahang pangngalan upang gawin itong maramihan. Sa Arabik, ang anyong maramihan ay nabubuo sa pamamagitan ng pagdadagdag ng **و ن** o **ي ن** sa dulo ng salita. May mga iba pang tuntunin sa pagbubuo ng anyong maramihan. Matutunan natin iyon mayamaya, InshaAllah.

Malakas nating bigkasin nang tatlong beses ang mga sumusunod.

Maramihan		Isahan
كَافِرُونَ ، كَافِرِينَ	←	كَافِرٌ
مُشْرِكُونَ ، مُشْرِكِينَ	←	مُشْرِكٌ
		<b>32</b>
مُنَافِقُونَ ، مُنَافِقِينَ	←	مُنَافِقٌ

Maramihan		Isahan
مُسْلِمُونَ ، مُسْلِمِينَ	←	مُسْلِمٌ
مُؤْمِنُونَ ، مُؤْمِنِينَ	←	مُؤْمِنٌ
صَالِحُونَ ، صَالِحِينَ	←	صَالِحٌ

Gamitin natin ang mga tuntuning natutunan natin mula sa huling aralin, at iyon ay, **هُوَ**, **هُم**, **أَنْتَ**, **أَنْتُمْ**, **أَنَا**, **نَحْنُ**.

Panghalip (may halimbawa)	Bilang	Panauhan
Siya ay isang Muslim. <b>هُوَ مُسْلِمٌ</b>	<i>isahan</i>	<i>Ikatlong panauhan</i>
Sila ay mga Muslim. <b>هُم مُسْلِمُونَ</b>	<i>Maramihan</i>	
Ikaw ay isang Muslim. <b>أَنْتَ مُسْلِمٌ</b>	<i>isahan</i>	<i>Ikalawang panauhan</i>
Kayo ay mga Muslim. <b>أَنْتُمْ مُسْلِمُونَ</b>	<i>Maramihan</i>	
Ako ay isang Muslim. <b>أَنَا مُسْلِمٌ</b>	<i>isahan</i>	<i>Unang panauhan</i>
Kami ay mga Muslim. <b>نَحْنُ مُسْلِمُونَ</b>	<i>Dalawahan; maramihan</i>	

Sa unang 3 beses, magsanay sa 6 na anyong ito nang may pagsasalin. Ipakita at sabihin ang: **هُوَ مُسْلِمٌ** Siya ay isang Muslim; **هُم مُسْلِمُونَ** Sila ay mga Muslim; atbp. Dahil ipapakita mo sa pamamagitan ng iyong kamay ang ibig mong sabihin, hindi mo na kailangang isalin pa ang mga ito pagkatapos ng

3 ulit.. Sabihin mo lang ، هُم مُسْلِمُونَ ، هُوَ مُسْلِمٌ atbp. Ito ang agarang pakinabang ng TPI kasama ng marami pang iba.

Ipagpatuloy ang mga hakbang na nabanggit nang hindi isinasalin ang mga salita. Sa limang minuto lamang na pagsasanay gamit ang TPI ang iyong pagkatuto nitong anim na pangungusap at nang marami pang iba ay lubos na mapapadali!!

Sa puntong ito, huwag mong alalahanin ang pag-aaral sa mga terminolohiya . Ang pagtuunan mo lamang ng pansin ay itong anim na pangungusap at ang kanilang kahulugan.

## Aralin 2: Surah Al-Fatihah (1-3)

T1: Isalin ang mga sumusunod.

الرَّحِيمِ .	مِنَ الشَّيْطَانِ	بِاللَّهِ	أَعُوذُ
الرَّحِيمِ 1	الرَّحْمَنِ	اللَّهُ	بِسْمِ
الرَّحِيمِ 3	الرَّحْمَنِ	الْعَلَمِينَ 2	رَبِّ
اللَّهُ	الْحَمْدُ		

T2: Ano ang dapat nating maramdaman habang binibigkas ang “Tawooz” “أَعُوذُ بِاللَّهِ”?

Sag:

T3: Magbigay ng mga halimbawa kung paano mo pupurihin ang Allah (maliban sa pagsasabi ng Alhamdulillah).

Sag:

T4: Ipaliwanag ang pagkakaiba ng kahulugan ng الرحمن at الرحيم?

Sag:

T5: Ang Allah ay panginoon ng mga daigdig. Magbigay ng tatlo pang ibang daigdig.

Sag:



## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 2

**T1: Batay sa mga halimbawang ibinigay para sa مُسْلِم, punan ang talahanayan para sa dalawa pang mga salita.**

صَالِح	مُؤْمِنٌ	مُسْلِم	عدد Bilang	Panauhan
		هُوَ مُسْلِمٌ	واحد. isa.	Ikatlo غائب
		هُمْ مُسْلِمُونَ	جمع. mar.	
		أَنْتَ مُسْلِمٌ	واحد. isa.	Ikalawa حاضر
		أَنْتُمْ مُسْلِمُونَ	جمع. mar.	
		أَنَا مُسْلِمٌ	واحد. isa.	Una متكلم
		نَحْنُ مُسْلِمُونَ	جمع. mar. مثنى. dal.	

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

(فَ= Kaya/sa gayon, وَ= at)

مِنَ اللَّهِ = مِنَ + اللَّهُ	Mula sa Allah
هُوَ رَبُّ	
فَهُوَ مُؤْمِنٌ	
فَاللَّهُ	
فَلِلَّهِ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

**Kaya silang lahat ay mga Muslim**

**At kami ay mga naniniwala**

**At ako ay nagpapakupkop**

**Kayo ay mga mabubuting tao**

**Siya ay nag-uugnay ng katambal sa Allah**



Pagkatapos makumpleto ang 3 aralin,  
ikaw ay matututo ng **18 bagong**  
salita, na nabanggit nang **5990**  
beses sa Qur'an.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

### 3. SURAH AL-FATIHAH (Berso 4-5)

﴿أعوذ بالله من الشيطان الرجيم﴾ ﴿بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ﴾

مَلِكٍ	يَوْمٍ	الدِّينِ ﴿٤﴾
<b>Pinuno</b>	<b>(ng) araw</b>	<b>(ng) Paghuhukom</b>
ملك : pinuno (mar. مَلَكٌ (مَلَائِكَةٌ) : anghel مَلِكٌ : hari	يَوْمُ الْجُمُعَةِ، يَوْمُ الْقِيَامَةِ Maramihang anyo ng يَوْمٍ ay أَيَّامٍ	Ang Deen ay may 2 kahulugan: 1. Pamamaraan ng buhay; 2. Paghuhukom
<b>Pagsasalin:</b> Ang pinuno ng Araw ng Paghuhukom.		

- Siya ang Pinuno ng lahat ng bagay kahit ngayon, ngunit binigyan Niya tayo ng ilang kapangyarihan sa mundong ito. Sa araw (Paghuhukom) na iyon, walang sinuman ang magkakaroon ng kahit anong kapangyarihan.
- Sinabi ng Allah sa Surah 'Abasa na sa araw na iyon ang bawat isa ay tatakas mula sa kaniyang kapatid, ina, ama, asawa, at anak. Magiging kakila-kilabot na araw iyon para sa mga gumawa ng kamalian.
- Ang Araw ng Paghuhukom ay isa sa mga pinakamahahalagang araw sa ating buhay. Halimbawa, sa loob ng isang taon sa paaralan, ang araw ng paglabas ng resulta ang pinakamahahalagang araw para sa isang estudyante.
- Ginawa niya tayong mga Muslim nang hindi hinihiling iyon; dahil sa Kaniyang awa. Ngayon ay hinihiling natin na ipagkaloob Niya ang Jannah. Kaya naman malakas ang pananalig natin na gagawin Niya iyon. Dapat tayong makaramdam ng katuwaan kapag naririnig natin ang bersong ito.
- Kasabay niyon, ang ating mga kasalanan ay dapat na magbigay takot sa atin at magtulak sa atin upang baguhin ang ating buhay mula sa oras ng pagdarasal na iyon.

إِيَّاكَ		نَعْبُدُ	وَإِيَّاكَ		نَسْتَعِينُ ﴿٥﴾
<b>Ikaw lamang</b>		<b>aming sinasamba</b>	<b>at ikaw lamang</b>		<b>aming hinihingan ng tulong.</b>
إِيَّا	كَ	sumamba: عِبَادَةٌ sumasamba: عَابِدٍ ang sinasamba: مَعْبُودٍ	وَ	إِيَّا	Upang makasamba o makagawa ng kahit ano, kailangan natin ng tulong ng Allah.
lamang	Ikaw		at	nag-iisa	
<b>Pagsasalin:</b> Ikaw lamang (ang) aming sinasamba at Ikaw lamang (ang) aming hinihingan ng tulong.					

- Ito ang hangarin ng isang Muslim! Ang layunin ng ating buhay ay ang sambahin ang Allah. Sinabi Niyang: Hindi Ko nilikha ang mga Jinn at ang mga tao maliban na sila ay sumamba sa Akin (51; 56).
- Ano ang pagsamba? Pagdarasal, pag-aayuno, pagbibigay ng limos, peregrinasyon, pag-aanyaya tungo sa Islam, pagbibigay ng mabubuting payo, pagpupunyagi upang maiwasan ang anumang ipinagbabawal sa Islam, atbp. Kahit ang pag-aaral, pagtatrabaho, paghahatid ng serbisyo sa iba, atbp ay pagsamba rin kung gagawin natin ito upang kaluguran ng Allah .
- Sa pagsamba, Salah ang dapat na mauna. Siya na tumatalikod sa kanyang Salah ay winawasak ang kaniyang Deen.

- Tayo ay napakahina na kung wala ang tulong ng Allah hindi natin mapapawi ang ating uhaw, kung kaya paano natin Siya masasamba nang wala ang Kaniyang tulong?
- O Allah! Kailangan ko ng Iyong tulong upang sambahin Ka sa Salah na ito at sa lahat ng ibang bagay tulad ng pag-aaral, pagtatrabaho, pamimili, atbp na gagawin ko hanggang sa susunod na Salah.
- **Makiusap** sa Allah mula sa kaibuturan ng iyong puso: “O Allah! Tulungan mo akong sambahin Ka sa pinakamainam na paraan.” Ang Du’aa na ito ay itinuro sa huling aralin ng librong ito.

**BALARILA:** Sa huling mga aralin, natutunan mo ang mga salita para sa *siya, sila, ikaw, kayo, ako, at kami*. Sa araling ito, ating matututunan ang mga salita para sa *kanya, kanila, iyo, inyo, akin, at amin*. Sa katunayan, hindi sila mga salita sa Arabik, sila ay mga hulapi sa mga pangngalan, pandiwa, at pang-ukol. Kung kaya matututunan natin ang mga anyong ito sa pamamagitan ng pagdudugtong sa kanila sa isang pangngalan رَبِّ (Panginoon; Umaalalay at nagmamahal; ang Nag-iisang nag-aalaga sa atin at tumutulong sa atin upang umunlad).

Mangyaring tandaan na ang mga salitang pinagkabit na ito ay nabanggit sa Qur’an nang halos 10,000 beses! Sila ay lubos na mahalaga. Siguraduhin mo na puspusan mo itong sasanayin. Ang salitang رَبِّ ay nabanggit nang 970 beses sa Qur’an.

... + رَبِّ		Panghalip na Paari	Bilang	Panauhan
<b>Kanyang Rabb</b>	رَبُّهُ رَبِّهِ	Kaniya	هُ هِ	<b>Ikatlong Panauhan</b>
<b>Kanilang Rabb</b>	رَبُّهُمْ رَبِّهِمْ	Kanila	هُم هِم	
<b>Iyong Rabb</b>	رَبُّكَ	Iyo	كَ كِ	<b>Ikalwang Panauhan</b>
<b>Inyong Rabb</b>	رَبُّكُمْ	Inyo	كُمْ كِم	
<b>Aking Rabb</b>	رَبِّي	Akin	ي يِ	<b>Unang Panauhan</b>
<b>Ating/Aming Rabb</b>	رَبُّنَا	Atin; Amin	نَا نِ	

Tandaan: Ang mga araling Pambalarila ay walang direktang kinalaman sa Surah na iyong pinag-aaralan. Lubhang magiging magulo kung susuriin ang bawat aspeto ng Balarila sa Surah bago natin matutunan ang mga tuntunin sa Balarila. Mag-uumpisa tayo sa mga simpleng tuntunin ng balarila sa bawat aralin kahanay ng talasalitaang matututunan mo mula sa mga Surah. Habang tayo ay nagpapatuloy, makikita mo kung paano magagamit ang tuntuning Pambalarila na ito sa tekstong Arabik.

### Aralin 3: Surah Al-Fatihah (4-5)

T1: Isalin ang sumusunod.

<b>مَلِكِ</b>	<b>يَوْمِ</b>	<b>الدِّينِ 4</b>	
<b>إِيَّاكَ</b>	<b>نَعْبُدُ</b>	<b>وَإِيَّاكَ</b>	<b>نَسْتَعِينُ</b>
			<b>5</b>

T2: Paano tayo dapat na maghanda sa Araw ng Paghuhukom?

Sag:

T3: Ano ang kahulugan ng “Deen”?

Sag:

T4: Ano ang layunin ng ating mga buhay?

Sag:

T5: Para sa ano ang paghingi natin ng tulong sa Allah ?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 3

**T1: Batay sa mga halimbawang ibinigay para sa رَبَّ، punan ang talahanayan para sa tatlo pang mga salita.**

آيات	دين	كتاب	رَبّ	عدد Bilang	Panauhan
			هُ ، رَبُّهُ	isa. واحد	Ikatlo غائب
			هُمْ ، رَبُّهُمْ	mar. جمع	
			كَ ، رَبُّكَ	isa. واحد	Ikalawa حاضر
			كُمْ ، رَبُّكُمْ	mar. جمع	
			ي ، رَبِّي	isa. واحد	Una متكلم
			نَا ، رَبَّنَا	mar. جمع dal. مثنى	

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

إِسْمُهُ	
اللَّهُ رَبُّنَا وَرَبُّكُمْ	
يَوْمَهُمْ	
فَرُبُّكَ	
مِنْ رَبِّهِمْ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

At ang kanilang Deen	
at Siya ang aming Panginoon	
Ikaw ang aking Rabb	
Ang iyong Panginoon ay lubhang maawain	
Aming hinihingan ng tulong	

Pagkatapos makumpleto ang 4 na aralin, ikaw ay matututo ng **24 na bagong** salita, na nabanggit nang **9118** beses sa Qur'an.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

#### 4. SURAH AL-FATIHAH (Berso 6-7)

﴿ أعوذ بالله من الشيطان الرجيم ﴾ ﴿ بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ﴾

46		37	
أَهْدِنَا		الصِّرَاطَ	الْمُسْتَقِيمَ ﴿6﴾
<b>Kami ay patnubayan</b>		<b>sa landas na matuwid.</b>	
أَهْدِ	نَا	Landas; (hindi lansangan) matuwid	
Patnubayan	Kami		
<b>Translation:</b> Kami ay patnubayan sa landas na matuwid.			

- Kung ang pagiging Muslim ay nangangahulugang ikaw ay napapatnubayan, ang panambitang ito kung gayon ay para dapat sa mga hindi-Muslim! Ang pagiging Muslim ay ang unang hakbang ng pagpatnubay. Kailangan natin ang panambitang ito upang masunod ang Islam sa bawat hakbang ng ating buhay.
- Ang Pinagmumulan ng Patnubay ay ang Qur'an at ang Sunnah (mga kasabihan at turo ng Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan). Kung hindi natin sila pag-aaralan, taos-puso ba ang ating pagdarasal? Bawat Salah ay paalala na ang pag-unawa sa Qur'an ay hindi lamang kailangan kung hindi kailangang-kailangan! Pagkatapos na pagkatapos ng Al-Fatihah, ikaw o ang Imam ay bibigkas ng kahit ano mula sa Qur'an at ito ay isang piraso ng patnubay mula sa Allah sa oras na iyon.
- O Allah! Patnubayan Mo ako upang maisagawa ang Salah sa pinakamainam na paraan.
- O Allah! Patnubayan Mo ako sa kahit anong gawin ko sa buhay sa taon, buwan, linggo, at araw na ito.
- O Allah! Patnubayan Mo ako sa kahit anong gawin ko pagkatapos ng Salah; sa pagpunta ko sa opisina, bahay, o palengke.

1080			
صِرَاطَ	الَّذِينَ	أَنْعَمْتَ	عَلَيْهِمْ
<b>(Ang) landas</b>	<b>(ng) mga yaong</b>	<b>Inyong ginawaran ng pagpapala sa kanila;</b>	
الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ Tuwid na landas	الَّذِينَ: 1080 beses na nasa Qur'an	إِنْعَامٍ pagpapala	
		عَلَى	هِمْ
		sa	kanila
<b>Pagsasalin:</b> Ang landas ng mga yaong Inyong ginawaran ng pagpapala sa kanila;			

- Sino ang binigyan ng mga pagpapala ng Allah? Mga propeta, matatapat na mga tao, mga mapagtiis, at mga matuwid na tao. Bakit? Dahil sinunod nila ang tamang landas.
- Ano ang kanilang landas? Sinasaklaw nito ang mga sumusunod:
  - (1) Kilos: Mga asal ng puso tulad ng paniniwala, katapatan, pagmamahal para sa Allah at sa Kaniyang takot na walang katulad. Mga pisikal na pagkilos tulad ng pagdarasal, pag-aayuno, pagkakawanggawa, Zakah, at Hajj;
  - (2) Da'wah o pag-aanyaya sa iba tungo sa Islam;
  - (3) Tazkiah, na nangangahulugang Paglilinis sa kanilang kaluluwa, katawan, pamilya, at lipunan sa pamamagitan ng isahan at sama-samang pagsusumikap; at
  - (4) Pagpapatupad ng Islam sa lipunan, paguutos ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan.

- Kung ang isang matuwid na tao ay nabubuhay sa ngayon, at ginagawa ang parehong trabaho na gagawin ko pagkatapos ng Salah na ito, kung gayon O Allah! Bigyan mo ako ng *Tawfeeq* upang magawa ko kung paano niya nagawa iyon.
- **Maghalaga:** Aling landas ang tinatahak natin?
- **Magplano** na tahakin ang tamang landas sa lahat ng posibleng saklawin ng nabanggit sa taas.

147		1732					
غَيْرِ		الْمَغْضُوبِ		وَلَا عَلَيْهِمْ		الضَّالِّينَ ﴿٧﴾	
Hindi	yaong mga umani ng (lyong) pagkapoot	sa kanila		at hindi		yaong mga naligaw ng landas	
hindi; bukod sa.	مَظْلُومٍ : Ang naapi o nagawan ng hindi mabuti مَغْضُوبٍ : Ang nakatanggap ng poot	عَلَى	هِمْ	و	لَا	ضَالٍّ : Ang naligaw ng landas ضَالِّينَ، ضَالُونَ ay maramihan. (nagiging maramihan kapag nagdagdag ka ng <i>بين, ون</i> )	
<b>Pagsasalin:</b> Hindi yaong mga umani ng (Iyong) pagkapoot sa kanilang mga sarili at hindi yaong mga naligaw ng landas.		sa	kanila	at	hindi		

Unang Pangkat (yaong mga umani ng pagkapoot):

- Silang may alam ngunit hindi kumikilos nang naaayon. Ilarawan mo sa isip ang nakasisindak nilang katapusan sa mundong ito at sa kabilang-buhay.
- Ilarawan mo sa isip ang kasalukuyang mga masasamang huwaran, bayani, at pinuno at taimtim mong hilingin sa Allah na tulungan tayo na makaiwas sa pagiging katulad nila.

Ikalawang Pangkat (yaong mga naligaw ng landas):

- Ilarawan mo sa isip ang mga taong kasalukuyang naliligaw at muli ay taimtim kang magdasal na maiwasan natin ang maging katulad nila.
- Huwag tayong tumulad doon sa mga naligaw sa kabila ng pagkakaroon natin ng Qur'an dahil sa hindi natin ito inaaral o 'wala tayong oras'!
- Tayo ba ay malayo mula sa Qur'an dahil lamang sa hindi natin alam ang wikang Arabik? Ating ipanata mula ngayon na hindi natin tatalikuran ang pagkatuto sa mga araling ito ng Qur'an.

**Makiusap:** O Allah! Tulungan mo kaming masunod ang tamang landas kung alam namin ito, at ibigay mo sa amin ang kaalaman kung ito ay hindi namin batid.

Subukan mong alalahanin itong Hadith Qudsi sa tuwing bibigkasin mo ang Al-Fatihah. Ang Propeta (snak) ay nagsabing ang Allah ay nagpahayag: Hinati Ko ang pagdarasal sa pagitan Ko at ng Aking alipin. Ang kalahati ay para sa Akin at ang kalahati ay para sa kanya at ibibigay Ko sa kanya ang anumang ipakiusap niya.

- Kapag sinabi ng alipin na: *الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ*, ay sasabihin ng Allah: "حمدني عبدي", na nangangahulugang: Pinuri Ako ng Aking alipin; at
- Kapag sinabi niyang: *الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ*, ay sasabihin ng Allah: "اثنى علي عبدي", na nangangahulugang: Ipinagbunyi Ako ng Aking alipin; at
- Kapag sinabi niyang: *مَا لِكَ يَوْمَ الدِّينِ*, ay sasabihin ng Allah: "مجدني عبدي", na nangangahulugang: Niluluwalhati Ako ng Aking alipin; at
- Kapag sinabi niyang: *إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ*, ay sasabihin ng Allah: Ito ay sa pagitan Ko at ng Aking alipin at anuman ang ipakiusap niya ay ibibigay Ko sa kanya; at



- Kapag sinabi niyang: صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ, ay sasabihin ng Allah: Ito ay para sa Aking alipin at anuman ang ipakiusap niya, ito ay maibibigay sa kanya.

[Sahih Muslim, isinalaysay ni Abu Huraira, nawa'y malugod ang Allah sa kanya].

**BALARILA:** Gamitin natin ang mga tuntuning natutunan natin sa naunang aralin sa dalawa pang pangngalan , كتاب at دين .

... aklat + كِتَاب		pamamaraan ng buhay... + دِين		Panghalip na Paari	Bilang	Panauhan
<b>Kyang aklat</b>	كِتَابُهُ	<b>Kyang Deen</b>	دِينُهُ	Kaniya هِ هِ	<i>Isahan</i>	<i>Ikatlong Panauhan</i>
<b>Kanilang aklat</b>	كِتَابُهُمْ	<b>Kanilang Deen</b>	دِينُهُمْ	Kanila هُمْ هُمْ	<i>Maramihan</i>	
<b>Iyong aklat</b>	كِتَابُكَ	<b>Iyong Deen</b>	دِينُكَ	Iyo كَ كَ	<i>Isahan</i>	<i>Ikalawang Panauhan</i>
<b>Inyong aklat</b>	كِتَابُكُمْ	<b>Inyong Deen</b>	دِينُكُمْ	Inyo كُمْ كُمْ	<i>Maramihan</i>	
<b>Aking aklat</b>	كِتَابِي	<b>Aking Deen</b>	دِينِي	Akin يَ يَ	<i>Isahan</i>	<i>Unang Panauhan</i>
<b>Ating/aming aklat</b>	كِتَابُنَا	<b>Ating/aming Deen</b>	دِينُنَا	Atin; Amin نَا نَا	<i>Dalawahang; Maramihan</i>	

Ating alamin ang mga mahahalagang anyong **pambabae**.

siya : هي (nabanggit nang 66 na beses sa Qur'an)

kyang aklat : كِتَابُهَا ، kyang pamamaraan sa buhay : دِينُهَا ، kyang Panginoon : رَبُّهَا

Upang makabuo ng pambabaeng anyo para sa karamihan ng pangngalan, magdagdag lamang ng ة sa dulo. Ang alituntunin sa pagbuo ng anyong maramihan ay ang magdagdag ng ات sa dulo pagkatapos maalis ang ة, tulad ng ipinakita sa ibaba. May iba pang mga alituntunin na pag-aaralan mo rin mayamaya.

Maramihan Pambabae	Isahan Pambabae		Isahan Panlalaki
كَافِرَات	كَافِرَةٌ	←	كَافِر
مُشْرِكَات	مُشْرِكَةٌ	←	مُشْرِك
مُنَافِقَات	مُنَافِقَةٌ	←	مُنَافِق

Maramihan Pambabae	Isahan Pambabae		Isahan Panlalaki
مُسْلِمَات	مُسْلِمَةٌ	←	مُسْلِم
مُؤْمِنَات	مُؤْمِنَةٌ	←	مُؤْمِن
صَالِحَات	صَالِحَةٌ	←	صَالِح

## Aralin 4: Surah Al-Fatihah (6-7)

T1: Isalin ang sumusunod.

اهْدِنَا	الصِّرَاطَ	المُسْتَقِيمَ 6	
صِرَاطَ	الَّذِينَ	أَنْعَمْتَ	عَلَيْهِمْ ٥
غَيْرِ	الْمَغْضُوبِ	عَلَيْهِمْ	وَلَا الضَّالِّينَ 7

T: Sino ang makakapagbigay sa atin ng Hidayah (ang tunay na pagpatnubay)?

Sag:

T3: Anong pangkat ng mga tao ang binigyan ng pagpapala ng Allah?

Sag:

T4: Ipaliwanag ang pagkakaiba ng الضالين at المغضوب.

Sag:

T5: Ang kahulugan ng اِهْدِنَا sa اِهْدِنَا?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 4

T1:

<b>b: Isulat ang pambabaeng anyo ng mga sumusunod na pangngalan at isulat din ang kanilang anyong pangmaramihan.</b>		
جمع	مؤنث	مذكر
		مُسْلِمٌ
		كَافِرٌ
		مُشْرِكٌ
		عَابِدٌ
		صَالِحٌ
		مُنَافِقٌ

<b>a: Magdagdag ng pambabaeng "kanya" sa sumusunod na mga pangngalan katulad ng ipinakitang halimbawa.</b>	
ها+Pangngalan	Pangngalan
رَبُّهَا	رَبٌّ
	دِينٌ
	كِتَابٌ
	آيَات
	إِسْمٌ
	صِرَاطٌ

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

ضَالٌّ	
وَالَّذِينَ	
فَعَلَيْهِمْ	
رَبُّكُمْ وَ دِينُكُمْ	
وَدِينُنَا	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

<b>Aming Deen at aming Aklat</b>	
<b>Iyong Panginoon at kanyang Aklat</b>	
<b>Al-Qur'an ang aming Aklat</b>	
<b>Kanilang Deen at kanilang aklat</b>	
<b>Aking Panginoon at aking Aklat</b>	

## 5. LAYUNIN SA PAGHAHAYAG

﴿أعوذ بالله من الشيطان الرجيم﴾ ﴿بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ﴾

*261		أَنْزَلْنَاهُ		إِلَيْكَ		مُبْرَكٌ	
(ito ay) isang aklat		Inihayag namin ito		Sa iyo (O Muhammad!, snak)		puno ng biyaya;	
Anyong maramihan ng كُتِبَ ay كِتَاب.		أَنْزَلْنَا		هُ		إِلَى كَ	
		Ipinadala namin		ito		(tungo) sa iyo	
Sinasabi nating عيد مُبَارَك (Nawa'y maging biyaya sa iyo ang Eid na ito.)							
<b>Pagsasalin:</b> (Narito ang) isang aklat na ipinadala namin sa iyo, puno ng mga biyaya (pagpapapala).							

- Sinabi na ng Allah na ito ay isang pinagpalang aklat. Ngunit ang dahilan ng pagkakahayag nito ay ipinaliwanag sa mga sumusunod na teksto. Kung nais nating anihin ang mga biyaya ng aklat na ito ay dapat nating isagawa ang mga bagay na dahilan ng pagkakayahag nito.

*382				43			
لِيَدَّبَّرُوا		آيَاتِهِ		وَلِيَتَذَكَّرَ		أُولُوا الْأَلْبَابِ (سورة ص) 29	
Nang sila ay mapag-nilay-nilayan		ang mga berso nito		at upang (sila) ay makatanggap ng babala		silang mga nakakaunawa.	
لِ	يَدَّبَّرُوا	آيَاتِ	ه	وَ	لِ	يَتَذَكَّرَ	أُولُوا، أُولِي
nang	Sila ay mapagnilay-nilayan	Mga berso	nito	at	nang	Sila ay makatanggap ng babala	Silang mga nakakaunawa
تَدَبَّرُ : nagninilay-nilay		آية: tanda; berso; taludtod Anyong maramihan ng آيات ay آية.				لُب : talino; pang-unawa Anyong maramihan ng لُب ay أَلْبَاب.	
<b>Pagsasalin:</b> Nang sila ay mapagnilay-nilayan itong mga berso , at nang silang mga nakakaunawa ay makatanggap ng babala .							

- Ang Qur'an ay ipinadala para sa: (1) pagninilay-nilay; at (2) pagkuha ng mga aral mula rito.
- Ang pagninilay-nilay ay nangangahulugang pinag-iisipang mabuti o ginugunita. Hindi mo kailangang magnilay-nilay habang nagbabasa ng dyaryo. Ang pagbabasa rito nang isang beses ay sapat na upang makuha ang mensahe nito. Ngunit maaari ka bang magbasa ng aklat sa agham, matematika, o komersyo sa ganoong paraan? Hindi! Kailangan mong tumigil at mag-iisip nang mabuti o magnilay-nilay.
- Upang mapagnilay-nilayan o magunita ang Qur'an, kailangan mo munang intindihin ito.
- Ang pagtanggap ng babala ay nangangahulugang pag-aaral ng mga leksiyon. Maaari mong gawin iyon sa pamamagitan ng pagkilos ayon sa mga kautusan at paglayo sa mga ipinagbabawal.

- Kapag isinagawa natin ang dalawang nabanggit sa taas, sa pamamagitan ng Kaloob ng Allah, ay maaari nating anihin ang lahat ng mga pagpapala dito sa mundo at sa kabilang-buhay sa pamamagitan ng Qur'an.

Unawain muna natin ang ating relasyon sa Qur'an bago magnilay-nilay. Ito ay may apat na aspeto.

1. Tuwiran	2. Pansarili	3. Binalak	4. Nauugnay
Ang Qur'an ay salita ng Allah. Sa tuwing naririnig o nabibigkas mo ito, <b>damhin</b> mo na ang Allah ay tuwirang nagsasalita sa iyo. Nakikita Niya kung paano ako tumugon sa Kaniyang mga salita!	Bawat taludtod ng Qur'an ay para sa akin. Huwag mong sabihin na ang taludtod na ito ay para sa kaafir, mushrik, o munaafiq. Dapat kong makita kung ano ang nandoon para sa akin! Bakit ipinadala sa akin ito ng Allah?	Bawat butil ay nakaukol na kainin ng isang tao! Sa parehong paraan, ang bawat taludtod ay nakaukol na mapakinggan o mabigkas ng isang tao. Ang lahat ay bahagi ng tadhana. Walang anuman ang pasumala.	Ang Qur'an ay isang paalaala. Maaari bang mawalan ng katuturan ang paalaala ng Allah? Dapat akong magtanong: O Allah! Bakit mo ipinarinig o ipinabigkas sa akin ngayon itong (mga) taludtod?

Ang ilan sa mga kondisyong kailangan para sa pagninilay-nilay ay ibinigay sa ibaba. Dapat kang:

1. Tumutok	2. Umunawa	3. Magpalagay	4. Makaramdam
Ganap kang tumutok kahit na hindi mo naiintindihan ang kabuuan ng berso. Tuklasin mo ang bawat salita na maaari mong maunawaaan!	Hingin mo ang kapatawaran ng Allah kung hindi mo man ito maintindihan. Muling pasiglahin ang iyong pangako na matutunan ang Qur'an.	Gamitin mo ang iyong imahinasyon saan man posible, lalo na kapag nakakarinig ka ng mga taludtod na may kinalaman sa mga palatandaan ng Allah, mga paglalang, kasaysayan, langit, impyerno, atbp	Gamitin mo ang iyong damdamin sa pag-ibig, takot, paggalang, pasasalamat, atbp sa tuwing maririnig mo ang kaukulang taludtod. Halimbawa, matuwa ka at mapuno ng pag-asa kapag nakakarinig ka ng tungkol sa Janna at matakot ka kapag nakakarinig ka ng tungkol sa impyerno.

Upang makatangap ng babala, o madala ang Qur'an sa ating mga buhay, dapat kang:

1. Makiusap	2. Maghalaga	3. Magplano	4. Magpalaganap
Bawat taludtod ng Qur'an ay may hinihingi mula sa atin. Upang matupad iyon ay umpisahan mo sa pakikiusap sa Allah na tulungan kang gawin iyon.	Kaugnay ng ipinakiusap mo ay siyasatin mo ang mga gawain mo sa nakaraang araw o linggo. Kung ginagawa mo na iyon ay pasalamat mo ang Allah; kung hindi pa ay hingin mo ang kanyang kapatawaran.	Magplano para sa susunod na araw o sa susunod na linggo upang gawin ang mga bagay na iyon.	Ang Propeta (snak) ay nagsabing: "Maghatid, mula sa akin, ng kahit na isang taludtod lamang." Ipalaganap ang iyong natutunan sa pinakamainam na paraan.

Ang apat na hakbang na ito ay ipinapakita sa simula ng bawat aralin sa kanang bahagi ng itaas na sulok upang hindi mo makalimutan. Sa gitna ay nakalagay ang “Magpalagay” at “Makaramdam” dahil sa kahalagahan nila kapag binibigkas o pinakikinggan ang Qur’an. Subukan mong alalahanin ang hindi bababa sa tatlo sa mga ito: magpalagay, makaramdam, at makiusap. InshaAllah, mas matututunan mo kung paano gagamitin ito sa mga susunod na aralin.

**BALARILA:** Sa Arabik, ang isang salita ay maaaring maging isa sa tatlong uri:

1. اسم (Pangngalan): Pangalan (Hal: مَكَّة، كِتَاب) o katangian (Hal: مُؤْمِن، مُسْلِم)
2. فِعْل (Pandiwa): Nagpapakilala sa kilos (Hal: فَتَح، نَصَرُوا)
3. حَرْف (Letra): Nagdurugtong sa pangngalan at pandiwa (H: ل، مِنْ، فِي، إِنَّ)

Sa mga naunang aralin ay kumuha tayo ng ilang mga **pangngalan** at binuo ang kanilang anyong pang-maramihan. Sa araling ito ay matututunan natin ang mga **letra**: ل، مِنْ، عَنْ، مَعَ. Ang unang tatlo sa mga ito (ل، مِنْ، عَنْ) ay mga pang-ukol. Aralin ang mga kahulugan kasama ang mga halimbawang ibinigay sa ibaba. Ang mga halimbawang ito ay makakatulong sa pagtanda sa mga letrang ito. Sa mga halimbawang ibinigay sa ibaba, ang salitang إِنَّ ay nabanggit nang 1532 beses sa Qur’an!

Letra/Titik	Halimbawa
ل، ل para	لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ <b>Para</b> sa iyo ang iyong Deen at <b>para</b> sa akin ang akin.
مِنْ mula	أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ Ako ay nagpapakupkop sa Allah <b>mula</b> sa Satan.
عَنْ sa	رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ Nawa’y malugod ang Allah <b>sa</b> kanya..
مَعَ Kasama (ng)	إِنَّ اللَّهَ مَعَ الصَّابِرِينَ Tunay ngang ang Allah ay <b>kasama ng</b> mga matiisin..

Tandaan na ang mga titik na ito ay maaari ring magkaroon ng ibang mga kahulugan., depende sa nilalaman ng pangungusap. Ang mga salita sa sumusunod na talahanayan ay nabanggit sa Qur’an nang **4960 o halos 5000 beses**. Gamitin ang TPI dito at sanayin sila nang mabuti.

para ل	mula مِنْ	sa.. عَنْ	kasama مَعَ
لَهُ Para sa kanya	مِنْهُ mula sa kanya	عَنْهُ Sa kanya	مَعَهُ Kasama niya
لَهُمْ Para sa kanila	مِنْهُمْ mula sa kanila	عَنْهُمْ Sa kanila	مَعَهُمْ Kasama nila
لَكَ Para sa iyo	مِنْكَ mula sa iyo	عَنْكَ Sa iyo	مَعَكَ Kasama niyo
لَكُمْ Para sa inyo	مِنْكُمْ mula sa inyo	عَنْكُمْ Sa inyo	مَعَكُمْ Kasama ninyo

لي	Para sa akin	مِنِّي	mula sa akin	عَنِّي	Sa akin	مَعِي	Kasama ko
لَنَا	Para sa amin	مِنَّا	mula sa amin	عَنَّا	Sa amin	مَعَنَا	Kasama namin
لَهَا	Para sa kanya (babae)	مِنْهَا	mula sa kanya (babae)	عَنْهَا	Sa kanya (babae)	مَعَهَا	Kasama nina

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## Aralin 5: Layunin sa Paghahayag

T1: Isalin ang sumusunod.

كُتِبَ	أَنْزَلْنَاهُ	إِلَيْكَ	مُبْرَكٌ
لِيَدَّبَّرُوا	آيَتِهِ	وَلِيَتَذَكَّرَ	أُولُوا الْأَلْبَابِ ﴿٢٩﴾

T2: Ipaliwanag ang تَدَبَّرَ na may kasamang halimbawa.

Sag:

T3: Ipaliwanag ang kahulugan ng تَذَكَّرَ na may kasamang halimbawa.

Sag:

T4: Ilarawan ang apat na sukat ng ating relasyon sa Qur'an.

Sag:



T5: Ilarawan ang apat na pangunahing kailangan o kondisyon ng تَذَكُّر at تَدَبُّر.  
Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 5

**T1: Batay sa mga halimbawang ibinigay para sa ل, punan ang mga patlang para sa مَع، عَن، مِّن .**

مع	عن	من	ل	عدد Bilang	Panauhan
			لَهُ	isa. واحد	Ikatlo غائب
			لَهُمْ	mar. جمع	
			لَكَ	isa. واحد	Ikalawa حاضر
			لَكُمْ	mar. جمع	
			لِي	isa. واحد	Una متكلم
			لَنَا	mar. جمع dal. مثنى	
			لِهَا	واحد مؤنث isa. (babae)	غائب

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

اللَّهُ مَعَنَا	
فَلَهُمْ	
وَلَنَا	
فَمِنْكُمْ	
فَلِهَا	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

Nawa'y malugod ang Allah sa iyo	
Iyong pangalan	
At mula sa iyo	
At para sa kanila	
Ang Al-Quran ay kasama ko	

Pagkatapos makumpleto ang 6 na aralin, ikaw ay matututo ng **44 na bagong** salita, na nabanggit nang **23151** beses sa Qur'an.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## 6. ANG QUR'AN AY MADALING MATUTUNAN

Natutunan natin mula sa huling aralin na ipinadala ng Allah ang Qur'an upang mapagnilay-nilayan ang mga taludtod nito at maisagawa ito. Ang mga taludtod ng Qur'an ay nakasulat sa Arabik at ang Qur'an ay hindi maisasalin. Ang mensahe lamang ng Qur'an ang makukuha natin sa pagsasalin nito. Upang mapagnilay-nilayan ang mga taludtod sa Arabik, kailangan nating matutunan ang Arabik.

Isang malaking biyaya mula sa Allah na ginawa niyang madaling maunawaan ang Qur'an. Ang Arabik nito ay madali ring matutunan kung ang magiging batayan ay ang payak na pag-unawa.

﴿ أعوذ بالله من الشيطان الرجيم ﴾ ﴿ بسم الله الرحمن الرحيم ﴾

409			70			
1: وَلَقَدْ			يَسِّرْنَا	الْقُرْآنَ	لِلذِّكْرِ (القَمَرِ - 17)	
At sa katunayan			aming ginawang madali	ang Qur'an	na unawain at tandaan	
و	ل	قَدْ	يُسِّر : madali	Ang kahulugan ng Qur'an ay "siya na madalas bigkasin."	لِ	
at	katunayan	na	عُسْر : mahirap		para, sa	الذِّكْرِ Unawain at tandaan
قَدْ قَامَتِ الصَّلَاةُ Ang Salah ay naitatag na.			يَسِّرْنَا : aming ginawang madali		ذِكْرٍ may dalawang kahulugan: (1) tandaan; at (2) unawain at kunan ng aral	
<b>Pagsasalin:</b> At sa katunayan ay aming ginawa ang Qur'an na madaling unawain at tandaan.						

- Para makapagbigay ng mga fatwa batay sa mga taludtod ng Qur'an ay kailangang manatili ng ilang taon sa ilalim ng mga pantas. Ngunit ang Qur'an ay napakadaling maunawaan at makuhanan ng aral para sa ating buhay.
- Pasalamat mo ang Allah na ginawa Niyang madali para sa atin ang maunawaan at makuhanan ng aral ang Qur'an. Pasalamat mo siya sa pamamagitan ng pagbabalak na matutunan ang Arabik ng Qur'an sa pinakamabilis na paraan.
- Huwag na huwag mong iisipin, sasabihin, o tatanggapin na ang Qur'an ay mahirap maunawaan. Iyo bang sasalungatin ang taludtod na ito? (Nawa'y patawarin tayo ng Allah.)
- Ang Qur'an ay madaling matutunan ngunit hindi ito kusang nangyayari. Kailangan mong gumugol ng oras at pagsisikap para matutunan ito. Ang Propeta (snak) ay nagsabi na ang Allah ay tumatakbo patungo sa taong naglalakad papunta sa Kanya. Tayo muna ang maunang maglakad.
- Ang Qur'an ay madali at mabisa rin para sa pagpapayo sa iba. Unawain mo itong mabuti upang lubusan mong matutunan ang istilo, mga argumento, mga kwento, at mga pagpapatunay nito.

Ngayon ay kumuha tayo ng isang Hadith.

186		823		
2: خَيْرُكُمْ		مَنْ	تَعَلَّمَ الْقُرْآنَ	وَعَلَّمَهُ (بخارى)
Ang pinakamabuti sa inyo	(ay siya na) sino	natututo ng Qur'an	at itinuturo ito	

خَيْرٌ	كُم	Unang tanong sa iyong libingan: مَنْ رَبُّكَ؟ Sino ang iyong Rabb?	natuto تَعَلَّمَ itinuro عَلَّمَ	وَ	عَلَّمَ	هُ
Mabuti, pinakamabuti	inyo			at	itinuro	ito
<b>Pagsasalin:</b> Ang pinakamabuti sa inyo ay siya na natuto ng Qur'an at itinuro ito.						

- Ito ang pinakamatibay na panghikayat para sa atin.
- Ang Propeta (snak) ay binanggit muna ang mag-aaral at pagkatapos ay ang guro. Ito ay isang malaking karangalan para sa bawat mag-aaral ng Qur'an.
- Ito rin ay nangangahulugan na ang pinakamabuting tao ay siya na parehong natututo at nagtuturo.
- Nangangahulugan din ito na walang katapusan ang pagkatuto sa Aklat ng Allah! Kaya dapat ay patuloy tayong matuto mula rito hanggang sa tayo ay mamatay.
- Pinapanood tayo ng Allah! Ngayon ay hangarin nating kumilos nang naaayon sa Hadith. Hangarin mong hindi kailanman tumigil sa pagkatuto. Hangarin mong isagawa at ituro ito sa iyong pamilya at mga kaibigan. Magplanong matuto at magturo sa indibidwal at pangkalahatang antas.
- Ang Propeta (snak) ay ipinadala bilang guro sa Qur'an. Itinuro niya ang Qur'an sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at pagsasagawa nito. Upang matuto sa paraan ng pagkatuto ng mga Sahabah (mga kasamahan ng Propeta snak), kailangan muna nating matutunan ang pagbabasa sa Arabik at Tajweed. Huwag kang titigil doon dahil ang tunay na pag-aaral sa Qur'an ay nagsisimula pagkatapos niyon, at ito ay ang pag-unawa at pagsasagawa nito.

Kumuha tayo ng isa pang Hadith:

<sup>146</sup> <sup>41</sup> <b>3: إِنَّمَا الْأَعْمَالُ</b>		<b>بِالنِّيَّاتِ</b> (بخاری)
<b>Ang mga gawain (ay batay) lamang</b>	<b>sa mga hangarin.</b>	
lamang : إِنَّمَا Ang anyong maramihan ng عَمَل (gawain) ay أَعْمَال	نِيَّاتٍ mga hangarin	نِيَّةٍ hangarin
<b>Pagsasalin:</b> Ang (gantimpala ng) mga gawain ay batay lamang sa mga hangarin.		

- Sa Araw ng Paghuhukom, ang kaso ng tatlong tao ang unang pagpapasyahan. Kabilang sa kanila ay siya na bumibigkas ng Qur'an para lamang magpasikat. Itatapon siya sa impyerno dahil sa maling hangarin. Hindi tinatanggap ng Allah ang mga gawain na ginawa lamang upang magpakitang-gilas sa iba at sa Kanya.
- Ating pag-aralan ang Qur'an upang ang malugod sa atin ay tanging ang Allah lamang. Pag-aralan mo ito upang maunawaan at maisagawa mo ito.
- Ating pag-aralan ito upang maituro ito sa iba para sa Allah, dahil ang nakararami ay malayo sa Qur'an.
- Pag-aralan mo ito upang mapag-isa ang komunidad batay sa Qur'an at sa Sunnah (mga kasabihan at turo ni Propeta Muhammad, snak).

Ang tatlong salita na nasa ibaba ay nabanggit nang **2306 na beses** sa Qur'an. Tandaan mo ang kanilang mga kahulugan sa pamamagitan ng paggamit sa mga sumusunod na halimbawa. Mas madaling maaalala ang mga kahulugan kung tatandaan mo rin ang kanilang mga halimbawa. Ang

mga halimbawa ay makatutulong, lalo na kapag nalito ka at naipagpalit mo ang kahulugan ng isa doon sa ibang salita na may kaparehong tunog (tulad ng اِنَّ at اِنَّ).

628	اِنَّ kung	اِنَّ شَاءَ اللهُ	<b>Kung</b> itulot ng Allah
1532	اِنَّ Sa katunayan	اِنَّ اللهَ مَعَ الصَّابِرِينَ	<b>Sa katunayan</b> ang Allah ay kasama nilang mga mapagtiis
146	اِنَّمَا lamang	اِنَّمَا الأَعْمَالُ بِالنِّيَّاتِ	Ang mga gawain (ay base) <b>lamang</b> sa mga hangarin.

**BALARILA:** Natutunan natin na sa Arabik, ang isang salita ay maaaring maging isa sa tatlong uri:

1. اسم (Pangngalan): Pangalan (كِتَاب، مَكَّة) o katangian (مُؤْمِن)
2. فعل (Pandiwa): Nagpapakilala sa kilos (نَصْرُوا)
3. حرف (Letra): Nagdurugtong sa pangngalan at/o pandiwa (اِنَّ، مِنْ، فِي، اِلَى)

Sa araling ito ay matututo tayo ng apat pang mga letra (titik): اِب، اِف، اِغ، اِي. Lahat ng ito ay mga pang-ukol. Ang mga halimbawang pangungusap sa ibaba ay makakatulong para maalala ang kahulugan ng mga letra. Sa mga halimbawa sa ibaba, ang salitang سَبِيل ay nabanggit nang 225 beses sa Qur'an.

Letra/Titik	Halimbawa
اِب nasa	بِسْمِ اللهُ <b>Sa</b> ngalan ng Allah
اِف sa / nasa	فِي سَبِيلِ اللهُ <b>Sa</b> landas ng Allah
اِغ sa	السَّلَامُ عَلَيكُمْ Nawa ang kapayapaan ay mapasa iyo
اِي Patungo sa	اِنَّا اللهُ وَاِنَّا اِلَيْهِ رَاْجِعُونَ Sa katunayan tayo ay nabibilang sa Allah at sa katunayan ay babalik tayo <b>patungo sa</b> kanya.

Tandaan na ang nabanggit na mga pang-ukol ay maaaring magkaroon ng iba pang kahulugan depende sa nilalaman ng konteksto.

Ang mga salita sa sumusunod na talahanayan ay nabanggit nang **4327 beses** sa Qur'an. Gamitin ang TPI dito at sanayin sila nang mabuti.

اِب : sa	اِف : sa (loob ng)	اِغ : sa	اِي : patungo sa
اِبِه Sa kanya	اِفِه Sa kanya	اِغِه Sa kanya	اِيِه Patungo sa kanya
اِبِهِمْ Sa kanila	اِفِهِمْ Sa kanila	اِغِهِمْ Sa kanila	اِيِهِمْ Patungo sa kanila

بِكَ	Sa iyo	فِيكَ	Sa iyo	عَلَيْكَ	Sa iyo	إِلَيْكَ	Patungo sa iyo
بِكُمْ	Sa inyo	فِيكُمْ	Sa inyo	عَلَيْكُمْ	Sa inyo	إِلَيْكُمْ	Patungo sa inyo
بِي	Sa akin	فِيَّ	Sa akin	عَلَيَّ	Sa akin	إِلَيَّ	Patungo sa akin
بِنَا	Sa amin	فِينَا	Sa amin	عَلَيْنَا	Sa amin	إِلَيْنَا	Patungo sa amin
بِهَا	Sa kanya (babae)	فِيهَا	Sa kanya (babae)	عَلَيْهَا	Sa kanya (babae)	إِلَيْهَا	Patungo sa kanya (babae)

## Aralin 6: Ang Qur'an ay Madaling Matutunan

T1: Isalin ang sumusunod.

وَلَقَدْ	يَسَّرْنَا	الْقُرْآنَ	لِلذِّكْرِ

وَعَلَّمَهُ	(بخاری)	تَعَلَّمَ الْقُرْآنَ	مَنْ	خَيْرُكُمْ

(بخاری)	بِالنِّيَّاتِ	إِنَّمَا الْأَعْمَالُ

T2: Anong hangarin dapat mayroon ang isang tao para sa pag-aaral ng Qur'an?

Sag:

T3: Ang Qur'an ba ay mahirap na matutunan? Magbigay ng katibayan.

Sag:

T4: Anu-anong mga pagsisikap ang maaari nating gawin upang matutunan ang Qur'an?

Sag:

T5: Ibigay ang mga kahulugan at halimbawa para sa إِنَّ، اِنَّ، at اِنَّمَا.

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 6

**T1: Batay sa mga halimbawang ibinigay para sa ب, punan ang mga patlang para sa في، على، إلى .**

إلى	على	في	ب	عدد Bilang	Panauhan
			بِهِ	واحد. isa.	Ikatlo غائب
			بِهِمْ	جمع. mar.	
			بِكَ	واحد. isa.	Ikalawa حاضر
			بِكُمْ	جمع. mar.	
			بِي	واحد. isa.	Una متكلم
			بِنَا	جمع. mar. مثنى. dal.	
			بِهَا	واحد مؤنث isa. (babae)	غائب

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**


وَفِيكُمْ	
فَعَلَيَّ	
وَالَيْكَ	
فِي كِتَابِكُمْ	
أَنْزَلْنَا عَلَيْكَ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

Sa kanya at sa akin	
Patungo sa Qur'an	
Nawa ang kapayapaan ay mapasa inyo	
Nasa Qur'an	
Sa iyo at sa kanya (babae)	



Pagkatapos makumpleto ang 7 aralin, ikaw ay matututo ng **52 bagong** salita, na nabanggit nang **2446** beses sa Qur'an.



## 7. PAANO ITO MATUTUTUNAN?

Ang pinakamainam na paraan upang matutunan ang Qur'an ay ang sundin ang tatlong hakbang na nabanggit sa araling ito. Ang unang hakbang ay ang paghingi kay Allah ng kaalaman.

رَبِّ	زِدْنِي	عَلِّمْنَا (سورة طه)
<b>O Aking Panginoon!</b>	<b>dagdagan mo ako</b>	<b>ng kaalaman.</b>
Nag-aalaga sa atin at tumutulong sa : اتين upang umunlad	زِدْ	عِلْمٌ : kaalaman
	نِي dagdagan	
<b>Pagsasalin:</b> O Aking Panginoon! Dagdagan mo ako ng kaalaman.		

- Itinuro ng Allah ang Du'aa (panambitan) na ito sa Propeta (snak) para sa pagkakabisado at pag-aaral sa Qur'an. Kaya dapat tayong makiusap nang paulit-uit at taimtim sa Allah gamit itong Du'aa.
- Kasabay ng Du'aa, dapat nating gugulin ang ating oras sa pag-unawa sa Qur'an. Kung ang isang estudyante ay humihiling sa Allah ng tagumpay sa bawat pagdarasal ngunit hindi naman siya pumupunta sa paaralan o nagbubuklat ng aklat para mag-aral, siya ba ay taimtim na humihiling? Kung humihingi lamang tayo ng kaalaman ngunit hindi naman nagsisikap, tayo ba ay pinaglalaruan lamang ang Du'aa?
- Bakit ka magkakamit ng kaalaman? Upang maisagawa ito bilang isang indibidwal at sa pangkalahatang antas at maipakalat ito. Makiusap sa Allah na tulungan tayong matutunan, maunawaan, maisagawa, at maipalaganap ang Qur'an.
- Paano ka dapat na magdasal? Katulad ng isang taong gutom sa loob ng dalawa o tatlong araw; katulad ng isang pasyenteng dadaan sa operasyon sa puso kinabukasan. Isang beses lang ba siyang makikiusap sa Allah? Makikiusap ba siya nang walang damdamin?
- Hilingin sa Allah na pawiin ang ating pagkagutom sa kaalaman at gamutin ang ating sakit sa kamangmangan. Ang pinakamahahalagang aklat ng karunungan ay ang Qur'an. Kung hindi natin ito alam, tayo ang magiging mga talunan.

Ang ikalawang hakbang ay ang paggamit sa lahat ng maaaring gamitin at magsimula ka sa panulat.

304 الَّذِي : 2	عَلَّمَ	بِالْقَلَمِ (سورة العلق) 4
<b>(Siya) Sinuman</b>	<b>nagturo</b>	<b>sa pamamagitan ng panulat.</b>
siya na : الَّذِي sila na: الَّذِينَ	natuto تَعَلَّمَ nagturo عَلَّمَ	بِ Sa pamamagitan ng قَلَمٍ panulat
<b>Pagsasalin:</b> Sinumang nagturo sa pamamagitan ng panulat.		


- Ang ikalawang hakbang ay ang paggamit sa panulat. Kaagad kang dumampot ng panulat! Nakapagsulat ka na ng milyun-milyong mga salita gamit ang iyong mga kamay. Ngayon ay gamitin mo ang kamay mo sa pag-aaral ng Arabik at gawin mo itong isang kagawian.
- Saan ka magsusulat? Magkaroon ka ng isang kuwaderno kung saan mo isusulat ang anumang matututunan mo. Bumuo ka ng isang maliit na aklatan para sa iyong mga libro at kuwaderno.

- Kung ang pagsusulat ay makakasanayan mo, kailangan mong magtuon ng pansin sa pakikinig at pag-uunawa.
- Ipangako mo sa iyong sarili ngayon na maglalaan ka ng hindi bababa sa lima hanggang sampung minuto para sa pagsusulat ng mga kahulugan at anyong pambalarila ng mga bagong salita. Gawin mo ito hindi nang may katamaran kung hindi nang may marubdob, banal, at taimtim na kagustuhan.
- Kung mayroon mang kaalaman na kinulang ang Ummah na ito, ito ay ang kaalaman ng Qur'an, na ang unang salita para sa unang paghahayag ay, “Magbasa ka!” اِقْرَأْ. Gawin mong natatanging kagawian ang pagbabasa at basahin mo ang iba pang maiinam na bagay tulad ng kasaysayan, agham, matematika, literatura, atbp.

Ang ikatlong hakbang ay ang makipagpaligsahan at subukang manguna.

46		43		عَمَلًا		(الْمَلِك: 2)	
3: أَيُّكُمْ		أَحْسَنُ		عَمَلًا			
Alin sa inyo		ang mas mabuti		ang mga gawain?			
أَيُّ	كُم	malaki	كَبِير	أَكْبَر	عَمَل	أَعْمَال	
Alin sa	Inyo, iyo	maliit mabuti	صَغِير حَسَن	أَصْغَر أَحْسَن			
<b>Pagsasalin:</b> Alin sa inyo ang mas mabuti ang mga gawain?							

- Ito ang ikatlong hakbang. Nilikha tayo ng Allah upang tingnan kung sino ang mas magaling; mas magaling sa pagdarasal; mas magaling sa mga tahanan, mas magaling sa trabaho, mas magaling sa mga indibidwal na gawain tulad ng pagdarasal, pag-aayuno, at Zikr. Mas magaling sa mga trabahong panlipunan tulad ng pagtulong sa iba, paggawa ng Da'wah, pag-uutos sa mabuti, at pagbabawal sa masama.
- Pinapanood tayo ng Allah! Sino ang mas magaling sa pag-aaral ng Qur'an sa klaseng ito? Subukan mong maging mas magaling kaysa sa iba para sa kasiyahan lamang ng Allah. Makipagpaligsahan!
- Ang Shaitan ay nagngangalit. Bakit? Dahil ginawa mo na ang unang hakbang patungo sa pagkatuto ng Qur'an. Ibibigay niya ang lahat ng galing niya upang pigilan ka. Sanay na sanay ang Shaitan ngunit tinatamasa mo ang suporta ng Allah. Ang Shaitan ay handa, ngunit handa rin ang mga anghel, ang kanilang mga panulat ay handa ring isulat ang iyong mga gawain. Handa ka na ba?



**BALARILA: Tatlong Payo sa mga Pang-ukol:**

Natuto ka na ng ilang mga pang-ukol sa huling dalawang aralin. Nag-iiba ng kahulugan ang mga pang-ukol depende sa nilalaman ng konteksto. Kung tatandaan mo ang mga sumusunod na payo, malalaman mo kung paano sila maiintindihan.

1. Ang parehong pangungusap ay ipinapahayag sa magkakaibang wika gamit ang magkakaibang pang-ukol. Halimbawa:

أَمَنْتُ بِاللَّهِ      Ako ay naniwala sa Allah;      میں اللہ پر ایمان لایا (Urdu)

Ang 3 pangungusap sa taas na nasa 3 magkakaibang wika ay nagpapahayag ng parehong katotohanan, alalong baga’y, ako ay naniwala, ngunit ang pang-ukol sa bawat wika ay iba sa mga pangunahing kahulugan nito (kasama ng, nasa, sa).

2. Para sa parehong wika, ang pang-ukol ay maaaring o maaring hindi kailanganin depende sa pandiwang ginagamit. Halimbawa: **Sa** kanya ko sinabi; Siya ang **pinagsabihan** ko. Minsan, maaaring may pang-ukol sa tekstong Arabik na hindi na kailangan sa Filipino (o sa ibang wika). Halimbawa:

Pagpasok sa relihiyon ng Allah (hindi mo na kailangang isalin ang “loob” sa فِي dahil ang pagpasok ay nangangahulugang paloob).	يَدْخُلُونَ فِي دِينِ اللَّهِ
Patawarin mo ako (hindi mo na kailangang isalin ang ل)	اغْفِرْ لِي

Minsan, ang pang-ukol ay wala sa Arabik pero kailangan sa Filipino..

Ako ay humihingi ng kapatawaran <b>ng</b> Allah (kailangan mong magdagdag ng “ng” sa Filipino)	أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ
Maawa kayo <b>sa</b> akin (kailangan mong magdagdag ng “sa” sa Filipino)	وَارْحَمْنِي

3. Ang pagpapalit ng pang-ukol ay humahantong sa pag-iiba ng mga kahulugan. Ito ay pwedeng totoo sa kahit anong wika. Halimbawa, sa Filipino, mayroon tayong: para kay, ayon kay, tungkol kay, laban kay. Ganoon din sa Arabik. Kumuha tayo ng dalawang halimbawa.

<b><u>Magdasal sa</u></b> iyong Rabb	صَلِّ لِرَبِّكَ (صَلِّ + ل)
<b><u>Magbigay ng kapayapaan sa</u></b> Muhammad (snak)	صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ (صَلِّ + عَلَى)

**Panghalip na Pamatlig:** Pag-aralan natin ang apat na salitang Arabik na ginagamit upang tukuyin ang tao, bagay, o kilos. Ang apat na salitang ito ay nabanggit nang **902 beses** sa Qur’an. Sanayin mo sila gamit ang TPI tulad ng inilarawan sa ibaba.

<b><u>Mga Alituntunin sa Pagsasanay:</u></b> Ituro ang isang daliri sa kahit anong malapit sa iyo tulad ng isang libro at sabihing هَذَا . Ituro ang apat na daliri sa parehong direksyon at sabihing هُوَآء .	<b>Panghalip na Pamatlig</b>	
	ito	هَذَا
	mga ito	هَؤُلَاءِ

Ituro ang isang daliri sa isang taong malayo sa iyo at sabihing ذَلِكْ. Ang direksyon ay hindi dapat sa kanan (para sa هُوَ، هُمْ) o sa harapan (para sa أَنْتَ، أَنْتُمْ) kung hindi sa pagitan. Ituro ang apat na daliri sa parehong direksyon at sabihing أُولَئِكَ.	iyon ذَلِكْ					
	mga iyo <table border="1"> <tr> <td>Magpalaganap</td> <td>Makiusap</td> </tr> <tr> <td colspan="2">Magpalagay Makaramdam</td> </tr> <tr> <td>Magplano</td> <td>Maghalaga</td> </tr> </table>	Magpalaganap	Makiusap	Magpalagay Makaramdam		Magplano
Magpalaganap	Makiusap					
Magpalagay Makaramdam						
Magplano	Maghalaga					

**Aralin 7: Paano ito Matututunan?**

T1: Isalin ang sumusunod.

رَبِّ	زِدْنِي	عِلْمًا 114	(طه: 114)

الَّذِي	عَلَّمَ	بِالْقَلَمِ	(العلق: 4)

أَيُّكُمْ	أَحْسَنُ	عَمَلًا ط	(الملك: 2)

T2: Kanino itinuro ng Allah ang panambitan upang madagdagan ang kaalaman?  
Sag:

T3: Anu-anong mga pagsisikap ang maaari mong gawin pagkatapos mong humingi sa Allah ng kaalaman?  
Sag:

T4: Ang pagpapalit ng pang-ukol ay humahantong sa pag-iiba ng mga kahulugan ng salita/pandiwa. Magbigay ng halimbawa.  
Sag:

T5: Nais ng Allah na tayo ay makipagpaligsahan. Magbigay ng limang mahahalagang sakop ng nasabing paligsahan.

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 7

T1:

<b>b. Batay sa mga halimbawang ibinigay para sa هَذَا، magsulat ng mga simpleng pangungusap gamit ang ibang mga panghalip.</b>	
هَذَا كِتَابٌ	هَذَا
	هَؤُلَاءِ
	ذَلِكَ
	أُولَئِكَ

<b>a. Isulat ang mga kahulugan ng mga sumusunod na panghalip.</b>	
	هَؤُلَاءِ
	ذَلِكَ
	هَذَا
	أُولَئِكَ

<b>T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.</b>	
فَمِنْهُمْ	
وَإِلَيَّ	
وَفِيهَا	
وَمِنْكَ	
وَعَلَيْكُمْ	

<b>T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.</b>	
<b>Natuto at nagturo</b>	
<b>Natuto sa pamamagitan ng panulat</b>	
<b>Dagdagan mo ako ng kaalaman</b>	
<b>Kaya kayo</b>	
<b>At mula sa kanila</b>	

Pagkatapos makumpleto ang 8 aralin, ikaw ay matututo ng **56 na bagong** salita, na nabanggit nang **25457** beses sa Qur'an.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## 8. SURAH AL-ASR (Surah Blg. 103)

Panimula: Ang munting Surah na ito ay nagbigay ng paraan upang maiwasan ang kawalan. Paano ililigtas ang sarili sa pamamagitan ng paggawa ng tama.

﴿أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ﴾ بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ﴿﴾

<b>وَالْعَصْرِ</b>	
<b>Sa oras,</b>	
وَ	الْعَصْرِ
Dalawang kahulugan ng وَ: (1) at; (2) sa (panunumpa)	ang oras

- Maraming Surah sa Qur'an ang nagsisimula sa parehong panunumpa, tulad ng وَالْفَجْرِ، وَالشَّمْسِ، وَاللَّيْلِ، وَالنَّجْمِ، وَالسَّمَاءِ
- Ang Allah ay nagsagawa ng panunumpa sa oras. Ang oras ay saksi sa kung ano pa ang nasabi pagkatapos ng panunumpang iyon.

65	51
إِنَّ	حُسْرٍ ۚ
الْإِنْسَانَ	لَفِي
<b>Sa katunayan</b>	<b>ang sangkatauhan</b>
<b>(ay) tiyak na nasa</b>	<b>kawalan</b>
nabanggit sa Qur'an nang 1532 beses! إِنَّ اللَّهَ مَعَ الصَّابِرِينَ	tao : إِنْسَان ang tao, sangkatauhan : الْإِنْسَانَ
	فِي نَاسٍ nasa
<b>Pagsasalin:</b> Sa katunayan, ang sangkatauhan ay tiyak na nasa kawalan.	

- Sa ayah na ito, natuklasan natin na upang maipakita ang halaga ng paksa, ang Allah ay nagbigay ng tatlong natatanging diin: (1) Siya ay nanumpa; (2) gumamit ng إِنَّ; at (3) gumamit ng لَ.
- May pang-apat na diin sa pamamagitan ng إِلا. Sa isang klase ng 100 mag-aaral, kung 95 ang bumagsak sa pagsusulit, sasabihin ba nating, “Lahat ay pumasa maliban sa 95?” Hindi! Sasabihin nating, “Lahat ay bumagsak maliban sa lima,” nagpapahiwatig na ang sumunod sa salitang “maliban” ay minorya/kakaunti. Samakatwid, karamihan sa sangkatauhan ay nasa kawalan.
- Sa tuwing pinakikinggan natin ang bersong ito, dapat nating palawigin ang ating pansin at muling isipin kung ano ang ginagawa natin upang maiwasan ang kawalan!

666	1080
إِلَّا	الَّذِينَ
الْأَمْنُوا	وَعَمِلُوا
<b>Maliban</b>	<b>silang mga</b>
<b>naniwala</b>	<b>at gumawa ng</b>
صِرَاطَ الَّذِينَ	عَمِلُوا
لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ	Gumawa sila
	صَالِحٍ ← صَالِحُونَ، صَالِحِينَ

	أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ	pananalig		صَالِحَةٌ ← صَالِحَات
<b>Pagsasalin:</b> Maliban silang mga naniwala at gumawa ng mga mabubuting gawain.				

- Atin munang pag-isipang mabuti ang dalawang bagay na nabanggit dito: pananampalataya at mga mabubuting gawain.
- O Allah! Igawad mo sa akin ang tama, buo, at matatag na pananampalataya.
- **Maghalaga:** Mayroon akong pananampalataya ngunit ano ang kalagayan ng aking pananampalataya? Ilang beses sa isang araw ko iniisip ang Allah, ang kabilang-buhay, ang dalwang anghel, at ang Shaitan na sinasamahan ako buong araw? Gaano katibay ang pananalig ko sa tadhana? Sinasabi ko bang: Bakit ito nangyari sa akin? O tinatanggap ko ito bilang pagsubok ng Allah at ginagawa ko ang aking makakaya upag malagpasan ito?
- Ano ang kalagayan ng aking pananalig sa Aklat ng Allah? Mayroon lang ba akong pananalig o nagsusumikap akong makabuo ng relasyon dito sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsasagawa nito?
- Ang Qur'an ay may kinalaman sa mga bahagi ng ating paniniwala. Ang pagbigkas sa Qur'an nang may pang-unawa at pag-aaral sa Hadith ay nagpapatibay at nagpapalaki ng ating pananampalataya.
- Ang Iman (pananampalataya) ay hindi sapat upang iligtas ako sa kawalan. Ang mga mabubuting gawain ay mahalaga rin. Ano ang kalidad ng aking Salah, pag-aayuno, Zakah, kaugalian, moralidad, pakikitungo, atbp?

247					
وَتَوَاصَوْا		بِالْحَقِّ	وَتَوَاصَوْا		بِالصَّبْرِ
<b>At pinayuhan ang isa't isa</b>		<b>sa katotohanan,</b>	<b>at pinayuhan ang isa't isa</b>		<b>sa pagtitiyaga.</b>
و	تَوَاصَوْا	حَقٌّ : katotohanan	و	تَوَاصَوْا	صَبْرٌ
at	Payuhan ang isa't isa		at	Payuhan ang isa't isa	Pagtitiyaga, pagtitiis
<b>Pagsasalin:</b> At pinayuhan ang isa't isa sa katotohanan, at pinayuhan ang isa't isa sa pagtitiyaga.					

- Ang Iman at mga mabubuting gawain ay hindi sapat. Kailangan mo ring payuhan ang iba sa katotohanan at pagtitiyaga.
- Saan matatagpuan ang katotohanan? Sa Qur'an at sa Sunnah ng Propeta, snak. Kung hindi natin nauunawaan ang Qur'an, paano natin maipapalaganap ang katotohanan sa iba?
- Sa maraming kabanata ng Qur'an, inilarawan ng Allah kung paano nagpayo sa mga tao ang mga propeta at mensahero tungkol sa katotohanan, pagkamakatwiran, at pagtitiyaga. Matuto sa kanilang mga paraan.
- Sa ayah na ito, tinukoy ng Allah ang mga tao sa anyong maramihan! Iyon ay '*silang* mga gumawa ...' Ito ay nagpapakita na dapat tayong magtrabaho bilang isang pangkat at magpayo sa isa't isa na sundin ang Allah sa bawat aspeto ng ating buhay.
- Maaari ka nang magsimula ngayon sa pamamagitan ng pagpili ng isang kaibigan sa klaseng ito at hingin mong maging kapareha siya sa pagpayo sa isa't isa na aralin ang Qur'an at magsanay hanggang sa pagtatapos nito.
- Ang pagtitiyaga (Sabr) ay may tatlong uri: (1) Pagtitiyaga sa paggawa ng mabubuting gawain kabilang ang Da'wah; (2) pagtitiyaga sa paglayo sa mga kasalanan; at (3) pagtitiis habang dumaranas ng paghihirap, kasakitan, atbp.
- Kapag sinasabihan natin ang ating anak na "Kumuha ng Karunungan", mayroon tayong detalyadong plano para sa kanyang edukasyon. Mayroon ba tayong kaparehong plano sa pagpapayo sa mga tao sa tamang landas?



- Ang Propeta (snak) ay nagsabing, “Walang sinuman sa inyo ang tunay na naniniwala hanggang sa hilingin niya para sa kanyang kapatid ang anumang hinihiling niya para sa kanyang sarili.” Ang lahat ng sangkatauhan ay mga kapatid natin mula kay Adam at Eba, kaya dapat nating hilingin para sa sangkatauhan ang katulad ng nais natin para sa ating mga sarili, kabilang na ang mensahe ng Islam. Upang mapalaganap ang mensahe, kailangan muna nating makilala ang ating mga sarili.

**BALARILA:** Sa mga nakaraang aralin, natutunan natin ang tungkol sa mga pangngalan at letra/titik. Simula sa araling ito, pagtutuunan natin ng pansin ang pandiwa.

Ang pandiwa ay salitang tumutukoy sa kilos. Halimbawa: فَتَحَ (binuksan niya), نَصَرَ (tinulungan niya), يَشْرَبُ (umiinom siya o iinom siya), atbp.

Ang mga pandiwa at pangngalan sa Arabik ay kadalasang binubuo ng tatlong titik, halimbawa:

ضَرَبَ، نَصَرَ، فَعَلَ. Sa wikang Arabik, mayroon lamang dalawang panahunan; فعل ماضٍ (Pangnagdaang Panahunan) at فعل مضارع (Pangkasalukuyan o Panghinaharap). Sa araling ito, pag-aaralan natin ang فعل ماضٍ (Pangnagdaang Panahunan), na nangangahulugang ang gawain ay natapos na. Tayo ay magpakadalubhasa sa anim na anyo ng فعل ماضٍ sa pamamagitan ng TPI. Ang kapamaraan ay ipinaliwanag sa baba:

- Kapag sinabi mong فَعَلَ (Siya ang gumawa), ituro ang hintuturo ng kanang kamay papunta sa iyong kanan at isipin mong may taong nakaupo sa kanan mo. Panatilihin ang bisig sa antas ng dibdib sa isang pahalang na posisyon. Kapag sinabi mong فَعَلُوا (Sila ang gumawa), ituro ang apat na daliri ng iyong kanang kamay sa parehong direksyon.
- Kapag sinabi mong فَعَلْتَ (Ikaw ang gumawa), ituro ang hintuturo ng kanang kamay sa iyong harapan. Kapag sinabi mong فَعَلْتُمْ (Kayo ang gumawa), ituro ang apat na daliri ng iyong kanang kamay sa parehong direksyon. Sa isang klase, ang guro ay dapat na ituro ang kaniyang mga daliri sa kaniyang mga estudyante at ang mga estudyante naman ay dapat na ituro ang kanilang mga daliri sa kanilang guro.
- Kapag sinabi mong فَعَلْتُ (Ako ang gumawa), ituro ang hintuturo ng kanang kamay sa iyong sarili. Kapag sinabi mong فَعَلْنَا (Kami ang gumawa) ituro ang apat na daliri ng iyong kanang kamay sa iyong sarili.

Tandaan, ang direksyon ng kanang kamay ay kumakatawan sa panlalaking kasarian at ang kaliwang kamay ay para sa pambabaeng kasarian.

Siguraduhin mong ang iyong bisig ay nasa pahalang na posisyon sa lahat ng direksyon sa فعل ماضٍ.

Ang mga salitang tumutukoy sa pangnakaraang panahunan ay naka-*italic* (nakasulat nang pahilis). Dahil ang kilos ay natapos na, ang mga titik ay ipinapakitang patagilid.


Depende sa **panauhan** (ikatlo, ikalawa, una) **bilang** (isahan o maramihan) o **kasarian** (panlalaki o pambabae), ang katapusan ng mga salita ng katumbas na anyo ng pangnakaraang panahunan ay nagbabago. Ang pagbabago ay nagpapakita kung sino ang gumawa ng kilos.

Kung ikaw ay nakatayo sa gitna ng kalsada, makikita mo ang likuran ng isang sasakyan, trak, o dyip na dumaa. Ang anumang

Pangnakaraang Panahunan	فعل ماضٍ	Panauhan
Siya ay gumawa.	فَعَلَ	Ikatlo
Sila ay gumawa.	فَعَلُوا	
Ikaw ay gumawa.	فَعَلْتَ	Ikalawa
Kayo ay gumawa.	فَعَلْتُمْ	


nawala o umalis ay kumakatawan sa nakaraan. Ang pagtingin sa likurang bahagi ay sapat na upang malaman mo kung anong uri ng sasakyan ang dumaan. Sa halip na iguhit lahat ito, nagpakita kami ng eroplaning lilipad na habang ikaw ay nasa gitna ng paliparan. Sa pamamagitan ng pagtingin sa dulong mga letra, masasabi mo kung sino ang gumawa ng kilos, ikaw, siya, o ako. Ang mga dulong salitang ito ay: (ء، وا، ت، تُم، ت، نا).

<b>Ako ay gumawa.</b>	فَعَلْتُ	<b>Una</b>
<b>Kami ay gumawa.</b>	فَعَلْنَا	



**Lubhang mahalaga na matutunan mo nang lubasan ang mga anyong ito dahil ito ay nabanggit nang halos 9000 beses sa Qur'an. Sa karaniwan, bawat ikasampung salita sa Qur'an ay batay sa anyong ito. Gumugol ng hindi bababa sa 5 hanggang 10 minuto sa pagkakabisado sa mga anyong ito.**

Subukan nating intindihin ang konseptong nabanggit sa pamamagitan ng isa pang halimbawa:



Isipin mong may nagtanim ng puno ng mangga ilang taon na ang nakakaraan. Ang puno ay mataas na at namumunga. Ang taong gumawa ng kilos (nagtanim ng puno) ay nakatayo sa ilalim ng puno. Kapag tumingin tayo sa larawang ito, ang una nating makikita ay ang MALAKING BAGAY, ang puno (ang resulta ng kanyang kilos فعل) at pagkatapos ay makikita natin ang MAS MALIIT NA BAGAY, ang taong gumawa ng kilos (نَا تَ تُمْ تَ). Sa pangnakaraang panahunan ang kilos ang unang bahagi ng pandiwa (فَعَلَ), na susundan ng bahaging nagpapakita kung sino ang gumawa ng kilos (نَا تَ تُمْ تَ).

Ang paglalagay ng قَدْ ay nagbibigay ng karagdagang diin sa pangnakaraang panahunan.		Panauhan
Siya na ang gumawa (niyon).	قَدْ فَعَلَ	Ikatlong Panauhan
Sila na ang gumawa (niyon).	قَدْ فَعَلُوا	
Ikaw na ang gumawa (niyon).	قَدْ فَعَلْتِ	Ikalawang Panauhan
Kayo na ang gumawa (niyon).	قَدْ فَعَلْتُمْ	
Ako na ang gumawa (niyon).	قَدْ فَعَلْتُ	Unang Panauhan

Kami na ang gumawa (niyon).	قَدَفَعْنَا						
<table border="1"> <tr> <td data-bbox="1129 226 1284 264">Magpalaganap</td> <td data-bbox="1284 226 1444 264">Makiusap</td> </tr> <tr> <td colspan="2" data-bbox="1198 264 1369 320">Magpalagay Makaramdam</td> </tr> <tr> <td data-bbox="1129 320 1284 365">Magplano</td> <td data-bbox="1284 320 1444 365">Maghalaga</td> </tr> </table>		Magpalaganap	Makiusap	Magpalagay Makaramdam		Magplano	Maghalaga
Magpalaganap	Makiusap						
Magpalagay Makaramdam							
Magplano	Maghalaga						

**Aralin 8: Surah Al-Asr**

T1: Isalin ang sumusunod.

لَفِي خُسْرٍ ۝۲	إِنَّ	الْإِنْسَانَ	وَالْعَصْرِ ۝۱
الصَّلٰحٰتِ	وَعَمِلُوا	امْنُوًا	الَّذِينَ إِلَّا
بِالصَّبْرِ ۝۳	وَتَوَاصَوْا	بِالْحَقِّ ۝	وَتَوَاصَوْا

T2: Bakit ang Allah ay gumawa ng panunumpa “Sa Oras”?

Sag:

T3: Anu-ano ang mga kailangan upang magtagumpay ang isang tao?

Sag:

T4: Saan mo mahahanap ang katotohanan?

Sag:

T5: Ilang uri mayroon ang Sabr?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 8

**T1: Isulat nang tatlong beses ang anim na anyo ng pangnakaraang panahunan فَعَلَ at isulat ang kanilang mga kahulugan:**

Pagsasalin	فعل ماضي	فعل ماضي	فعل ماضي	Bilang عدد	Person
				isa. واحد	<b>Ikatlo</b> غائب
				mar. جمع	
				isa. واحد	<b>Ikalawa</b> حاضر
				mar. جمع	
				isa. واحد	<b>Una</b> متكلم
				mar. جمع dal. مثلى	


**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

مَنْ فَعَلَ هَذَا	
وَفَعَلَتْ	
مِنْ رَبِّكَ	
فِي دِينِهِمْ	
إِلَى رَبِّكَ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

<b>Ako ang gumawa nito</b>	
<b>Sa kawalan</b>	
<b>Naniwala at gumawa ng mabuti</b>	
<b>Iyong relihiyon at aking relihiyon</b>	
<b>Aking pangalan at iyong pangalan</b>	

Pagkatapos makumpleto ang 9 na aralin, ikaw ay matututo ng **59 na bagong** salita, na nabanggit nang **26410** beses sa Qur'an.



## 9. SURAH AN-NASR (Surah Blg. 110)

Panimula: Ayon kay Abdullah bin Abbas, nawa'y ikalugod siya ng Allah, ang Surah na ito ay ang huling BUONG Surah sa Qur'an na ipinahayag sa Propeta (snak) [Muslim, Nasai]. Pagkatapos nitong Surah, ilan sa mga taludtod ng ibang mga Surah ang ipinahayag. Ang mga kaaway ng Islam ay nagapi sa Arabia at ang mga tao ay pangkat-pangkat na tinatanggap ang Islam dahil wala nang nananakot sa kanila o nanlilito sa kanila sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga maling bagay tungkol sa Islam. Nagkaroon sila ng kalayaang tanggapin ito.

﴿أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ﴾ بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ﴿﴾

454				
إِذَا	جَاءَ	نَصْرُ اللَّهِ	وَالْفَتْحُ ﴿٢﴾	
<b>Kapag</b>	<b>dumating</b>	<b>ang Tulong ng Allah</b>	<b>at ang Tagumpay</b>	
إِذَا : kapag, kailan	جَاءَ : dumating إِذَا جَاءَ : kapag (ito) ay dumating	نَصْرُ : tulong	و	الْفَتْحُ
			at	tagumpay; pagbubukas
<b>Pagsasalin:</b> Kapag dumating ang tulong ng Allah at ang tagumpay				

- Ang salitang إِذَا ay nabanggit nang 239 na beses at ang إِذَا ay nabanggit nangs 454 na beses sa Qur'an. Pareho silang nangangahulugan ng kapag (pangatnig) o kailan (pang-abay).
- Ang tulong ng Allah ay nangangahulugan ng pangigingibabaw ng katotohanan sa lahat ng iba pa. Ang kahulugan ng نَصْرُ اللَّهِ ay nagbabadya na maaari lamang nating subukan at ang resulta ay manggagaling lamang sa Allah. Samakatuwid, dapat nating hingin ang Kanyang tulong sa ating pang-araw-araw na mga buhay.
- Ang tagumpay rito ay tumutukoy sa Pananakop sa Makkah noong ikasampung taon ng Hijrah. Kapag isinakripisyo ng mga naniniwala ang lahat-lahat para sa landas ng Allah, tiyak na padadalhan sila ng tulong ng Allah.
- **Makiusap:** O Allah! Igawad mo sa amin ang iyong tulong at tagumpay.
- **Maghalaga:** Inabot ng 23 taon ng pagsusumikap at buong debosyon sa Allah bago Niya ibinigay ang tagumpay. Ano ang nagawa natin para sa Islam?
- **Magplano:** Ano ang magagawa ko ngayon, ngayong lingo, o sa kasalukuyang antas ng aking buhay? Ang isang tao ay dapat na gumawa ng indibidwal at pangkalahatang plano upang matanggap natin ang tulong at tagumpay mula sa Allah. Ang isang tao ay dapat na gugulin ang kanyang pera, oras, pamamaraan, at kakayahan upang paglingkuran ang Deen ng Islam. Kung ikaw ay isang mag-aaral, gawin mo ang makakaya mo upang manguna sa pag-aaral upang mapaglingkuran mo ang Islam sa pinakamainam na paraan.

242						
وَرَأَيْتَ	النَّاسَ	يَدْخُلُونَ	فِي دِينِ اللَّهِ	أَفْوَاجًا ﴿٢﴾		
<b>At iyong makikita</b>	<b>ang mga tao</b>	<b>na pumapasok</b>	<b>[sa] relihiyon ng Allah</b>	<b>Nang pangkat-pangkat / pulutong,</b>		
و	رَأَيْتَ	إِنْسَانٍ : tao	دُخُولٍ pagpasok	فِي	دِينِ	اللَّهِ
at	iyong nakita	نَاسٍ : mga tao	خُرُوجٍ paglabas	sa	relihiyon	Allah
<b>Pagsasalin:</b> At makita mo ang pangkat-pangkat ng mga taong pumapasok sa relihiyon ng Allah						

- Ang ‘ang mga tao’ ay tumutukoy sa iba-ibang tribo ng Arabia na pumasok sa Islam pagkatapos ng pananakop sa Makkah.
- Dalawa ang kahulugan ng Deen: (1) Paghuhukom (2) Pamamaraan ng buhay. Ang tinutukoy dito ay pamamaraan ng buhay. Sa taludtod na ito, ito ay nangangahulugan na ang mga taong iyon ay naging mga Muslim.
- Ayon sa taludtod sa itaas, ano ang kinalabasan ng tagumpay at tulong mula sa Allah? Mga taong nagagabayan at pumapasok sa Islam. Humihingi ba tayo ng tagumpay para sa layuning ito? Tinutulungan ba natin ang iba na maintindihan ang Islam at sundin ito?

فَسَبِّحْ		بِحَمْدِ		رَبِّكَ	وَاسْتَغْفِرْهُ ۗ		
Kung gayon luwalhatiin		nang may kasamang pagpupuri		(ang) iyong Panginoon	at hingin ang kapatawaran Niya		
فَ	سَبِّحْ	بِ	حَمْدِ	Nag-aalaga sa atin at tumutulong upang tayo ay umunlad	وَ	اسْتَغْفِرْ	هُ
Kung gayon	luwalhatiin	may kasama	pagpupuri		at	hingin ang kapatawaran	Niya
<b>Pagsasalin:</b> Kung gayon, luwalhatiin mo nang may pagpupuri ang iyong Panginoon at humingi ka ng kapatawaran mula sa Kanya.							

- سَبِّحْ ay nangangahulugang “sabihin mo ang: SubhanAllah”. Ang ibig-sabihin nito ay malaya ang Allah mula sa kamalian, pagkukulang, o di-kaganapan. Hindi Niya kailangan ang tulong ng sinuman. Hindi Siya mahina at hindi Siya nahihirapan sa kahit na sino. Wala Siyang anak o ama. Wala Siyang kahati sa Kanyang Katauhan, Katangian, Karapatan, at Kapangyarihan
- Sa pamamagitan ng pagsasabi ng SubhanAllah ay atin ding kinikilala ang Kanyang walang-hanggan at walang-kamaliang karunungan. Ang pagsubok sa buhay na ito na ating pinagdaraan ay isang perpektong pagsusulit. Hindi tayo dapat na magreklamo sa kahit anong bahagi ng ating tadhana (Qadr). Kung ikaw ay magrereklamo, iyong sinasalungat ang SubhanAllah. Sa halip, dapat ay patuloy tayong magdasal sa Allah na gawin Niyang madali ang mga pagsusulit at pagsubok sa ating araw-araw na buhay.
- Paano mo pupurihin siya kung mayroon kang reklamo, gaano man ito kaliit? Ito ang dahilan kung bakit madalas nating makita ang mga salitang Alhamdulillah na binabanggit pagkatapos ng Tasbeeh.
- Ang ating Tasbeeh at Hamd ay madalas na may depekto at kamalian. Samakatwid, dapat nating hingin lagi ang Kanyang kapatawaran. Sa tuwing magkakaroon tayo ng pagkakataon na gumawa ng mabuti, agad nating gawin ang Tasbeeh, Hamd at humingi ng kapatawaran.

اِنَّهُ	كَانَ	تَوَّابًا
Sa katunayan, Siya	ay	Palaging Mapagpatawad
اِنَّ : اِنَّ اللهَ مَعَ الصَّابِرِينَ Sa katunayan ang Allah ay kasama ng mga mapagtiis	Ang كَانَ ay karaniwang ginagamit sa pangnakaraan. Para lamang sa Allah, ang كَانَ ay ginamit sa pangkasalukuyan.	تَابَ : lumihis siya na lumihis تَابَ : siya na madalas lumihis تَوَّابٌ - تَوَّابُونَ، تَوَّابِينَ
<b>Pagsasalin:</b> Sa katunayan, <u>Siya</u> ay palaging mapagpatawad.		

- Ito ay isang malaking tanda ng kaginhawahan at magandang balita para sa mga nagkasalang tulad natin. Hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa sa awa ng Allah. Taimtim na magsisi, alalaong baga'y, tanggapin na ikaw ay nagkasala, magsisi, at magkaroon ng matibay na hangaring hindi na uulit sa iyong kasalanan. Palaging magkaroon ng matibay na paniniwalang ang Allah ay tatanggapin ang iyong pagsisisi.
- **Halimbawa:** Kung ako ay gutom na gutom at may nagsabi sa akin na siya ay nagpapakain ng daan-daang tao, hindi ko ba siya agad na hihingan ng pagkain? Gayon din, sa bersong ito, sinabi ng Allah ang tungkol sa Kanyang napakalaking pagpapatawad. Kaya dapat ay agarang gamitin ang pagkakataon at humingi ng kapatawaran sa Allah.

**BALARILA:** Sa huling aralin ay natutunan natin ang Pangnakaraang Panahunan (فعل ماضي) na kumakatawan sa kilos na naisagawa na. Ngayon naman ay matututunan natin ang (فعل مضارع) na tumutukoy sa kasalukuyan at hinaharap na panahunan. Kinakatawan nito ang kilos na hindi pa naisasagawa, isinasagawa na, o isasagawa pa lang.

Magsanay sa mga anyo ng فعل مضارع gamit ang TPI katulad ng pagsasanay mo sa فعل ماضي maliban sa mga sumusunod:

1. Panatilihin ang kamay na kapantay ng iyong mata hindi ng dibdib. Sa فعل ماضي, ang kilos ay natapos na kaya ang antas ng kamay ay mababa. Sa فعل مضارع, ang kilos ay isasagawa pa lang o isinasagawa na kaya dapat ang antas ng kamay ay mataas.
2. Magsanay sa mataas na tono para sa فعل مضارع kasalungat ng mababang tono para sa فعل ماضي. Anumang nagawa na ay nakaraan na, tapos na. Kaya, ang boses ay mababa para sa فعل ماضي.

Ang mga salita ay nakalihis sa Pangnagdaang Panahunan (فعل ماضي) at tuwid naman para sa Pangkasalukuyan o Panghinaharap na Panahunan (فعل مضارع). Ito ay para muling maipakita na ang kilos ay tapos na para sa Pangnagdaang Panahunan kaya ang mga salita ay 'nagpapahinga' na. Ang mga salita para sa Pangkasalukuyan o Panghinaharap na Panahunan ay ipinapakita nang matuwid dahil ang kilos ay nangyayari pa lang o magsisimula na.

Sa mga anyo ng فعل ماضي, ang katapusan ay nagbabago. Para sa mga anyo ng فعل مضارع, ang pagbabago ay nagaganap sa unahan. Para maalaala ito ay gamitin ang mga sumusunod na payo:

Kung ikaw ay nakatayo sa gitna ng daan, ang makikita mo lamang ay ang unahang bahagi ng isang sasakyan, trak, o dyip na papunta sa iyo. Ang anumang paparating ay kumakatawan sa فعل مضارع. Ang pagtingin sa unahang bahagi ay sapat na upang malaman mo kung anong uri ng sasakyan ang paparating. Sa halip na gumuhit ng iba't-ibang sasakyan, nagpakita kami ng isang papalapag na eroplano habang nakatayo ka sa gitna ng paliparan. Sa pamamagitan ng pagtingin sa unahang letra, masasabi mo kung sino ang gumagawa o gagawa ng kilos, ikaw, siya, o ako. Ang mga unahang salita na


Pangkasalukuyan o Panghinaharap na Panahunan	فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Panauhan
Siya ay gumagawa. gagawa.	يَفْعَلُ	<i>Ikatlo</i>
Sila ay gumagawa. gagawa.	يَفْعَلُونَ	
Ikaw ay gumagawa. gagawa.	تَفْعَلُ	<i>Ikalawa</i>
Kayo ay gumagawa. gagawa.	تَفْعَلُونَ	
Ako ay gumagawa. gagawa.	أَفْعَلُ	<i>Una</i>
Kami ay gumagawa. gagawa.	نَفْعَلُ	



ito ay: (يَتَأَن).

--	--

Sa pagdagdag ng لا ang pangungusap ay nagiging negatibo	سَ : sa lalong madaling panahon (Walang oras para sabihing سَوْف)	سَوْف : sa madaling panahon	Panauhan
Siya ay hindi gumagawa. لَا يَفْعَلُ	Siya ay gagawa sa lalong madaling panahon. سَيَفْعَلُ	Siya ay gagawa sa madaling panahon. سَوْفَيَفْعَلُ	<b>Ikatio</b>
Sila ay hindi gumagawa. لَا يَفْعَلُونَ ن	Sila ay gagawa sa lalong madaling panahon. سَيَفْعَلُونَ ن	Sila ay gagawa sa madaling panahon. سَوْفَيَفْعَلُونَ	
Ikaw ay hindi gumagawa. لَا تَفْعَلُ	Ikaw ay gagawa sa lalong madaling panahon. سَتَفْعَلُ	Ikaw ay gagawa sa madaling panahon. سَوْفَتَفْعَلُ	<b>Ikalawa</b>
Kayo ay hindi gumagawa. لَا تَفْعَلُونَ	Kayo ay gagawa sa lalong madaling panahon. سَتَفْعَلُونَ ن	Kayo ay gagawa sa madaling panahon. سَوْفَتَفْعَلُونَ	
Ako ay hindi gumagawa. لَا أَفْعَلُ	Ako ay gagawa sa lalong madaling panahon. سَأَفْعَلُ	Ako ay gagawa sa madaling panahon. سَوْفَأَفْعَلُ	<b>Una</b>
Kami ay hindi gumagawa. لَا نَفْعَلُ	Kami ay gagawa sa lalong madaling panahon. سَنَفْعَلُ	Kami ay gagawa sa madaling panahon. سَوْفَنَفْعَلُ	



**PANGALAWANG PAYO UPANG MATANDAAN ANG PANGKASALUKUYAN AT PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN (Pagtatanim ng puno).**

Isipin mo ang iyong kaibigang si Yasir na nakaupo sa bandang kanan mo at nagtatanim ng isang halaman. Si Yasir ay mukhang napakalaki katabi ang maliit na halaman kaya siya ang una mong makikita. Tandaan ang **ي** sa ياسر. Ang **ي** ay tumutukoy sa unang letra ng **يَفْعَلُ**. Kapag napakaraming ‘Yasir’ ang nagtrabaho, maririnig natin ang **ون**, na tumutukoy sa dulo ng **يَفْعَلُونَ** !

Gayon din, isipin mo na si G. Tawfeeq ay nasa harapan mo at nagtatanim ng halaman. Si Tawfeeq ay magmumukhang napakalaki sa harap ng maliit na halaman kaya siya ang una mong makikita. Ang **ت** sa توفيق ay tumutukoy sa **ت** ng **تَفْعَلُ**. Kapag napakaraming ‘Tawfeeq’ ang nagtrabaho, maririnig natin ang **ون**, na tumutukoy sa dulo ng **تَفْعَلُونَ** !

Mayroon tayong **أنا** para sa Ako. Ang **أ** mula sa **أنا** ay tumutukoy sa **أ** ng **أَفْعَلُ**.

Ang **ن** ng **نحن** ay tumutukoy sa **ن** ng **نَفْعَلُ**. Tandaan na ang salita ay **نَفْعَلُ** at hindi **نَفْعَلُونَ**. Kapag tayo (**نحن**) ay nagtatrabaho, dapat natin itong gawin nang tahimik! Huwag tayong gumawa ng ingay (**ون**)!

**Tandaan:** Sa madaling salita, sa pangnakaraang panahunan, ang dulo ang nagbabago ( **وَأَتَمُّتْ** ) para naman sa pangkasalukuyan at panghinaharap na panahunan, ang unahan ang nagbabago ( **يَنَا** ) ( **تَأْنِ** ).

**Tinatayang may 8000 salita mula sa Qur'an ang nasa pangkasalukuyan at panghinaharap na panahunan, alalaong baga'y, halos bawat ikasampung salita sa Qur'an! Pag-aralan mo nang**

maigi at gumugol ng hindi bababa sa 5 hanggang 10 minuto sa pagkakabisado sa mga anyong ito.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## Aralin 9: Surah An-Nasr

T1: Isalin ang sumusunod.

وَٱلْفَتْحُ ۝۱	نَصْرُ ٱللَّهِ	جَآءَ	إِذَا
أَفْوَاجًا ۝۲	فِي دِينِ ٱللَّهِ	يَدْخُلُونَ	ٱلنَّاسَ وَرَأَيْتَ
وَٱسْتَغْفِرُهُ ۝۳	رَبِّكَ	بِحَمْدِ	فَسَبِّحْ
كَانَ تَوَّابًا ۝۴	إِنَّهُ ۝		

--	--

T2: Kailan inihayag ang Surah na ito?

Sag:

T3: Ipaliwanag ang kaibahan ng تسبيح at حمد?

Sag:

T4: Ano ang kahulugan ng Tulong ng Allah at ang tagumpay ng Surah na ito?

Sag:

T5: Anu-anong mga aral ang makukuha natin mula sa Surah An-Nasr?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 9

**T1: Isulat nang tatlong beses ang anim na anyo ng pangkasalukuyan at panghinaharap na panahunan يَفْعَلُ at isulat ang kahulugan nito:**

Pagsasalin	فعل مضارع	فعل مضارع	فعل مضارع	عدد Bilang	Panauhan
				isa. واحد	<b>Ikatlo</b> غائب
				marl. جمع	
				isa. واحد	<b>Ikalawa</b> حاضر
				mar. جمع	
				isa. واحد	<b>Una</b> متكلم
				mar. جمع dal. مثنى	

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

مَنْ يَفْعَلُ ذَلِكَ	
إِنَّ اللَّهَ يَفْعَلُ	
إِلَى يَوْمِ الدِّينِ	
مَعَ كِتَابِهَا	
وَعَلَى اللَّهِ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

<b>Siya ay gumawa at ako ay gumawa</b>	
<b>Sila ay gumawa at ikaw ay gumawa</b>	
<b>Siya ay gumagawa at ako ay gumagawa</b>	
<b>At kami ay gumagawa</b>	
<b>Ako ay ginagawa ito</b>	

## 10. SURAH AL-IKHLAAS (Surah Blg. 112)

**Panimula:** Ito ay isang maliit ngunit lubhang mahalagang Surah. Kung bibigkasin mo itong Surah sa Salah, huwag mong gagawin dahil lamang sa ito ay maliit na Surah ngunit isaisip mo ang katuturan at kahalagahan nito.

- Katumbas nito ang isang-katlo (1/3) ng Qur'an.
- Sinasagot nito ang mga pangunahing tanong, alalaong baga'y, sino ang dapat nating sambahin at nararapat na maging Diyos.
- Naging Sunnah ng Propeta (snak) na bigkasin itong Surah kasama ang dalawang huling Surah ng Qur'an isang beses pagkatapos ng bawat kailangang Salah (*Fard*) at tatlong beses pagkatapos ng Fajr at Maghrib.

﴿أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ﴾ ﴿بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ﴾

قُلْ	هُوَ	اللَّهُ	*85 أَحَدٌ
Magsabi	Siya	(ang) Allah	(ang) nag-iisa
nabanggit sa Qur'an nang daan-daang beses	Siya ang Allah هُوَ اللَّهُ		Isa وَاِحْدٌ nag-iisa lamang أَحَدٌ
<b>Pagsasalin:</b> Magsabi, Siya ang Allah, ang Nag-iisa.			

- Ang Allah ay nag-iisa lamang. Kumuha tayo ng apat na importanteng aspeto ng Kaniyang Kaisahan sa mga halimbawanng ito:
  1. Siya ay nag-iisa sa Kanyang katauhan. Wala Siyang kapareha o kamag-anak, walang anak o ama.
  2. Siya ay nag-iisa sa Kanyang katangian. Walang sinuman ang may kaalaman sa mga hindi nakikita, walang sinuman ang maaaring makarinig, makatulong, o makikita sa paraang nagagawa ng Allah.
  3. Siya ay nag-iisa sa Kanyang mga karapatan. Halimbawa, Siya lang ang may karapatang sambahin.
  4. Siya ay nag-iisa sa Kanyang kapangyarihan. Halimbawa, Siya lang ang may karapatang ipahayag ang isang bagay na matuwid o hindi, pinahihintulutan o hindi pinahihintulutan. Kung tayo ay nasa isang kapaligiran na nakararami ang hindi Muslim, dapat nating ipaliwanag itong karunungan at pagmamahal sa ibang hindi nakakaalam.
- **Du'aa/Makiusap:** O Allah! Tulungan Mo akong sambahin Kang nag-iisa.
- **Maghalaga:** Ilang beses kong sinunod ang aking mga hinahangad? Ayon sa Qur'an, ang pagsunod sa kagustuhan ay paglikha rito na isang diyos [45:23]. Ilang beses akong sumuko sa mga bulong ng Shaitan? Ayon sa Qur'an, ang pagsunod sa Shaitan ay katulad ng pagsamba sa kanya [23:60]. Bakit ako nakinig sa kanya? Dahil ba sa masamang kaibigan, telebisyon, internet?
- **Magplano** na alisin ang mga masasamang bagay sa aking buhay upang masamba ko ang Allah nang nag-iisa.
- **Ipalaganap** ang salita ng Allah. Ang bersong ito ay nag-uumpisa sa "Qul." Dapat nating palaganapin ang mensahe ng Islam sa iba nang may karunungan at kabutihan, katulad ng ginawa ng Propeta Mohammad (snak). Gamitin ang Surah na ito upang maipakalat ang mensahe ng Tawheed at Ikhlalas (katapatan).

الله	الصَّمَدُ 2
<b>Allah,</b>	<b>may Sariling Kasapatan.</b>
Ito ang pangalan ng Allah. Ang natitira ay mga katangian tulad ng Ar-Raheem at Al-Kareem.	الصَّمَدُ: Bawat isa ay kailangan Siya, Siya ay hindi kailngan ang kahit na sino.
<b>Pagsasalin:</b> Ang Allah, may Sariling Kasapatan	

- Bigkasin ang taludtod na ito habang isinasaisip ang katotohanan na ang bawat isa ay kailangan Siya at Siya ay hindi kailangan ang kahit na sino. Pagtantuhin mo na may bilyon-bilyong nilikha kasama na ang mga tao ang nabubuhay dahil sa Kanyang awa, kabutihan, at tuloy-tuloy na suporta.
- Maaari rin tayong magdasal sa Allah: O Allah! Ikaw lamang ang tumutugon sa aking mga pangangailangan sa nakaraan, nawa'y ipagpatuloy mo pa rin ang pagtugon sa mga ito sa hinaharap! O Allah! Gawin Mo akong umaasa sa Iyo lamang at hindi sa sino pa man.

347	347	يُولَدُ 3
لَمْ يَلِدْ	وَلَمْ	Siya ipinanganak,
<b>Siya ay hindi nagkaanak</b>	<b>at hindi rin</b>	<b>Siya ipinanganak,</b>
لَمْ	يَلِدْ	يَلِدْ : magka-anak (tinig tahasan)
Siya ay hindi	nagkaanak	يُولَدُ : ay ipinanganak (tinig balintiyak)
<b>Pagsasalin:</b> Siya ay hindi nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak.		

- Habang binibigkas ang ayah na ito ay dapat nating maramdaman ang responsibilidad na maipabatid ang mensaheng ito sa mahigit dalawang bilyong Kristiyano na may maling paniniwala na si Hesus (snak) ay anak ng Allah.
- Bakit mayroon tayong mga anak? Dahil kapag pagod tayo o nalulungkot, pinapasaya nila tayo. Kapag tumanda na tayo, sila ang magpapatuloy sa ating mga plano at mga pangarap. Ang Allah ay malaya mula sa ganitong mga kahinaan at pangangailangan.
- Subukan mong balikan ang libu-libong, milyon-milyong, at bilyon-bilyong taong lumipas at mag-isip!! At Siya ay palaging naroon. Ganoon din sa hinaharap, at Siya ay palaging nariryan.

وَلَمْ يَكُنْ	لَهُ	كُفْرًا	85* أَحَدٌ 4
<b>At walang anuman</b>	<b>ang sa Kaniya</b>	<b>maihalintulad</b>	<b>kahit sino.</b>
وَ	لَمْ	يَكُنْ	أَحَدٌ : isa (ginagamit para lamang sa Allah)
at	hindi	ay	أَحَدٌ : kahit sino (ginagamit sa negatibong paraan, tulad dito)
<b>Pagsasalin:</b> At walang sinuman ang sa Kanya ay maihalintulad.			

- Walang sinuman ang kapareho o kahalintulad ng Allah sa Kanyang Katauhan, mga Katangian, mga Karapatan, at mga Kapangyarihan. Subukan mong isipin ang lawak ng sansinukob. Bilyun-bilyong sinag-taon ang layo! At walang sinuman ang naroon kung hindi ang Allah, ang tanging Tagapaglikha.
- **Du'aa:** O Allah! Tulungan Mo akong makabuo ng matibay na pananalig na Ikaw ay sapat na para sa lahat ng bagay sa aking buhay.

- **Maghalaga:** Naaalala ko ba ang aspetong ito sa tuwing may kasama akong mga makapangyarihang tao? May tao ba akong kinatatakutan? Umaasa ba ako ng mga pakinabang mula sa kahit na sino?

**Bigkasin mo ito nang may pagmamahal:** Isa sa mga kasamahan ng Propeta (snak) ang bumibigkas ng Surah Al-Ikhlāas na sinusundan ng iba pang Surah sa bawat raka'h ng Salah. Nang tanungin siya ng Propeta (snak) tungkol dito, siya ay sumagot, “Lubusan ang pagmamahal ko rito.” Ang sabi ng Propeta (snak), “Ang pagmamahal mo sa Surah na ito ay magpapasok sa iyo sa Jannah.”

Paano natin mabubuo ang pagmamahal sa Surah na ito? Narito ang isang payo. Kung ikaw ay isang ordinaryong tao at mayroon kang malapit na kamag-anak o kaibigan na isang tanyag na manlalaro o pinuno, hindi mo ba masayang babanggitin ang kanyang pangalan kapag ipinapakilala mo ang iyong sarili sa ibang tao? Ating palawigin ang argumentong ito. Ang Allah ay ating Tagapaglikha at Tagaalalay. Nilikha Niya tayo at ang kamangha-manghang mundong ito para sa atin! Ang pagmamahal Niya para sa atin ay 70 beses na mas malaki kaysa pagmamahal ng isang ina sa kanyang mga anak! Kung gayon ay bakit hindi natin nanaising banggitin ang Kanyang pangalan at purihin Siya palagi? Sabihin mong: Ang aking Allah ay walang kahalintulad sa Kanyang Pagkamalikhain, sa Kanyang karunungan, sa Kanyang Kamahalan, sa Kanyang kapangyarihan, sa Kanyang pagmamahal, sa Kanyang kapatawaran, atbp. Ang ganitong mga damdamin ay InshaAllah tutulungan kang makabuo ng pagmamahal sa Allah at pagbigkas sa Surah na ito nang may pagmamahal.

**BALARILA:** Sa araling ito ay matututo tayo ng dalawang tuntunin sa balarila, InshaAllah.

1. Ang mga tuntunin sa paggawa ng **pautos** at **pumipigil** na anyo ng pandiwa.

<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kapag sinabi mong <b>اَفْعَلْ</b>, ituro ang hintuturo ng iyong kanang kamay sa harapan mo at bahagyang ibaba ang iyong kamay mula sa nakataas na posisyon na para bang inutusan mo ang sinumang nasa harap mo. Kapag sinabi mong <b>اَفْعَلُوا</b>, ulitin ang kanina gamit ang apat na daliri.</li> <li>• Kapag sinabi mong <b>لَا تَفْعَلْ</b>, ituro ang hintuturo ng iyong kanang kamay at pagalawin ito mula kaliwa hanggang kanan na parang hinihiling mo sa sinuman na huwag gagawa ng kahit ano. Kapag sinabi mong <b>لَا تَفْعَلُوا</b>, ulitin ang kanina gamit ang apat na daliri.</li> </ul>	<b>Pumipigil</b> نَهَى	<b>Pautos</b> أَمَرَ
	<b>Huwag mong gawin!</b> لَا تَفْعَلْ	<b>Gawin mo!</b> اِفْعَلْ
	<b>Huwag ninyong gawin!</b> لَا تَفْعَلُوا	<b>Gawin ninyo!</b> اِفْعَلُوا

2. Kapag ang mga panghalip ay ikinabit sa mga pandiwa, sila ay nagiging ‘paksa’. Tingnan ang halimbawa sa ibaba na may pandiwang, **خَلَقَ** (Siya ay lumikha). Tutukan ng pansin ang anyong **خَلَقَنِي** (Siya ay nilikha ako) kung saan ang **بِي** ay ginamit sa halip na **ي**. Ang pandiwa (unang bahagi) ay maaaring Pangnakaraan, Pangkasalukuyan o Panghinaharap, Pautos, Negatibo, o kahit anong anyo.

Siya (Allah) ay lumikha ... + <b>خَلَقَ</b>	Panghalip na Paari	Blg.	Panauhan
<b>Siya ay nilikha siya.</b> خَلَقَهُ	<b>siya</b> هُ	<i>isa.</i>	<i>Ikatio</i>
<b>Siya ay nilikha sila.</b> خَلَقَهُمْ	<b>sila</b> هُمْ	<i>mar.</i>	



Siya ay nilikha ka.	خَلَقَكَ	ka	كَ	<i>isa.</i>	<i>Ikalawa</i>
Siya ay nilikha kayo.	خَلَقَكُمْ	kayo	كُمْ	<i>mar.</i>	
Siya ay nilikha ako.	خَلَقَنِي	ako	نِي	<i>isa.</i>	<i>Una</i>
Siya ay nilikha tayo.	خَلَقْنَا	tayo	نَا	<i>dal. Mar.</i>	

## Aralin 10: Surah Al-Ikhlās

T1: Isalin ang sumusunod.

أَحَدٌ ١	هُوَ	اللَّهُ	قُلْ
الصَّمَدُ ٢		اللَّهُ	
وَلَمْ يُولَدْ ٣		لَمْ يَلِدْهُ	
أَحَدٌ ٤		كُفُّوا	لَهُ
وَلَمْ يَكُنْ			

T2: Magsulat ng ilang mga pangungusap tungkol sa mga katangian ng Surah Al-Ikhlās?

Sag:

T3: Magsulat ng limang bagay tungkol sa Allah na nabanggit sa Surah na ito.

Sag:

T4: Paano tayo makakabuo ng pagmamahal sa Surah na ito?

Sag:

T5: Isalaysay ang kwento ng kasamahan ng Propeta (snak) na kinagiliwan ang Surah na ito.

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 10

**T1: (a) Gamit ang lahat ng Panghalip na Palagyo punan ang mga patlang katulad ng pagkakagawa sa unang hilera.**

Pagsasalin	خَلَقَ	ضمائر	عددBilang	Panauhan
<b>Siya ay nilikha siya</b>	خَلَقَهُ	هُوَ هِيَ	isa. واحد	<b>Ikatlo</b> غائب
		هُمْ هُنَّ	mar. جمع	
		لَكَ	isa. واحد	<b>Ikalawa</b> حاضر
		لَكُمْ	mar. جمع	
		لِي	isa. واحد	<b>Una</b> متكلم
		لَنَا	marl. جمع dal. مثني	

(b) Isulat nang dalawang beses ang فعل امر at فعل نهى at isulat ang kahulugan.

امر ونهي	امر ونهي	امر ونهي	Pagsasalin
لَا تَفْعَلْ			
افْعَلُوا			
لَا تَفْعَلُوا			
افْعَلْ			

<b>T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.</b>	
فَخَلَقَ	
لَا تَفْعَلْ هَذَا	
فَعَلَهُ	
وَأَفْعَلُوا الْخَيْرَ	
وَمَا فَعَلْتُهُ	

<b>T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.</b>	
Siya ay nilikha ako	
Siya ay hindi gumagawa	
At kami ay hindi gumawa	
Kaya huwag mo itong gawin	
Siya na lumikha sa iyo	

## 11. SURAH AL-FALAQ (Surah Blg. 113)

**Panimula:** Surah al-Falaq at Surah an-Nas, ang dalawang huling Surah ay itinuturo sa atin ang mga maiinam na pagdarasal upang maprotektahan ang ating mga sarili.

- Naging Sunnah ng Propeta (snak) ang pagbigkas sa tatlong huling Surah isang beses pagkatapos ng bawat Salah at tatlong beses pagkatapos ng Fajr at Maghrib
- Iniulat ni Ayesha (R) na bago matulog ay hinihipan ng Propeta (snak) ang kanyang mga kamay at binibigkas ang huling tatlong Surah at pagkatapos ay pinapadaan niya ang mga kamay sa kanyang buong katawan. [Bukhari at Muslim].

Sino sa atin ang nais magkaroon ng pagkalinga? Bawat isa! Kung gayon ay dapat nating makasanayan ang pagbigkas sa mga Surah na ito nang panayan. Nakakakuha tayo ng dalawang pakinabang sa pagsasagawa nito: (i) Nakakuha natin ang pagkalinga, at (ii) natatanggap natin ang gantimpala sa pagsunod sa Sunnah.

﴿أعوذ بالله من الشيطان الرجيم﴾ ﴿بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ﴾

قُلْ	أَعُوذُ	بِرَبِّ	الْفَلَقِ ﴿١﴾
<b>Magsabi,</b>	<b>ako ay nagpapakupkop</b>	<b>sa Panginoon</b>	<b>ng bukang liwayway</b>
	أَعُوذُ بِاللَّهِ	بِ + رَبِّ	فَلَقٌ : bukang liwayway
<b>Pagsasalin:</b> Magsabi, ako ay nagpapakupkop sa panginoon ng bukang liwayway.			

- Ang isang tao ay dapat palaging tandaan na siya ay napapalibutan ng mga pagsalakay ng masama araw at gabi kabilang na ang mga baktirya, gumagawa ng kapilyuhan, at mga mapanibughong tao.
- **Magpalagay:** Siya ang Rabb ng bukang liwayway. Pag-isipan at pag-aralan mo ang tungkol sa Araw, ang pinanggagalingan ng bukang liwayway, ang layo nito mula sa mundo, ang ikot ng mundo, atbp. At tantuin mo ang kadakilaan ng Allah habang binibigkas ito.
- Tantuin mo ang dalawang bagay na nabanggit habang binibigkas ito: Na ang Allah ay ang Rabb (nangangalaga sa lahat at tumutulong sa pag-unlad), at hinuhugot Niya ang araw mula sa kadiliman ng gabi. Ang kadiliman ay maaaring ihalintulad sa kasamaan at ang bukang liwayway ay tanda ng pagsagip.
- Inumpisahan ng Allah ang Surah sa “Magsabi”. Dapat nating bigkasin ang Surah na ito at ipahatid sa iba nang may karunungan at kabutihan, katulad ng ginawa ng Propeta Mohammad (snak).

29	2155		
مِنْ	شَرِّ	مَا	خَلَقَ ﴿٢﴾
<b>Mula</b>	<b>(sa) kasamaan</b>	<b>niyong mga</b>	<b>Kanyang nilikha;</b>
		Ano; hindi	خالق : Ang Maylikha
<b>Pagsasalin:</b> Mula sa kasamaan ng Kanyang mga nilikha;			

- Ang شَرِّ ay may dalawang kahulugan: kasamaan at pagpapakasakit. Ang ilang mga masasamang bagay ay mukhang mabuti ngunit ang katapusan nila ay pagpapakasakit. Samakatwid, sila ay masama.

- Hinihingi namin ang pagtatanggol ng Allah mula sa mga kasamaang Kanyang nilikha, alalaong baga’y, mula sa kasamaan ng Kanyang nilikha. Halimbawa, nilikha ng Allah ang mga tao upang sambahin Siya ngunit ang ilan sa kanila ay sinasaktan ang iba. Hinihiling namin sa Allah na ipagtanggol kami mula sa kasamaan ng ganoong mga tao.
- Gayon din ay hinihiling namin ang pagtatanggol ng Allah mula sa kasamaan ng mga nabubuhay at hindi nabubuhay na mga nilalang.
- Ang Allah ay Maylikha at ang nalalabi ay Kanyang mga nilikha. Humihingi tayo ng tulong mula sa kasamaan ng Kanyang mga nilikha kabilang na ang lahat-lahat. Gayunpaman, ang sumusunod na tatlong taludtod ay tumutukoy sa tatlong tiyak na kasamaan. Isang bagay na karaniwan sa tatlong ito (gabi, mahika, paninibugho)! Hindi natin matatanto kung ang mga kasamaang ito ay gumagana na laban na sa atin!

وَمِنْ شَرِّ			غَاسِقٍ	إِذَا	وَقَبٍ ﴿٣﴾
At mula sa kasamaan			(ng) kadiliman	kapag	ito ay nagiging napakatindi,
و	مِنْ	شَرِّ			وَقَبٍ : ito ay nagiging napakatindi
at	mula	kasamaan			إِذَا وَقَبٍ : ito ay naging napakatindi
<b>Pagsasalin:</b> At mula sa kasamaan ng kadiliman kapag ito ay nagiging napakatindi,					

- Pagkatapos ng bawat 12 oras ay ang pagdating ng gabi. Ang oras para sa pagtatrabaho ay tapos na at ang mga tao ay libre na. Ito ang oras kung kailan ang isipan ay madaling masuhulan ng kasamaan. Ang isip ng isang hungkag na tao ay pagawaan ng diyablo.
- Karamihan sa mga masasama, malalawsa, at imoral na gawain ay nangyayari sa gabi tulad ng mga hindi mabubuting palabas sa telebisyon, masasamang pagtitipon, masasamang mga pelikula, at iba pang masasama.
- Mas madali sa mga magnanakaw at kaaway na umatake sa gabi.
- Ang pagpupuyat ay masama din dahil pinapahirap nito ang pagbangon para sa Fajr. Lubusan din itong delikado para sa iyong kalusugan. Nawawala mo ang mga magagandang pagkakataon na magtrabaho sa umaga.

وَمِنْ شَرِّ	النَّفْسِ	فِي الْعُقَدِ ﴿٤﴾
At mula (sa) kasamaan	(ng) mga umiihip	sa mga buhol,
	نَفْسًا : siya na umiihip (pambabaeng kasarian) Ang maramihang anyo ng نَفْسًا ay نَفْسَاتٍ	عُقَدًا : buhol
<b>Pagsasalin:</b> At mula sa kasamaan ng mga umiihip sa mga buhol		

- Sa ibang mga pamilya kung saan hindi maganda ang kanilang relasyon, ang mga tao ay takot na bisitahin ang kanilang mga kamag-anak. Takot sila sa mahika at mga kasamaan na mula sa kanila. Itong Surah ang pinakamainam na gamot para sa lahat ng problema.
- Ang mahika at salamangka ay isang malaking pagsubok mula sa Allah. Kung wala silang matibay na pananalig sa Allah, maaari silang makagawa ng Shirk at gumawa ng mga hindi maka-Islam na gawain upang makahanap ng solusyon.
- Huwag mong kalimutan ang araw-araw na pag-ihip ng ating mga kaaway na nabubuhay kasama natin! Ang Propeta (snak) ay nagsabing, “Kapag ang isa sa inyo ay natutulog, ang Satan ay nagbubuhol ng tatlong tali sa likod ng kanyang leeg. Binibigkas niya ang orasyong ito sa bawat

buhol: ‘Mayroon kang mahabang gabi kaya matulog ka.’ Kung magiging siya at maaalala ang Allah, isang buhol ang luluwag. Kung isasagawa niya ang Wudoo, ang (ikalawang) buhol ay luluwag; at kung siya ay magdarasal, (lahat) ng buhol ay luluwag at masisimulan niya ang kanyang umaga nang masaya at presko; kung hindi naman ay babangon siyang masama at matamlay ang kondisyon. [Al-Bukhari at Muslim].

- Kung ikaw ay magpupuyat, binibigyan mo ng pagkakataon ang Shaitan na patulugin ka at ipalimot sa iyo ang Fajr.

وَمِنْ شَرِّ	حَاسِدٍ	إِذَا	حَسَدًا 5
<b>At mula sa kasamaan</b>	<b>(ng) naiinggit</b>	<b>kapag</b>	<b>siya ay naiinggit.</b>
	فَاعِل : taga-gawa حَاسِد : siya na naiinggit		حَسَد : siya ay naiinggit إِذَا حَسَد : kapag siya ay naiinggit
<b>Pagsasalin:</b> At mula sa kasamaan ng naiinggit kapag siya ay naiinggit.			

- Ang isang taong naninibugho ay susubukan kang saktan o sirain ang iyong reputasyon, trabaho, at pag-aari.
- Magdasal sa Allah na hindi tayo kailanman manibugho sa sino man at protektahan Niya tayo mula sa mga naninibugho sa atin. Ang Propeta (snak) ay nagsabing, “Mag-ingat sa inggit dahil ang inggit ay inuubos (sinisira) and kabutihan tulad nang pagtupok ng apoy sa kahoy,” o sinabi niyang “damo.” [Abu Dawud].

**BALARILA:** Ating pag-aralan ang pagbuo sa 3 anyo: فاعل، مفعول، فعل

<p>May panahon noon na ang mga Muslim ay nagbibigay ng kaalaman, sining, at teknolohiya sa mundo. Ngayon ay kabaligtaran na ang nangyayari dahil niwan natin ang Qur’an. Alalahaning “magbigay”.</p> <p>Kapag sinabi mong فَاعِل (taga-gawa), ipakita ito sa iyong kanang kamay na parang ikaw ang nagbibigay, alalaong baga’y, paggawa ng anumang mabuti. Pagbibigay ng barya bilang kawanggawa!</p> <p>Kapaag sinabi mong مَفْعُول (siya na naapektuhan), ipakita ito sa iyong kanang kamay na parang ikaw ay nakatanggap ng isang bagay. Pagtanggap ng barya sa iyong palad!</p> <p>Habang sinasabi mong فِعْل (gawin), itaas mo ang iyong nakakuyom na kanang kamay na parang ipinapakita mo ang kapangyarihan ng iyong kilos.</p>	<b>Tahas na pandiwari, balintiyak na pandiwari, at pandiwang makangalan</b>
	Taga-gawa. فَاعِل
	Siya na naapektuhan. مَفْعُول
	gawin, pagkilos فِعْل
	اِمْفَاعِلُون، فَاعِلِين
اِمْمَفْعُولُون، مَفْعُولِين	

Maglaan ng lima hanggang sampung minuto at siguraduhin mong makakabisado mo ang boung talahanayan ng فَعْل gamit ang TPI. Halos 19,000 salita (tinatayang 25%) sa Qur’an ang nabanggit sa ganitong paraan, alalaong baga’y, sa karaniwan ang bawat pang-apat na salita ng Qur’an ay may ganitong anyo.

Ang talahanayan ay maaaring mahusay na maituro sa apat na hakbang. (1) Ang guro at ang mga mag-aaral ay uulitin ang bawat salita na may kasamang kahulugan; (2) Sasabihin ng guro ang mga salitang Arabik at ang mga mag-aaral ang magbibigay ng kahulugan; (3) Sasabihin ng guro ang

mga salitang Arabik at uulitin iyon ng mga mag-aaral; (4) Sabay na sasabihin ng guro at ng mga mag-aaral ang mga salitang Arabik. Sa bawat hakbang, dapat gamitin ang TPI para sa mabisang pagkakatuto.

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 105 beses**

**فَعَلَ (ف)**

فَعَلَ ، يَفْعَلُ ، اِفْعَلُ		فِعْلٌ مُضَارِعٌ		فِعْلٌ مَاضِي			
		Siya ay gumagawa. gagawa.	يَفْعَلُ	Siya ay gumawa.	فَعَلَ		
نَهَى	أَمَرَ	Sila ay gumagawa. gagawa.	يَفْعَلُونَ	Sila ay gumawa.	فَعَلُوا		
Huwag mong gawin!	لا تَفْعَلْ	Gawin mo!	اِفْعَلْ	Ikaw ay gumawa.	فَعَلْتَ		
Huwag ninyong gawin!	لا تَفْعَلُوا	Gawin ninyo!	اِفْعَلُوا	Kayo ay gumawa.	فَعَلْتُمْ		
Taga-gawa : فَاعِلٌ		Ako ay gumagawa. gagawa.	أَفْعَلُ	Ako ay gumawa.	فَعَلْتُ		
		Siya na naapektuhan : مَفْعُولٌ		Kami ay gumagawa. gagawa.	نَفْعَلُ	Kami ay gumawa.	فَعَلْنَا
				Siya(babae) ay gumagawa. gagawa.	تَفْعَلُ	Siya(babae) ay gumawa.	فَعَلْتِ
Gawin, pagkilos: فِعْلٌ							

## Aralin 11: Surah Al-Falaq

T1: Isalin ang sumusunod.

الْفَلَقِ 1	بِرَبِّ	أَعُوذُ	قُلْ
خَلَقَ 2	مَا	مِنْ شَرِّ	
وَقَبَ 3	إِذَا	غَاسِقٍ	وَمِنْ شَرِّ
فِي الْعُقَدِ 4	النَّفْثِ	وَمِنْ شَرِّ	
إِذَا حَسَدَ 5	حَاسِدٍ	وَمِنْ شَرِّ	

T2: Alin-aling mga Surah ang binigkas ng ating Propeta (snak) pagkatapos ng bawat iniatas na Salah?

Sag:

T3: Alin-aling mga Surah ang binigkas ng ating Propeta (snak) bago matulog?

Sag:

T4: Sino ang umiihip sa buhol sa ating mga ulo tuwing gabi?

Sag:

T5: Ipaliwanag ang kahulugan ng “حسد.”

Sag:



## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 11

**T1: (a) Isalin sa Arabik ang mga salitang nasa ibaba.**

فعل مضارع	Pagsasalin	فعل ماضي	Pagsasalin	عدد	Panauhan
	<b>Siya ay gumagawa. gagawa.</b>		<b>Siya ay gumawa.</b>	واحد. isa.	<b>Iklatlo</b>
	<b>Sila ay gumagawa. gagawa.</b>		<b>Sila ay gumawa.</b>	جمع. mar.	غائب
	<b>Ikaw ay gumagawa. gagawa.</b>		<b>Ikaw ay gumawa.</b>	واحد. isa.	<b>Ikalawa</b>
	<b>Kayo ay gumagawa. gagawa.</b>		<b>Kayo ay gumawa.</b>	جمع. mar.	حاضر
	<b>Ako ay gumagawa. gagawa.</b>		<b>Ako ay gumawa.</b>	واحد. isa.	<b>Una</b>
	<b>Kami ay gumagawa. gagawa.</b>		<b>Kami ay gumawa.</b>	جمع. dal. مثلي	متكلم
	<b>Siya ay gumagawa. gagawa.</b>		<b>Siya ay gumawa.</b>	واحد مؤنث. isa.	غائب

**(b) Isulat ang iba't-ibang anyo ng mga sumusunod na pandiwa.**

Mga anyo: فَعَلٌ ، يَفْعَلُ ، اِفْعَلُ		Pagsasalin	فِعْلٌ مُضَارِعٍ	Pagsasalin	فِعْلٌ مَاضِي
		Siya ay gumagawa/gagawa	يَفْعَلُ	Siya ay gumawa	فَعَلٌ
Pagsasalin	نَهَى	Pagsasalin	أَمَرَ		
: Taga-gawa :Siya na ginagawan ng kilos :gawin					

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

وَمَا فَعَلُوهُ	
لَا يَفْعَلُونَ	
مَا فَعَلْتُمْ	
فَأَفْعَلُوا	
وَاسْتَغْفِرُهُ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik**

Hindi ko ginawa	
Kaya hindi ko gagawin	
Hindi mo ginagawa	
Hindi namin ginawa	
Hindi ninyo ginawa	

Pagkatapos makumpleto ang 12 aralin, ikaw ay matututo ng **70 bagong** salita, na nabanggit nang **29718** beses sa Qur'an.

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## 12. SURAH AN-NAAS (Surah Blg. 114)

Ito ang huling Surah ng Qur'an. Ang panimula sa Surah na ito ay ibinigay sa huling aralin.

﴿أعوذ بالله من الشيطان الرجيم﴾ ﴿بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ﴾

قُلْ	أَعُوذُ	بِرَبِّ	النَّاسِ
<b>Magsabi</b>	<b>ako ay nagpapakupkop</b>	<b>sa Panginoon (ng)</b>	<b>sangkatauhan</b>
	أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ	بِ + رَبِّ	إنسان: tao ناس : sangkatauhan
<b>Pagsasalin:</b> Magsabi, “Ako ay nagpapakupkop sa panginoon ng Sangkatauhan			

- Dapat muna nating mapagtanto na tayo ay tuloy-tuloy na nilulusob ni Satan na palaging kasama natin.
- **Magpalagay:** Ang Allah ay Rabb ng pitong bilyong mga taong nakatira sa mundo, isama pa ang mga namatay at ang mga darating pa sa hinaharap.
- Siya ang nagpapabagsak sa ulan, nagpapatubo sa mga pananim, nagpapanitili sa araw at mundo sa kani-kanilang ikutan, nagpapabago sa panahon, at lahat ng bagay para sa ating kaligtasan.
- Binabantayan Niya ang bawat selula at bawat *atom* ng bawat isa sa atin sa bawat Segundo. Siya ang panlahatang Rabb ng bawat isa. **Damhin** ang Kanyang kadakilaan habang binibigkas ito.
- Inumpisahan ng Allah ang Surah sa “Magsabi”. Dapat nating bigkasin ang Surah na ito at ipahatid sa iba nang may karunungan at kabutihan, katulad ng ginawa ng Propeta Mohammad (snak).

*14 مَلِكِ النَّاسِ	*34 إِلَهِ النَّاسِ
<b>Ang Hari ng Sangkatauhan,</b>	<b>ang Diyos ng Sangkatauhan</b>
<b>Pagsasalin:</b> Ang Hari ng Sangkatauhan, ang Diyos ng Sangkatauhan	

- Ang **مَلِكِ** at **مَلِكِ** ay hindi dapat na pinaghahalo! Ang salitang **مَلِكِ** ay nangangahulugang anghel (maramihan! : مَلَائِكَة). Ang mga salitang **مَلِكِ** at **مَلَائِكَة** ay nabanggit sa Qur'an nang 88 beses.
- **Magpalagay:** Siya ang tunay na Hari ng pitong bilyong taong nabubuhay ngayon. Pag-aari Niya ang lahat ng mayroon sila, kabilang na ang kanilang buhay at kamatayan. Gaano man nila Siya itanggi o kalimutan, tumatawag pa rin sila sa Kanya sa panahon ng kahirapan.
- **Makiusap:** O Allah! Tulungan Mo akong tanggapin ka bilang Hari at tanging Diyos sa aking mga pagpipilian sa araw-araw na buhay.
- **Maghalaga:** Kung hindi ko susundin ang Kanyang mga batas ay hindi ko Siya kinikilala bilang Hari sa aking mga gawain!
- **Maghalaga:** Kung hindi ko Siya susundin ay hindi ko Siya buong tinanggap bilang Diyos . Ilang beses kong sinunod ang aking mga hinahangad? Ayon sa Qur'an, ang pagsunod sa kagustuhan ay paglikha rito na isang diyos [45:23]. Ilang beses akong sumuko sa mga bulong ng Shaitan? Ayon sa Qur'an, ang pagsunod sa Shaitan ay katulad ng pagsamba sa kanya [23:60]. Bakit ako nakinig sa kanya? Dahil ba sa masamang kaibigan, telebisyon, *internet*?

4 <b>الْخَنَاسِ</b>		5 <b>الْوَسْوَاسِ</b>	6 <b>مِنْ شَرِّ</b>
<b>Mula (sa) kasamaan</b>		<b>(ng) bumubulong</b>	<b>siya na umuurong pagkatapos bumulong</b>
		Siya na palihim na naglalagay ng kung ano sa puso	Ngunit hindi siya tumitigil hanggang sa tayo ay mamatay
<b>Pagsasalin:</b> Mula sa kasamaan ng bumubulong, siya na umuurong pagkatapos bumulong			

- **Damhin** ang presensya ng ating pinakamasamang kaaway, Shaitan, at ang dalawang anghel na palagi nating kasama.
- Tantuin ang pagkapoot at paglusob ng Shaitan at taimtim na humiling sa Allah para sa Kanyang proteksyon.
- Alamin ang kahalagahan at kadakilaan ng Zikr (pag-alaala) ng Allah dahil pinapalayo nito ang Shaitan mula sa atin.

44 <b>التَّاسِ</b>		45 <b>فِي صُدُورِ</b>	46 <b>يُوسُوسِ</b>	47 <b>الَّذِي</b>	
<b>Siya</b>		<b>na bumubulong</b>		<b>sa mg dibdib</b>	<b>ng sangkatauhan</b>
Siya na <b>الَّذِي يَعْلَمُ بِالْقَلَمِ</b>		يُوسُوسِ bumubulong	وَسْوَاسِ Siya na bumubulong	صَدْرٍ : dibdib صُدُورٍ : mga dibdib	
<b>Pagsasalin:</b> Siya na bumubulong sa mga dibdib/puso ng sangkatauhan					

- Ang pagbulong ay palihim na paglalagay ng isang bagay sa puso.
- Ang Shaitan ay bumubulong sa dibdib dahil ang dibdib ay ang pasukan para sa ‘puso’. Katulad ito ng isang magnanakaw na pumapasok sa bukas na bahagi ng isang bahay.
- Kung ang puso ay ‘buhay’ at ‘matatag’ sa pamamagitan ng Zikr ng Allah, ang mga pabulong na paglusob ng Shaitan ay mabibigo at miserable siyang uorong. Kung hindi, ang tao ay mahuhulog sa kasalanan.
- Ang sabi ng Allah tungkol sa Qur’an: **شِفَاءٌ لِّمَا فِي الصُّدُورِ** (gamot para sa anumang nasa dibdib). Pinapagaling nito ang karamdaman sa kamangmangan, pag-aalinlangan, pagkukunwari, at paghahangad ng masasama.

32 <b>مِنْ الْجِنَّةِ</b>		33 <b>وَالنَّاسِ</b>
<b>Mula sa mga Jinn</b>		<b>at sangkatauhan.”</b>
<b>Pagsasalin:</b> Mula sa mga Jinn at sangkatauhan.”		

- Ang huling salita ng Qur’an ay (masasamang) mga tao, paalaala sa atin na magkaroon ng mga mabubuting kasamahan!

- Ang Propeta (snak) ay nagsabing ang bawat isa sa atin ay may kasamang Shaitan Jinn. Patuloy niya tayong inililigaw sa bawat posibleng pagkakataon.
- Sinu-sino ang mga Shaitan mula sa mga tao? Lahat ng mga taong kumikilos para sa Shaitan tuwiran man o hindi tuwiran, sila na inaakit tayo palayo sa Allah. Kasama na doon ang *media*, telebisyon, mga diyaryo at *magazine* na puno ng mga masasamang artikulo at programa. Maging ang mga lalaki at babae sa paligid natin na sa pamamagitan ng kanilang mga damit, pagsasalita, at kilos ay nagsisilbing kinatawan ng Shaitan. Hindi ba ang mundo ay puno ng ganitong mga tao? Nakikita mo na ba kung gaano kahalaga ng Surah na ito sa ating kaligtasan?
- Magpakupkop sa Allah muila sa mga masasamang nilalang na ito.
- **Magplano:** Subukan mong umiwas sa lahat ng mga masasamang programa, kagamitan, o kaibigan at gamitin mo ang iyong oras sa paggawa ng mabuti. Bukod sa paghingi sa tulong ng Allah, magsumikap bilang isang pangkat na lilikha ng malinis na kapaligirang malaya sa mga masasamang bagay.

**BALARILA:** Magsanay sa iba't-ibang anyo ng فَتَحَ at جَعَلَ. Subukan mo silang matutunan nang lubusan. Magsanay gamit ang TPI na may 4 na hakbang gaya ng ipinaliwanag sa huling aralin.

### Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 29 beses

#### فَتَحَ (ف)

فَتَحَ، يَفْتُحُ، افْتَحَ		فَعْلَمُضَارِع		فَعْلَمَاضِي	
		Siya ay nagbubukas magbubukas	يَفْتُحُ	Siya ay nagbukas	فَتَحَ
		Sila ay nagbubukas magbubukas	يَفْتُحُونَ	Sila ay nagbukas	فَتَحُوا
Huwag mong buksan!	Buksan mo!	Ikaw ay nagbubukas magbubukas	تَفْتُحُ	Ikaw ay nagbukas	فَتَحْتَ
Huwag ninyong buksan!	Buksan ninyo!	Kayo ay nagbubukas magbubukas	تَفْتُحُونَ	Kayo ay nagbukas	فَتَحْتُمْ
Ang nagbubukas: فَاتِحٌ		Ako ay nagbubukas magbubukas	أَفْتُحُ	Ako ay nagbukas	فَتَحْتُ
Ang pinagbukasan: مَفْتُوحٌ		Kami ay nagbubukas magbubukas	نَفْتُحُ	Kami ay nagbukas	فَتَحْنَا
magbukas/buksan: فَتْحٌ		Siya (babae) ay nagbubukas magbubukas	تَفْتُحُ	Siya (babae) ay nagbukas	فَتَحَتْ

### Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 346 na beses

#### جَعَلَ (ف)

جَعَلَ، يَجْعَلُ، اجْعَلُ		فَعْلَمُضَارِع		فَعْلَمَاضِي	
		Siya ay yumayari yayari	يَجْعَلُ	Siya ay yumari	جَعَلَ
		Sila ay yumayari yayari	يَجْعَلُونَ	Sila ay yumari	جَعَلُوا
Huwag kang yumari!	Yumari ka!	Ikaw ay yumayari yayari	تَجْعَلُ	Ikaw ay yumari	جَعَلْتَ
Huwag kayong kayong	Yumari kayo!	Kayo ay yumayari yayari	تَجْعَلُونَ	Kayo ay yumari	جَعَلْتُمْ

<b>yumari!</b>			
taga-yari : جَاعِلٌ	Ako ay yumayari yayari	أَجْعَلُ	Ako ay yumari جَعَلْتُ
Niyayari : مَجْعُولٌ	Kami ay yumayari yayari	نَجْعَلُ	Kami ay yumari جَعَلْنَا
Yumari : جَعَلٌ	Siya (babae) ay yumayari yayari	تَجْعَلُ	Siya (babae) ay yumari جَعَلَتْ

Magpalaganap	Makiusap
Magpalagay Makaramdam	
Magplano	Maghalaga

## Aralin 12: Surah An-Naas

T1: Isalin ang sumusunod.

إِلَهَ النَّاسِ 3	مَلِكِ النَّاسِ 2	بِرَبِّ النَّاسِ 1	قُلْ أَعُوذُ
الْخَنَّاسِ 4	الْوَسْوَاسِ 5	مِنْ شَرِّ	
النَّاسِ 5	فِي صُدُورِ	يُوسُوفِ	الَّذِي
وَالنَّاسِ 6	مِنَ الْجِنَّةِ		

T2: Ibigay ang mga kahulugan ng “ب” nang may kasamang mga halimbawa.

Sag:

T3: Ipaliwanag ang salitang شر.

Sag:

T4: Kailan bumubulong ang Shaitan?

Sag:

T5: Paano bumubulong ang mga masasamang tao?  
Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 12

**T1: Isulat ang iba't-ibang mga anyo ng mga sumusunod na pandiwa.**

Mga Anyo فَتَحَ ، يَفْتَحُ ، اِفْتَحَ		Pagsasalin فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin فِعْلٌ مَاضِي
		Siya ay magbubukas يَفْتَحُ	Siya ay nagbukas فَتَحَ
Pagsasalin نَهَى	Pagsasalin أَمَرَ		
<b>Taga-bukas</b>			
<b>Ang binuksan</b>			
<b>Magbukas/buksan</b>			

Mga Anyo جَعَلَ ، يَجْعَلُ ، اجْعَلْ		Pagsasalin فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalinn فِعْلٌ مَاضِي
		Siya ay yumayari/ yayari يَجْعَلُ	Siya ay yayari جَعَلَ
Pagsasalin نَهَى	Pagsasalin أَمَرَ		

<b>T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.</b>	
جَعَلْنَاكُمْ	
جَعَلْنَا	
وَاجْعَلْهُ	
تَفْتَحُونَ	
يَفْتَحُ	

<b>T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.</b>	
<b>Kami ang yumari</b>	
<b>Kaya niyari namin sila</b>	
<b>Siya ay niyari kayo</b>	
<b>Ikaw ay niyari sira</b>	
<b>Kami ay nagbukas</b>	

### 13. SURAH AL-KAFIROON (Surah Blg. 109)

Nang makita ng mga sumasamba sa maraming diyos sa Makkah na dumarami ang umaalis sa kanilang relihiyon at lumilipat sa Islam, nagbigay sila ng kasunduan. Sinabi nila sa Propeta (snak) na sasambahin nila ang Allah sa loob ng isang taon at sa susunod na taon ay ang Propeta (snak) naman ang sasamba sa kanilang mga diyos kasama na ang Allah. Bilang tugon, inihayag ng Allah itong Surah:

Ang Surah ay naglalaman ng napakahalagang mensahe. Sinasabi nito na hindi maaaring magkaroon ng kasunduan sa usapin ng pananampalataya.

- Madalas bigkasin ng Propeta (snak) ang Surah na ito at ang Surah Al-Ikhlaas sa mga Sunnah ng Fajr at maghrib [Musnad Ahmad, Tirmidhi, Nasai, at Ibn Majah].
- Ang Propeta (snak) ay pinayuhan ang kanyang mga kasamahan na bigkasin ito bago matulog: “Bigkasin ang Surah Al-Kafiroon upang makaiwas sa shirk (pagbibigay ng kapareha sa Allah).” [Abu Dawood].

﴿أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ﴾ بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ	يَا أَيُّهَا	الْكَافِرُونَ
<b>Magsabi,</b>	<b>O</b>	<b>mga hindi naniniwala!</b>
	يا، أَيُّهَا، يَا أَيُّهَا : O Nabanggit sa Qur'an nang 511 beses.	كافر : Isahan كافرون، كافرين : Maramihan
<b>Pagsasalin:</b> Magsabi, O mga hindi naniniwala!		

- Maging ang hindi Muslim ay hindi kafir! Maliban sa mga tumanggi sa mensahe pagkatapos itong matanggap at maintindihan. Tinawag ng Qur'an ang mga hindi Muslim bilang يَا أَيُّهَا النَّاسُ (O sangkatauhan!).
- Noong bata ka pa lamang at kapag may kinagagalitan ang iyong ama sa isa sa mga kapatid mo, hindi ba mas nagiging alisto at maingat ang ibang mga kapatid? Dito, ang Allah ay lubhang galit na galit sa mga hindi nananampalatayng nagpunta sa Propeta (snak). Hindi lamang sila hindi naniniwala dahil inanyayahan pa nila ang Propeta (snak) sa shirk. Ang naging pagtawag niyang “O mga hindi naniniwala!” ay dapat na magpaalala sa atin na huwag suwayin ang Allah at huwag gumawa ng kahit anong may pagkakatulad sa mga hindi naniniwala.
- Ano ang tunay na problema sa mga hindi naniniwala? Itinanggi nila ang katotohanan kahit pa ito ay kanilang nakilala dahil sa kanilang mga hangarin, sarili, kayamanan, katayuan, at tradisyon.
- **Du'aa:** O Allah! Huwag Mong hayaang itanggi ko ang katotohanan dahil sa aking sarili, mga hangarin, o katayuan.
- **Maghalaga:** Ilang beses kong itinanggi ang katotohanan o hindi ito tinanggap kaagad?
- **Magplano** na magsisi. Planuhing matanto ang kadakilaan ng Allah at sanayin ang sarili na sundin ang katotohanan.
- **Magpalaganap:** Lumikha ng kamalayan sa mga tao hinggil sa panganib na dulot ng pagsunod sa sarili at mga tradisyon.



<b>لَا أَعْبُدُ</b>	<b>مَا</b>	<b>تَعْبُدُونَ 2</b>
<b>Hindi ko sinasamba</b>	<b>ano</b>	<b>inyong sinasamba</b>
أَشْهَدُ : ako ay sumasaksi; أَعُوذُ : ako ay nagpapakupkop		تَفْعَلُونَ : inyong ginagawa
<b>Pagsasalin:</b> Hindi ko sinasamba ang anumang inyong sinasamba.		

- Ang Ibadah ay may tatlong kahulugan: (1) pagsamba; (2) pagsunod; at (3) pagkaalipin. Walang kompromiso sa alin man sa tatlong ito. Lahat ito ay para sa Allah lamang.
- Ngayon, may ilang mga hindi Muslim ang naninira sa Islam. Sa ganitong kapaligiran, kailangan mong sundin ang Islam nang walang kababaan ng pagtitiwala sa sarili. Dapat kang maging matatag sa iyong paniniwala at pasalamatang ang Allah para sa Islam.
- Tingnan mo yaong mga laban sa Islam bilang mga taong bulag at kumakain ng lason.

<b>وَلَا أَنْتُمْ</b>			<b>عِبُدُونَ</b>	<b>مَا</b>	<b>أَعْبُدُ 3</b>
<b>At hindi kayo</b>			<b>mga sumasamba</b>	<b>ano</b>	<b>aking sinsasamba</b>
و	لَا	أَنْتُمْ	عَابِدٍ : isahan		أَشْهَدُ : ako ay sumasaksi
at	hindi	kayo	عَابِدِينَ، عَابِدُونَ : maramihan		أَعُوذُ : ako ay nagpapakupkop
<b>Pagsasalin:</b> At hindi kayo sumasamba sa aking sinasamba.					

- Huwag kang magpapalinalang na sila ay sumasamba sa Allah. Ang pagsamba na may halong shirk ay hindi katanggap-tanggap sa Allah.
- Ang lahat ng mga relihiyon ay hindi pantay-pantay. Dapat nating ipakilala ang Islam sa pinakamabuti at pinakamatalinong paraan.

<b>وَلَا أَنَا</b>			<b>عَابِدٌ</b>	<b>مَا</b>	<b>عَبَدْتُمْ 4</b>
<b>At hindi ako</b>			<b>sumasamba</b>	<b>ano</b>	<b>Inyong sinamba</b>
و	لَا	أَنَا	فَاعِلٍ : taga-gawa		فَعَلْتُمْ : inyong ginawa
at	hindi	Ako	عَابِدٍ : sumasamba		عَبَدْتُمْ : inyong sinamba
<b>Pagsasalin:</b> At hindi ako sumasamba sa inyong sinamba.					

Ito ay mukhang inulit lamang ngunit hindi. May magkaibang mensahe sa dalawang taludtod.

- Hindi ako sasamba sa kanila ngayon (لا أعبد), at hindi ako sasamba sa kanila sa hinaharap (ولا أنا عابد).
- Hindi ko sasambahin ang inyong mga kasalukuyang anito (ما تعبدون), at hindi ko sasambahin ang inyong mga nakaraang anito (ما عبدتم).
- Walang kompromiso sa usapin ng panananampalataya. Hindi iyon dahil sa pagmamataas kung hindi dahil takot kami sa galit ng Allah.

<b>وَلَا أَنْتُمْ</b>			<b>عِبُدُونَ</b>	<b>مَا</b>	<b>أَعْبُدُ 5</b>
<b>At hindi kayo</b>			<b>Mga sumasamba</b>	<b>ano</b>	<b>Aking sinsasamba</b>



خَلَقَ، يَخْلُقُ، أُخْلِقُ		فِعْلٌ مُضَارِعٌ		فِعْلٌ مَاضِي	
		Siya ay lumilikha lilikha	يَخْلُقُ	Siya ay lumikha	خَلَقَ
نَهْيٌ	أَمْرٌ	Sila ay lumilikha lilikha	يَخْلُقُونَ	Sila ay lumikha	خَلَقُوا
Huwag kang lumikha!	Lumikha ka!	Ikaw ay lumilikha lilikha	تَخْلُقُ	Ikaw ay lumikha	خَلَقْتَ
Huwag kayong lumikha!	Lumikha Kayo!	Kayo ay lumilikha lilikha	تَخْلُقُونَ	Kayo ay lumikha	خَلَقْتُمْ
Lumikha (tao): خَالِقٌ ang nilikha: مَخْلُوقٌ		Ako ay lumilikha lilikha	أَخْلُقُ	Ako ay lumikha	خَلَقْتُ
		Kami ay lumilikha lilikha	نَخْلُقُ	Kami ay lumikha	خَلَقْنَا
likha, lumikha: خَلَقَ		Siya (babae) ay lumilikha lilikha	تَخْلُقُ	Siya (babae) ay lumikha	خَلَقَتْ

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 122 beses**

رَزَقَ (ن)

رَزَقَ، يَرْزُقُ، أَرْزُقُ		فِعْلٌ مُضَارِعٌ		فِعْلٌ مَاضِي	
		Siya ay tumutustos tutustos	يَرْزُقُ	Siya ay tumustos	رَزَقَ
نَهْيٌ	أَمْرٌ	Sila ay tumutustos tutustos	يَرْزُقُونَ	Sila ay tumustos	رَزَقُوا
Huwag kang tumustos!	Tumustos ka!	Ikaw tumutustos tutustos	تَرْزُقُ	Ikaw ay tumustos	رَزَقْتَ
Huwag kayong tumustos!	Tumustos kayo!	Kayo tumutustos tutustos	تَرْزُقُونَ	Kayo ay tumustos	رَزَقْتُمْ
Tumutustos (tao): رَازِقٌ ang tinutustusan: مَرَزُوقٌ		Ako tumutustos tutustos	أَرْزُقُ	Ako ay tumustos	رَزَقْتُ
		Kami tumutustos tutustos	نَرْزُقُ	Kami ay tumustos	رَزَقْنَا
panustos, tumustos: رَزَقَ		Siya (babae) tumutustos tutustos	تَرْزُقُ	Siya (babae) ay tumustos	رَزَقَتْ

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 163 beses**

ذَكَرَ (ن)

ذَكَرَ، يَذْكُرُ، أَدْكُرُ		فِعْلٌ مُضَارِعٌ		فِعْلٌ مَاضِي	
		Naaalala niya maaalala	يَذْكُرُ	Naalala niya	ذَكَرَ
نَهْيٌ	أَمْرٌ	Naaalala nila maaalala	يَذْكُرُونَ	Naalala nila	ذَكَرُوا
Huwag mong	Alalahanin mo!	Naaalala mo maaalala	تَذْكُرُ	Naalala mo	ذَكَرْتَ

<b>alalahanin!</b>			
<b>Huwag ninyong alalahanin!</b>	لا تَذْكُرُوا	<b>Alalahanin ninyo!</b>	أَذْكُرُوا
		<b>Naaalala niyo maaalala</b>	تَذْكُرُونَ
		<b>Naalala niyo</b>	ذَكَرْتُمْ
<b>nakakaalala (tao):</b>	ذَاكِرٌ	<b>Naaalala ko maaalala</b>	أَذْكُرُ
<b>ang inaalala:</b>	مَذْكُورٌ	<b>Naalala ko</b>	ذَكَرْتُ
		<b>Naaalala namin maaalala</b>	نَذْكُرُ
		<b>Naalala namin</b>	ذَكَرْنَا
<b>alaala, alalahanin:</b>	ذِكْرٌ	<b>Naaalala niya (babae) maaalala</b>	تَذْكُرُ
		<b>ni</b>	ذَكَرْتُ
		Magpalaganap	Makiusap
		Magpalagay	Makaramdam
		Magplano	Maghalaga

### Aralin 13: Surah Al-Kafiroon

T1: Isalin ang sumusunod.

قُلْ	يَا أَيُّهَا	الْكَافِرُونَ	1
لَا أَعْبُدُ	مَا	تَعْبُدُونَ	2
وَلَا أَنْتُمْ	عِبَادُونَ	مَا	3
وَلَا أَنَا	عَابِدٌ	مَا	4
وَلَا أَنْتُمْ	عِبَادُونَ	مَا	5
لَكُمْ	دِينُكُمْ	وَلِي	6

T2: Ang bawat hindi Muslim ba ay hindi naniniwala? Sino ang mga hindi naniniwala?

Sag:

T3: Sa tingin mo ba ang دِينِ وَلِي لَكُمْ دِينُكُمْ ay nangangahulugang dapat nating itigil ang pagpapalaganp ng Islam?

Sag:

T4: Saang (mga) Salah binigkas ng Propeta (snak) ang Surah na ito?

Sag:

T5: Anu-ano ang mga kabutihan ng pagbigkas sa Surah na ito gabi-gabi?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 13

**T1: Isulat ang iba't-ibang mga anyo ng mga sumusunod na pandiwa.**

Tumulong: نَصَرَ <sup>92</sup> (ن) نَصْرًا

Mga Anyo نَصَرَ، يَنْصُرُ، أَنْصُرُ		Pagsasalin فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin نَهَى	Pagsasalin أَمَرَ		

**Lumikha** <sup>248</sup> (ن) خَلَقَ

Mga Anyo خَلَقَ، يَخْلُقُ، أُخْلِقُ		Pagsasalin فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin نَهَى	Pagsasalin أَمَرَ		

Alalahanin : ذكر

ذَكَرَ<sup>163</sup> (ن)

Mga Anyo ذَكَرَ، يَذْكُرُ، اذْكُرْ		Pagsasalin	فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin	فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin	نَهَى	Pagsasalin	أَمَرَ		

Tumustos : رزق

رَزَقَ<sup>122</sup> (ن)

Mga Anyo رَزَقَ، يَرْزُقُ، أَرْزُقُ		Pagsasalin	فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin	فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin	نَهَى	Pagsasalin	أَمَرَ		

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

خَلَقَكُمْ وَرَزَقَكُمْ	
وَلَقَدْ نَصَرَكُمُ اللَّهُ	
مَنْ يَنْصُرُنِي	
فَاذْكُرُونِي	
أَذْكُرْكُمْ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

Ikaw ay tumulong sa akin	
Ako ay tumulong sa iyo	
Naalala niya ako	
Naalala ko siya	
Kaya tulungan mo kami	

## 14. MGA PANALANGIN PARA SA AZAAN AT WUDOO

### Tayo ay mag-umpisa muna sa Azan:

23	اللَّهُ كَبْرُ اللَّهِ كَبْرُ .
اللَّهُ كَبْرُ اللَّهِ كَبْرُ	اللَّهُ كَبْرُ اللَّهِ كَبْرُ .
<b>Ang Allah ay Pinakadakila</b>	<b>Ang Allah ay Pinakadakila</b>

- Pinkadakila ang Allah sa kapangyarihan, kamahalan, kaluwalhatian, kabutihan at lahat ng iba pang magagandang katangian.
- **Makiusap:** O Allah! Gabayan Mo ako upang matanggap Ka bilang pinakadalika sa aking buhay. Sa madaling salita, tulungan Mo akong sundin Ka sa halip na ang aking mga hangarin, pamilya, mga maling pinuno, o trasidyon
- Sa tawag ng Fajr, kapag narinig ko ang pagtawag at nanatili pa rin akong natutulog, sino ang aking sinunod? Sino ang tinanggap ko bilang pinakadakila? Ang Allah o ang aking kagustuhan? Maaari mo ring tingnan ang ibang bagay.

576	إِلَّا اللَّهُ (beses 2)	إِلَهَ	لَا	أَنَّ	أَشْهَدُ
<b>Ako ay sumasaksi</b>	<b>maliban sa Allah</b>	<b>Diyos</b>	<b>walang</b>	<b>na</b>	<b>Ako ay sumasaksi</b>
أَفْعَلُ : Ako ay gumagawa أُغْبِدُ : Ako ay sumasaksi	إِلَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ	Ang maramihang anyo ng آلِهَةَ ay إِلَهَ	مَا: hindi لَمْ: hindi (nakaraan); لَنْ: hindi (hinaharap)		
<b>Pagsasalin:</b> Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos maliban sa Allah.					

Ang salitang إِلَهَ ay may iba-ibang kahulugan: (1) siya na sinasamba; (2) siya na tumutugon sa ating mga pangangailangan; (3) siya na sinusunod. Walang ibang Diyos maliban sa Allah sa lahat ng tatlong kahulugan.

Ako ay sumasaksi ay nangangahulugang; ang aking mga salita at kilos, sa loob at labas ng bahay, sa opisina o pamilihan, ay nagpapakita na:

- Mahal ko ang Allah higit kanino man.
- Tanggap ko ang Allah bilang aking Tagapaglikha, Panginoon, Taga-alalay, Nagmamahal, at Pinuno sa buong sansinukob.
- Siya lamang ang aking sinasamba at sinusunod sa lahat ng aspeto ng aking buhay at hindi ang aking mga kagustuhan o ibang kautusan.
- Sa Kanya lamang ako humihingi ng tulong at nagtitiwala.

363	رَسُولًا لِلَّهِ (beses 2)	مُحَمَّدًا	أَنَّ	أَشْهَدُ
<b>Ako ay sumasaksi</b>	<b>ay Sugo ng Allah.</b>	<b>si Muhammad (snak)</b>	<b>na</b>	<b>Ako ay sumasaksi</b>
	رَسُول: sugo رُؤْسُل : mga sugo (96 na beses sa Qur'an)	مُحَمَّدًا: siya na palaging pinupuri	أَنَّ : na; أَنَّ : na	



**Pagsasalin:** Ako ay sumasaksi na si Muhammad (snak) ay sugo ng Allah.

Ako ay sumasaksi ay nangangahulugang; ang aking mga salita at kilos, sa loob at labas ng bahay, sa opisina o pamilyan, ay nagpapakita na:

- Mahal ko ang Allah at ang Kanyang sugo (snak) higit kanino man;
- Tinatanggap ko at sinusunod ang mga turo ng Propeta (snak) nang hindi nag-uusisa;
- Itinuturing ko ang Qur'an at Sunnah bilang batayan ng tama at mali;
- Hindi ko kailangan ng kahit anong ebidensya upang sundin ang mga turo ng propeta (snak); at
- Ang aking mga gusto at hindi gusto ay ginagabayan ng mga gusto at hindi gusto ng Propeta.

83		حَيَّ عَلَيَّ الصَّلَاةُ (beses 2)		حَيَّ عَلَيَّ الْفَلَاحُ (beses 2)	
<b>Halina sa</b>		<b>pagsamba.</b>		<b>Halina sa</b>	
حَيَّ	عَلَيَّ			حَيَّ	عَلَيَّ
Halina	sa			Halina	sa
<b>Pagsasalin:</b> Halina sa pagsamba.				<b>Pagsasalin:</b> Halina sa kasaganaan.	

- Ang mga salita ay “Halina sa Salah” at hindi “Mag-alay ng Salah kahit nasaan ka man”, alalaong baga’y, magpunta sa Masjid. Hinihiling ng Qur’an sa atin na itatag ang Salah sa pamamagitan ng pagdarasal kasama ang Imam at iba pang mga Muslim sa Jama’ah.
- Kung itatag natin ang Salah, ibibigay sa atin ng Allah ang lahat ng uri ng tagumpay at kasaganaan. Ang Salah ay isang ganap na paraan ng pag-alaala sa Allah.
- Magbibigay ito ng kapayaapan sa kaluluwa at isipan.
- Ang Salah ay nagbibigay din ng ilang pisikal na benepisyo katulad ng pagtulog nang maaga upang magising nang maaga para sa Fajr at pagiging mahusto sa oras.
- Sa usaping panlipunan, ang Salah ay tumutulong upang mapalapit tayo sa ating mga kaibigan, kapitbahay, at kamag-anak.
- Ang pinakamahalaga, makakamit natin ang walang-hanggang tagumpay sa kabilang-buhay, InshaAllah.

Isa sa mga dahilan nitong paalaala tungkol sa tagumpay ay sapagkat ang isang tao ay iniwasang dumulog sa Salah dahil iniisip niya na mawawalan siya ng mga makamundong pakinabang na may kinalaman sa trabaho kung siya ay magdarasal. Minsan ay kumikilos siya na parang isang hangal na naghahanap ng direksiyong kasalungat ng kung ano ang tunay.

اللَّهُ كَبْرُ اللَّهِ كَبْرُ .	لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ .
<b>Ang Allah ay Pinakadakila . Ang Allah ay Pinakadakila</b>	<b>Walang ibang Diyos maliban sa Allah</b>

- Ang Adhan ay nagtatapos sa umpisa nitong mga salita.
- Ang umpisang mensahe ay: Dumulog sa Salah habang isinasaisip ang kadakilaan ng Allah.
- Ang mensahe sa dulo ay: Kung hindi ka dudulog sa Salah, ikaw ang magiging talunan. Ang Allah ay mananatiling Pinakadakila at tanging karapat-dapat na sambahin. Kung ikaw ay dudulog, ikasisiya ka ng nag-iisang Pinakadakila at totoong Diyos, sa gayon ay makakamit mo ang totoong tagumpay.

**Panambitan Bago Umpisahan Ang Paghuhugas (Wudoo): بِسْمِ اللّٰهِ**

**Panambitan Matapos Ang Paghuhugas (Wudoo):**

40			
لَهُ ۙ	لَا شَرِيكَ	وَحْدَهُ ۙ	أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ
<b>Sa Kanya</b>	<b>walang kapareha</b>	<b>Siya ay nag-iisa</b>	<b>Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos maliban sa Allah.</b>
Para sa kanya, sa kanya	شُرْك : upang samahan siya ng kapareha: مُشْرِك ang gumagawa ng شُرْك	وَاحِد ، أَحَد ، تَوْحِيد	
<b>Pagsasalin:</b> Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos maliban sa Allah. Siya ay nag-iisa; wala Siyang kapareha.			

- Ang kaisahan ng Allah ay inulit-ulit dito kasama na ang hindi pagtanggap sa pagpapareha sa Allah. Ang pagbibigay-diin na ito ay mahalaga sapagkat hindi kailanman patatawarin ng Allah ang mga gumagawa ng شُرْك (Shirk), alalaong baga'y, pagbibigay ng kapareha sa Allah.
- Bigkasin ito habang isinasaisip ang mapanganib na kahihinatnan ng Shirk.

126*					
وَأَشْهَدُ	أَنَّ	مُحَمَّدًا	عَبْدُهُ ۙ	وَرَسُولُهُ ۙ	
<b>Ako ay sumasaksi</b>	<b>na</b>	<b>si Muhammad (snak)</b>	<b>ay Kanyang alipin</b>	<b>at Kanyang sugo.</b>	
Tandaan itong mga halimbawa: أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ : أَنْ أَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ : أَنْ			عَبْدُ اللَّهِ : alipin ng Allah	و	رَسُولُ
				at	sugo
					Niya
<b>Pagsasalin:</b> Ako ay sumasaksi na si Muhammad (snak) ay Kanyang alipin at Kanyang sugo.					

- Ang salitang “alipin” ay idinagdag dito. Ang mga naunang nasyon gaya ng mga Kristiyano ay itinaas ang kanilang Propeta (Isa A) sa antas ng Diyos sa pamamagitan ng pagkilala sa kanya bilang anak ng Allah. Ang Allah at ang Kanyang sugo na si Propeta Muhammad ay nais tayong maging ligtas mula sa ganoong Shirk. Kaya ang mga salitang ito ay ipinapaulit sa atin sa ating mga pagdarasal.
- Nilikha tayo ng Allah at tayo ay para sa Kanya. Pag-aari Niya tayo at lahat ng iba pa. Lahat tayo ay alipin ng Allah at dapat tayong mabuhay bilang mga tunay na alipin. Ang pinakamabuting alipin ng Allah ay si Propeta Muhammad (snak). Siya ay isang ehemplo para sa atin, kung paano dapat ang isang alipin.

اللَّهُمَّ		اجْعَلْنِي		مِنَ التَّوَابِينَ		وَاجْعَلْنِي		مِنَ الْمُتَطَهِّرِينَ		
<b>O Allah!</b>	<b>Yariin Mo ako</b>		<b>mula sa</b>	<b>kanila na mga nagsisi</b>		<b>at yariin Mo ako</b>		<b>mula sa</b>	<b>kanila na dinalisay ang mga sarili</b>	
	اجْعَلْ	نِي	تَوَّابٍ ← تَوَّابُونَ، تَوَّابِينَ			و	اجْعَلْ	نِي	مُتَطَهِّرُونَ ← مُتَطَهِّرِينَ	
	Yariin	ako				at	Yariin	ako		

	mo				mo	
<b>Pagsasalin:</b> O Allah! Yariin/gawin Mo akong mula sa kanila na mga nagsisi at yariin/ gawin mo akong mula sa kanila na dinalisay ang mga sarili.						

- Tayong mga tao ay muli't muling nagkakasala. Hindi natin ginagawa ang maraming bagay na dapat ay ginagawa natin at kung gagawin naman natin ito ay hindi natin ginagawa nang maayos. Dahil doon ay kailangan nating muli't muling magsisi.
- O Allah! Gawin Mong dalisay ang aming mga paniniwala, isip, katawan, kasuotan, at mga tahanan.

**BALARILA:** Sanayin ang 21 anyo ng كَفَرَ، دَخَلَ، at عَبَدَ. Gamitin ang TPI.

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 461 beses**

كَفَرَ (ن)

		فِعْلٌ مُضَارِعٌ	فِعْلٌ مَاضِيٌّ
كَفَرَ، يَكْفُرُ، أَكْفَرُ		Siya ay hindi naniniwala hindi maniniwala يَكْفُرُ	Siya ay hindi naniwala كَفَرَ
نَهَى	أَمَرَ	Sila ay hindi naniniwala hindi maniniwala يَكْفُرُونَ	Sila ay hindi naniwala كَفَرُوا
Huwag kang hindi maniwala! لَا تَكْفُرْ	Huwag kang maniwala! أَكْفُرْ	Ikaw ay hindi naniniwala hindi maniniwala تَكْفُرْ	Ikaw ay hindi naniwala كَفَرْتَ
Huwag kayong hindi maniwala! لَا تَكْفُرُوا	Huwag kayong maniwala! أَكْفُرُوا	Kayo ay hindi naniniwala hindi maniniwala تَكْفُرُونَ	Kayo ay hindi naniwala كَفَرْتُمْ
ang hindi naniniwala (tao) كَافِرٌ		Ako ay hindi naniniwala hindi maniniwala أَكْفُرُ	Ako ay hindi naniwala كَفَرْتُ
ang hindi pinaniniwalaan: مَكْفُورٌ		Kami ay hindi naniniwala hindi maniniwala نَكْفُرُ	Kami ay hindi naniwala كَفَرْنَا
kawalang-paniwala, hindi naniniwala: كُفْرٌ		Siya (babae) ay hindi naniniwala hindi maniniwala تَكْفُرُ	Siya (babae) ay hindi naniwala كَفَرَتْ

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 78**

beses دَخَلَ (ن)

		فِعْلٌ مُضَارِعٌ	فِعْلٌ مَاضِيٌّ
دَخَلَ، يَدْخُلُ، أَدْخُلُ		Siya ay pumapasok papasok يَدْخُلُ	Siya ay pumasok دَخَلَ

	نَهَى	أَمَرَ	Sila ay pumapasok papasok	يَدْخُلُونَ	Sila ay pumasok	دَخَلُوا
Huwag kang pumasok!	لَا تَدْخُلْ	Pumasok ka!	أَدْخُلْ	تَدْخُلْ	Ikaw ay pumasok	دَخَلْتَ
Huwag kayong pumasok!	لَا تَدْخُلُوا	Pumasok kayo!	أَدْخُلُوا	تَدْخُلُونَ	Kayo ay pumasok	دَخَلْتُمْ
ang pumapasok : دَاخِلٌ			Ako ay pumapasok papasok	أَدْخُلْ	Ako ay pumasok	دَخَلْتُ
ang pinapasok : مَدْخُولٌ			Kami ay pumapasok papasok	نَدْخُلْ	Kami ay pumasok	دَخَلْنَا
pumasok, pasukan: دُخُولٌ			Siya(babae) ay pumapasok papasok	تَدْخُلْ	Siya(babae) ay pumasok	دَخَلَتْ

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 143 beses (ن) عَبَدَ**

		فِعْلٌ مُضَارِعٌ		فِعْلٌ مَاضِيٌّ	
عَبَدَ، يَعْبُدُ، أُعْبِدُ		Siya ay sumasamba sasamba	يَعْبُدُ	Siya ay sumamba	عَبَدَ
	نَهَى	أَمَرَ	Sila ay sumasamba sasamba	يَعْبُدُونَ	Sila ay sumamba
Huwag kang sumamba!	لَا تَعْبُدْ	Sumamba ka!	أَعْبُدْ	تَعْبُدْ	Ikaw ay sumamba
Huwag kayong sumamba!	لَا تَعْبُدُوا	Sumamba kayo!	أَعْبُدُوا	تَعْبُدُونَ	Kayo ay sumamba
ang sumasamba: عَابِدٌ		Ako ay sumasamba sasamba		أَعْبُدْ	Ako ay sumamba
Ang sinasamba: مَعْبُودٌ		Kami ay sumasamba sasamba		نَعْبُدْ	Kami ay sumamba
pagsamba, sumamba: عِبَادَةٌ		Siya(babae) ay sumasamba sasamba		تَعْبُدْ	Siya(babae) ay sumamba

## Aralinn 14: Mga Panalangin para sa Azan at Wudoo

T1: Isalin ang sumusunod.

اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ			اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ		
اللَّهُ			اللَّهُ		
إِلَّا			إِلَّا		
أَنَّ			أَنَّ		
أَشْهَدُ			أَشْهَدُ		
رَسُولَ اللَّهِ			رَسُولَ اللَّهِ		
مُحَمَّدًا			مُحَمَّدًا		
أَنَّ			أَنَّ		
أَشْهَدُ			أَشْهَدُ		
حَيَّ عَلَى			حَيَّ عَلَى		
الصَّلَاةِ			الصَّلَاةِ		
حَيَّ عَلَى			حَيَّ عَلَى		
الْفَلَاحِ			الْفَلَاحِ		
اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ			اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ		
لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ			لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ		

### Panambitan Pagkatapos isagawa ang Wudoo

اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ			اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ		
اللَّهُ			اللَّهُ		
إِلَّا			إِلَّا		
أَنَّ			أَنَّ		
أَشْهَدُ			أَشْهَدُ		
رَسُولَهُ			رَسُولَهُ		
عَبْدَهُ			عَبْدَهُ		
مُحَمَّدًا			مُحَمَّدًا		
أَنَّ			أَنَّ		
وَأَشْهَدُ			وَأَشْهَدُ		
مِنَ الْمُتَطَهِّرِينَ			مِنَ الْمُتَطَهِّرِينَ		
وَاجْعَلْنِي			وَاجْعَلْنِي		
مِنَ التَّوَابِينَ			مِنَ التَّوَابِينَ		
اجْعَلْنِي			اجْعَلْنِي		
اللَّهُمَّ			اللَّهُمَّ		

T2: Paano natin madadala ang الله اكبر sa ating mga buhay?

Sag:

T3: Ano ang kahulugan ng Shahadah (Pagsaksi)?

Sag:

T4: Anu-ano ang mga kabutihan ng Salah dito sa mundo at sa kabilang-buhay?

Sag:

T5: Ano ang gantimpala sa pagbigkas ng panambitan pagkatapos ng Wudu?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 14

**T1: Isulat ang iba't-ibang mga anyo ng mga sumusunod na pandiwa.**

Ikaila: كَفَرَ: <sup>461</sup>(ن) كَفَرَ

Mga Anyo كَفَرَ، يَكْفُرُ، أَكْفُرُ		Pagsasalin فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin نَهَى	Pagsasalin أَمَرَ		

Pumasok: دَخَلَ: <sup>78</sup>(ن) دَخَلَ

Mga Anyo دَخَلَ، يَدْخُلُ، أَدْخُلُ		Pagsasalin فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin نَهَى	Pagsasalin أَمَرَ		

Sumamba: عِبَدٌ (ن) 143 عِبَدٌ

Mga Anyo عِبَدٌ، يَعْْبُدُ، أُعْبَدُ		Pagsasalin فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin نَهَى	Pagsasalin أَمَرَ		

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

فَاعْبُدُوهُ	
فَاعْبُدْهُ	
وَلَا تُكْفُرُوا	
وَقَدْ كَفَرْتُمْ	
وَمَنْ كَفَرَ	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

<b>Kami ay sumasamba</b>	
<b>Ikaw ay pumasok at ako ay pumasok</b>	
<b>Ako ay sumamba at hindi nagkaila</b>	
<b>Siya ay nagkaila at hindi sumamba</b>	
<b>Ako ay pumapasok</b>	



## 15. PANIMULANG PAGDARASAL, RUKU, AT SUJOOD

Pag-aralan natin ang panimulang pagdarasal sa Salah:

41*						
سُبْحَانَكَ	اللَّهُمَّ	وَبِحَمْدِكَ			وَتَبَارَكَ	اسْمُكَ
Ang niluluwalhati ay ikaw	O Allah!	at kasama ng Iyong puri			at pinagpala ang	Iyong pangalan
سُبْحَانَ اللَّهِ : ang Allah ay niluluwalhati سُبْحَانَكَ : Ikaw ay niluluwalhati		و	ب	حَمْدِكَ	بَارَكَ : Siya ay nagpapala تَبَارَكَ : Siya ay pinagpapala	اسْمُكَ : pangalan
		at	Kasama ng	Iyong puri		
<b>Pagsasalin:</b> Ang niluluwalhati ay Ikaw O Allah at kasama ng Iyong puri at pinagpala ang Iyong pangalan;						

- Ang tunay na kahulugan ng سُبْحَانَكَ ay: Ikaw ay dalisay. Ikaw ay malaya sa kakulangan, kakapusan, o pagkakamali.
- اللَّهُمَّ ay nangangahulugang: O Allah! Hindi Mo kailangan ng kahit na sinong kapareha; hindi Ka mahina; hindi Ka takot sa kahit na sino; hindi Ka napapagod, hindi Ka maniniil; hindi Mo kailangan ang tulong ng kahit na sino.
- سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ ay nangangahulugang: Anumang pagsubok ang ibigay Mo sa akin ay ayos lang. Wala akong karaingan laban sa Iyo. Kung palalakasin natin ang ganitong damdamin ay magkakaroon tayo ng pinakamalakas na positibong saloobin.
- حَمْدُ: Ang pagpuri at pagpapasalamat sa Kanya ay isa sa mga pangunahing haligi ng Islam. Maliban na lang kung isasagawa mo ang tunay na Tasbeeh, hindi mo talagang mapupuri ang Allah. Kung iniisip ma na ang Allah ay mahina o hindi ka Niya nabigyan ng sapat, hindi mo Siya talagang napuri.
- Ang tunay na حَمْدُ ang pundasyon ng pagtanaw ng utang na loob na isa pang importanteng aspeto ng matagumpay na buhay.
- تَبَارَكَ اسْمُكَ: Kahit paulit-ulit mong sabihin ang “mahusay na trabaho”, ang trabaho ay hindi mapapabuti. Ngunit kung magsisimula kang magtrabaho sa ngalan ng Allah, ibibigay Niya ang Kanyang tulong at pagpapala.
- Sa kabilang buhay, ang magtatagumpay lamang ay iyong mga taong tinanggap ang Kanyang pangalan.

23			
وَتَعَالَى	جَدُّكَ	وَلَا إِلَهَ	غَيْرُكَ
At ang mataas ay	ang Inyong Kamahalan;	at walang Diyos	maliban sa Iyo
<b>Pagsasalin:</b> At ang mataas ay ang Inyong Kamahalan; at walang ibang Diyos maliban sa Iyo.			

- Ang Inyong kamahalan ang pinakamataas. Ang sino man sa mundong ito, gaano man siya kamakapangyarihan, ano man siya, ang pinakamakapangyarihang pinuno o hari sa mundong ito, ay walang-walang sa Iyong harapan, O Allah!
- Ang pag-uulit sa Kanyang kaisahan at pagtatatuwa sa pagbibigay ng kapareha sa Kanya ay napakahalaga. Hindi kailanman patatawarin ng Allah ang Shirk. Isaisip ang mapanganib na kinahihinatnan ng Shirk habang binibigkas ito.

**Mga binibigkas habang yumuyukod (ذُكُوع):**

107		
سُبْحَانَ	رَبِّي	الْعَظِيمِ
<b>Ang luwalhati ay</b>	<b>sa aking Panginonn</b>	<b>ang Maringal</b>
<b>Pagsasalin:</b> Ang luwalhati ay sa aking Panginonn, ang Maringal.		

Subukan mong isipin at damhin ang apat na bagay na binanggit dito:

- Ang Allah ay Subhaan (basahin ang paliwanag na ibinigay kanina para sa Subhanak).
- Siya ang Rabb, alalaong baga'y, ang nag-aalaga sa atin at lahat ng nakapaligid sa atin. Siya ang nagmamahal, nagbibigay, at tumutustos sa lahat ng ating mga pangangailanagn. Siya ang kumukontrol sa bawat isa sa ating 100 bilyong selula sa bawat segundo ng ating buhay.
- Tinutukoy mo ang Allah sa pamamagitan ng pagsasabing: Aking Rabb. Kapag sinabi ng iyong ina na: “ang anak kong lalaki ay napakabuti” o “ang anak kong babae ay napakabuti” sa iyong harapan mismo, ano ang ipinapakita nito? Ipinapakita nito ang kanyang pagmamahal at pagsuyo! Sabihin mo nang may pagmamahal kapag isinasagawa mo ang Tasbeeh sa Rukoo.
- Siya ay maringal. Ang salitang عَظْم sa Arabik ay nangangahulugang buto. Kinakatawan nito ang lakas. Ang عَظِيم ay nangangahulugang Siya na Dakila at Malakas. Sinasabi natin ito habang yumuyukod at nagpapasakop sa Kanyang Kadakilaan at Lakas.

سَمِعَ اللَّهُ	لِمَنْ	حَمْدَهُ ۝	
<b>Ang Allah ay pinakikinggan</b>	<b>siya na</b>		<b>pumuri sa Kanya</b>
	لِ	مَنْ	حَمْدَ ۝
	Para, sa	Siya na	pumuri kanya
<b>Pagsasalin:</b> Ang Allah ay pinakikinggan siya na pumuri sa Kanya			

- Pinakikinggan ng Allah ang lahat. Ipinapakahulugan dito na binibigyan ng Allah ng natatanging pansin ang pumupuri sa Kanya.
- Hindi kailangan ng Allah ang ating papuri para sa kanya. Hindi Siya nakikinabang rito kahit kaunti. Hindi Siya nawawalan ng kahit ano kung hindi natin Siya pupurihin. Tayo lamang ang nakikinabang sa pagpuri sa Kanya.

رَبَّنَا	وَلَكَ	الْحَمْدُ
<b>Aming panginonn!</b>	<b>at sa Iyo</b>	<b>ang lahat ng papuri.</b>
<b>Pagsasalin:</b> Aming Panginonn. Ang lahat ng papuri ay sa Iyo.		

- Ang Hamd ay may dalawang kahulugan: Papuri at pasasalamat.

- Isipin at damhin ang Kanyang mga pinakamagagandang katangian: O Allah! Ikaw ang Pinakamahabagin, Pinakamakapangyarihan, Pinakamagaling na Maylikha, Pinakamagaling na Ilustrador, atbp., at purihin mo Siya mula sa kaibuturan ng iyong puso.
- Isipin at damhin mo ang mga kagandahang-loob Niya para sa iyo upang tunay mo Siyang mapasalaman.

**Mga binibigkas habang nagpapatirapa (سَجْدَة):** Ang pandiwang سَجَدَ ay nabanggit sa Qur'an nang 49 na beses sa magkakaibang anyo.

سُبْحَانَ رَبِّيَ	الْأَعْلَى
<b>Ang luwalhati ay mapasa-</b>	<b>ang Kataas-taasan.</b>
	كَبِير (malaki) أَكْبَر (mas malaki) الْأَكْبَر (ang pinakamalaki) صَغِير (maliit) أَصْغَر (mas maliit) الْأَصْغَر (ang pinakamaliit) عَلِي (mataas) أَعْلَى (mas mataas) الْأَعْلَى (ang pinakamataas)
<b>Pagsasalin:</b> Ang luwalhati ay mapasaaming Panginoon, ang Kataas-taasan.	

Ang Sajdah (pagpapatirapa) ay pagpapahayag ng lubos na pagpapasailalim sa Allah. Subukan mong isipin at damhin ang apat na bagay na binanggit dito. Magkatulad lamang sila habang binbanggit mo ang Rukoo maliban sa الْأَعْلَى (ang pinakamataas). Ako ang may pinakamababang posisyon sa mundong ito at ang aking Rabb ang pinakamataas sa Kanyang trono.

**Dalhin ang Tasbeeh sa iyong buhay:**

**Makiusap:** O Allah! Tulungan Mo akong tanggapin ang bawat pagsubok ng aking buhay at hindi maghinaing laban sa Iyo. Kailanman ay hindi mo dapat na sabihing: Bakit ito nangyari sa akin?

**Maghalaga:** Ilang beses akong nagreklamo tungkol sa aking kulay, ilong, mukha, pangangatawan, pamilya, panahon, bansa, atbp?

**Magplano:** Ang anumang gawin ng Allah ay walang-kapintasan. Ang sitwasyong kinalalagyan natin ay maaaring pagsubok at/o dahil sa ating mga pagkakamali. Dapat tayong magdasal sa Allah na tulungan tayong gawin ang makakaya natin sa anumang sitwasyong kinalalagyan natin o baguhin ito sa pinakamainam na paraan.

**Magpalaganap:** Palaganapin ang mensahe at tulungan ang mga tao na parating mapuri ang Allah at pasalamatan Siya.

**BALARILA:** Sanayin ang 21 anyo ng sumusunod na mga pandiwa:

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 58 beses**

صَرَبَ (ض)

	فَعْلَمَاضِي	فِعْلَمَاضِي
صَرَبَ، يَصْرِبُ، اِصْرَبْ	Hinahampas niya. hahampasin. يَصْرِبُ	Hinampas niya. صَرَبَ
نَهَى	أَمَرَ	Hinahampas nila. يَصْرِبُونَ
		Hinampas nila. صَرَبُوا

			<b>hahampasin.</b>				
<b>Huwag kang humampas!</b>	لَا تَضْرِبْ	<b>Humampas ka!</b>	اَضْرِبْ	<b>Hinahampas mo. hahampasin.</b>	تَضْرِبْ	<b>Hinampas mo.</b>	ضَرَبْتَ
<b>Huwag kayong humampas!</b>	لَا تَضْرِبُوا	<b>Humampas kayo!</b>	اَضْرِبُوا	<b>Hinahampas ninyo. hahampasin.</b>	تَضْرِبُونَ	<b>Hinampas ninyo.</b>	ضَرَبْتُمْ
ang humahampas: ضَارِب			<b>Hinahampas ko. hahampasin.</b>	اَضْرِبْ	<b>Hinampas ko.</b>	ضَرَبْتَ	
ang hinahampas: مَضْرُوب			<b>Hinahampas namin. hahampasin.</b>	نَضْرِبْ	<b>Hinampas namin.</b>	ضَرَبْنَا	
humampas, hampas: ضَرَبْ			<b>Hinahampas niya(babae). hahampasin.</b>	تَضْرِبْ	<b>Hinampas niya(babae).</b>	ضَرَبْتَ	

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 266 beses**

ظَلَمَ (ض)

		فِعْلٌ مُضَارِعٌ		فِعْلٌ مَاضِيٌّ	
ظَلَمَ، يَظْلِمُ، اِظْلَمَ		<b>Siya ay nagkakamali. magkakamali.</b>	يَظْلِمُ	<b>Siya ay nagkamali.</b>	ظَلَمَ
نَهْيٌ	أَمْرٌ	<b>Sila ay nagkakamali. magkakamali.</b>	يَظْلِمُونَ	<b>Sila ay nagkamali.</b>	ظَلَمُوا
<b>Huwag kang magkamali!</b>	لَا تَظْلِمْ	<b>Magkamali ka!</b>	اِظْلِمْ	<b>Ikaw ay nagkamali. magkakamali.</b>	تَظْلِمُ
<b>Huwag kayong magkamali!</b>	لَا تَظْلِمُوا	<b>Magkamali kayo!</b>	اِظْلِمُوا	<b>Kayo ay nagkamali. magkakamali.</b>	تَظْلِمُونَ
gumagawa ng mali: ظَالِمٌ		<b>Ako ay nagkakamali. magkakamali.</b>	أَظْلِمُ	<b>Ako ay nagkamali.</b>	ظَلَمْتُ
ginagawan ng mali: مَظْلُومٌ		<b>Kami ay nagkakamali. magkakamali.</b>	نَظْلِمُ	<b>Ako ay nagkamali.</b>	ظَلَمْنَا
magkamali: ظَلَمَ		<b>Siya(babae) ay nagkakamali. magkakamali.</b>	تَظْلِمُ	<b>Siya(babae) ay nagkamali.</b>	ظَلَمَتْ

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang 53 beses**

صَبَرَ (ض)


		فِعْلٌ مُضَارِعٌ		فِعْلٌ مَاضِيٌّ	
صَبَرَ، يَصْبِرُ، اِصْبِرْ		<b>Siya ay matiisin. magiging matiisin.</b>	يَصْبِرُ	<b>Siya ay naging matiisin.</b>	صَبَرَ
نَهْيٌ	أَمْرٌ	<b>Sila ay matiisin. magiging matiisin.</b>	يَصْبِرُونَ	<b>Sila ay naging matiisin.</b>	صَبَرُوا
<b>Huwag kang maging</b>	لَا تَصْبِرْ	<b>Magiging matiisin ka!</b>	اِصْبِرْ	<b>Ikaw ay matiisin. magiging matiisin.</b>	تَصْبِرُ
		<b>Ikaw ay matiisin. magiging matiisin.</b>	تَصْبِرُ	<b>Ikaw ay naging matiisin.</b>	صَبَرْتَ

<b>matiisin!</b>				
<b>Huwag kayong maging matiisin!</b>	لَا تَصْبِرُوا	<b>Maging matiisin kayo!</b>	اصْبِرُوا	<b>Kayo ay maging matiisin.</b>
<b>ang matiisin:</b> صَابِر		<b>Ako ay maging matiisin.</b>	أَصْبِر	<b>Kayo ay naging matiisin.</b>
Ang pandiwa na walang epekto sa iba, ang balintiyak na pandiwari nito (مفعول) ay hindi umiiral.		<b>Kami ay maging matiisin.</b>	نَصْبِر	<b>Ako ay naging matiisin.</b>
<b>Pagtitiis:</b> صَبِر		<b>Kami ay maging matiisin.</b>	نَصْبِر	<b>Kami ay naging matiisin.</b>
		<b>Siya(babae) ay maging matiisin.</b>	تَصْبِر	<b>Siya(babae) ay naging matiisin.</b>

**Ang iba't-ibang anyo ng pandiwang ito ay nabanggit sa Qur'an nang**

**95 beses** (غَفَرَ ض)

		فِعْلْمَضَارِع	فِعْلْمَاضِي
غَفَرَ، يَغْفِرُ، اغْفِرْ		<b>Siya ay nagpapatawad. magpapatawad.</b>	<b>Siya ay nagpatawad.</b>
نَهْي	أَمْر	<b>Sila ay nagpapatawad. magpapatawad.</b>	<b>Sila ay nagpatawad.</b>
<b>Huwag kang magpatawad!</b>	<b>Magpatawad ka!</b>	<b>Ikaw ay nagpapatawad. magpapatawad.</b>	<b>Ikaw ay nagpatawad.</b>
<b>Huwag kayong magpatawad!</b>	<b>Magpatawad kayo!</b>	<b>Kayo ay nagpapatawad. magpapatawad.</b>	<b>Kayo ay nagpatawad.</b>
<b>ang nagpapatawad:</b> غَافِر		<b>Ako ay nagpapatawad. magpapatawad.</b>	<b>Ako ay nagpatawad.</b>
<b>ang pinapatawad:</b> مَغْفُور		<b>Kami ay nagpapatawad. magpapatawad.</b>	<b>Kami ay nagpatawad.</b>
<b>magpatawad, pagpapatawad:</b> مَغْفِرَةٌ		<b>Siya(babae) ay nagpapatawad. magpapatawad.</b>	<b>Siya(babae) ay nagpatawad.</b>



## Aralin 15: Panimulang Pagdarasal, Rukoo, at Sujood

T1: Isalin ang sumusunod.

\*\*\*\*\* Sana \*\*\*\*\*

اسْمُكَ	وَتَبَارَكَ	وَبِحَمْدِكَ	اللَّهُمَّ	سُبْحَانَكَ
غَيْرِكَ	وَلَا إِلَهَ	جُدُّكَ	وَتَعَالَى	

\*\*\*\*\* Ruku \*\*\*\*\*

سُبْحَانَ	رَبِّي	الْعَظِيمِ

\*\*\*\*\* Sajda \*\*\*\*\*

سُبْحَانَ	رَبِّي	الْأَعْلَى

T2: Ano ang kahulugan ng “Ang pangalan ng Allah ay pinagpala”?

Sag:

T3: Ilan ang ating mga sinasabi sa Allah tuwing Rukoo?

Sag:

T4: Ilan ang ating mga sinasabi sa Allah tuwing Sajdah?

Sag:

T5: Anu-ano ang mga kahulugan ng سبحان?

Sag:

## Tanong pambalarila na may kinalaman sa Aralin 15

**T1: Isulat ang iba't-ibang mga anyo ng mga sumusunod na pandiwa.**

Magbigay ng Halimbawa <sup>58</sup>ضَرَبَ (ض)ضَرَبَ: Hinampas niya: ضَرَبَ مَثَلًا: ضَرَبَ، يَضْرِبُ، اِضْرَبْ Mga Anyo

Mga Anyo ضَرَبَ، يَضْرِبُ، اِضْرَبْ		Pagsasalin	فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin	فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin	نَهْيٌ	Pagsasalin	أَمْرٌ		

Siya ay nagkamali: ظَلَمَ: ظَلَمَ <sup>266</sup>(ض)ظَلَمَ

Mga Anyo ظَلَمَ، يَظْلِمُ، اِظْلَمِ		Pagsasalin	فِعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin	فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin	نَهْيٌ	Pagsasalin	أَمْرٌ		

Siya ay naging mapagtiis : صَبَرَ (ض) 53

Mga Anyo صَبَرَ، يَصْبِرُ، اصْبِرْ		Pagsasalin فَعْلٌ مُضَارِعٌ	Pagsasalin فِعْلٌ مَاضِي
Pagsasalin نَهْيٌ	Pagsasalin أَمْرٌ		

Siya ay nagpatawad : عَفَرَ (ض) 95

Mga Anyo عَفَرَ، يَغْفِرُ، اغْفِرْ			
Pagsasalin نَهْيٌ	Pagsasalin أَمْرٌ		

**T2: Paghiwalayin ang mga salitang Arabik at isulat ang kanilang kahulugan.**

فَاصِرِبُوا	
صَبِرْتُمْ	
فَعَفَرْنَا	
وَمَا ظَلَمْنَا هُمْ	
وَمَا ظَلَمُونَا	

**T3: Isalin ang mga sumusunod sa Arabik.**

<b>Huwag gumawa ng mali</b>	
<b>Siya ay nanghampas kaya siya ay nagkamali</b>	
<b>Maging mapagtiis kayo!</b>	
<b>Sila ay nagkamali</b>	
<b>Maging mapagtiis!</b>	



## 16. TASHAH-HUD

46							
التَّحِيَّاتُ		اللَّهِ		وَالصَّلَاةُ		وَالطَّيِّبَاتُ	
Lahat ng mga pagsamba ng dila		ay para sa Allah		at lahat ng mga pagsamba ng katawan		at lahat ng mga pagsamba sa pamamagitan ng paggasta sa kayamanan	
تَحِيَّةٌ (Isahan)		لِ	اللَّهِ	صَلْوَةٌ (Isahan)		طَيِّبَةٌ (Isahan)	
نَحِيَّاتٍ (Maramihan)		para Allah		صَلَوَاتٍ (Maramihan)		طَيِّبَاتٍ (Maramihan)	
<p><b>Pagsasalin:</b> Lahat ng mga pagsamba ng dila, katawan, at ng paggasta sa kayamanan ay para sa Allah.</p> <p><b>Ibang pagsasalin:</b> Lahat ng papuri ay para sa Allah at lahat ng mga pagdarasal at lahat ng mga dalisay na salita.</p>							

Minsan ang Propeta (snak) ay nagsabi na pitumpung libong mga tao ang papasok sa Jannah nang walang pinapanagutan o hindi pinaparusan. Pagkatapos ay inilarawan niya ang kanilang mga katangian. Kabilang sa mga bagay na kanyang sinabi ay nagtitiwala sila sa kanilang Rabb (Allah). Nang marinig ito, si 'Ukashah bin Mihsan(RA) ay tumayo at humiling: “Ipagdasal mo sa Allah na maging isa ako sa kanila.” Ang Propeta (snak) ay nagsabi, “Ikaw ay isa sa kanila.” Pagkatapos ay isang lalaki ulit ang tumayo at humingi ng parehong kahilingan. Ang Propeta (snak) ay sumagot, “Nadaig ka ni Ukashah.” [Al-Bukhari and Muslim].

- Ang Hadith na ito ay itinuturo sa atin na sa sandaling makarinig tayo ng kahit anong mabuti, hilingin ito sa Allah, kung hindi ay may ibang makakakuha ng pagkakataong iyon.
- **Makiusap:** O Allah! Tulungan mo akong makasali sa tatlong pagsamba na binanggit sa taas.
- **Maghalaga:** Paano ko ginagamit ang aking dila, utak, katalinuhan, at ang pinakamahalaga, saan ko ginagasta ang aking kayamanan?

42		75					
السَّلَامُ		أَيُّهَا النَّبِيُّ		وَرَحْمَتُ اللَّهِ		وَبَرَكَاتُهُ	
Ang kapayapaan	ay mapasaiyo	O Propeta	at ang habag ng Allah			at ang Kanyang mga pagpapala	
Pangkalahatang gamit: السَّلَامُ عَلَيْكُمْ		نَّبِيُّونَ، نَبِيِّنَ، أَنْبِيَاءَ	وَ	رَحْمَتُ	اللَّهِ	وَ	بَرَكَاتُ
		Mga Propeta	at	habag	Allah	at	mga pagpapala
			: palaging mahabagin رَحِيمٍ			maramihan ng بَرَكَاتٍ ay بَرَكَاتٍ	
<p><b>Pagsasalin:</b> Ang kapayapaan ay mapasaiyo O Propeta at ang habag ng Allah at ang <b>Kanyang</b> mga pagpapala</p>							

Sino ang nagsagawa ng tatlong pagsamba (ng dila, katawan, at paggugol) sa pinakaimainam na paraan? Tiyak na ang Propeta Muhammad (snak). Itinuro niya sa atin kung anu-ano ang mga iyon at kung paano gagawin iyon. Dahil dito, nagdarasal tayo ng tatlong bagay para sa kanya: kapayapaan, habag, at mga pagpapala ng Allah.

الصَّالِحِينَ	عِبَادِ اللَّهِ	وَعَلَى	عَلَيْنَا	السَّلَامُ
<b>ang mga matutuwid</b>	<b>mga alipin ng Allah</b>	<b>at sa</b>	<b>ay mapasaamin</b>	<b>Ang kapayapaan</b>
صَالِحٍ ← صَالِحُونَ، صَالِحِينَ	عِبَادُ اللَّهِ : alipin ng Allah عِبَادُ اللَّهِ : mga alipin ng Allah	عَلَى و	نَا amin	عَلَى sa
<b>Pagsasalin:</b> Ang kapayapaan ay mapasaamin at sa lahat ng mga matutuwid na alipin ng Allah.				

- Sino ang nakatanggap sa mga kagandahang-loob ng Allah? (1) Mga Propeta; (2) Mga matatapat na tao (Siddiqueen); (3) Mga martir; at (4) mga Matutuwid (Saliheen)
- Ang panalangin para sa kapayapaan ay para sa Propeta (snak), kasunod ay para sa atin, at pagkatapos ay para sa mga Matutuwid. Para sa Propeta at para sa mga matutuwid na tao, InshaAllah, ang panambitan ay masasagot. Nasa pagitan tayo ng dalawang pangkat na ito sa pagsisimba, at tayo ay umaasa na maipagkaloob din sa atin ng Allah ang kapayapaan.
- Tandaan, ipinagkaloob ng Allah ang kanyang habag sa mga karapat-dapat, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mabuti at paghingi ng habag, tulad ng mga matutuwid na tao.

اللَّهُ	إِلَّا	لَا إِلَهَ	أَنَّ	أَشْهَدُ
